



# Mensahe Sa Huling Kapanahunan

*"Mga Nahayag na Lihim ng Biblia para sa Ikalalago ng mga Mananampalataya ng Diyos sa Huling Mga Araw"*

Ptr Ronnie Millevo

# Mga Nilalaman
(Table of Contents)


1 Ang Dakilang Pag-ibig ng Diyos sa Kanyang Mga Hinirang

15 Ang Kahalagahan ng Bautismo sa Tubig sa Pangalan ni JesusCristo

22 Kilala Mo Na Ba Ng Lubusan Ang Diyos na Iyong Pinaglilingkuran?

35 Mansanas Nga Ba Ang Naging Sanhi ng Pagkakasala ng Tao?

48 Sa Sekta't Relihiyon, May Kaligtasan Ba?

65 Ang Pag-agaw Sa Nobya Ni Cristo At Ang Katapusan Ng Daigdig

78 Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesyang Gentil

96 Ang Mensaherong Propeta Ng Diyos Sa Huling Kapanahunan

115 Ang Kapahayagan ng Aklat na May Pitong tatak

141 Revelation Explosion Seminars



Second Printing, 2017.


All rights reserved.


www.endtimemessage.info



Ang aklat na ito ay inilathala ng ***The Spoken Word Christian Assembly,*** na may tanggapan sa #58 Sammar1 Street corner Luzon Avenue, Old Balara, Quezon City, Philippines, sa pangangasiwa ni ***Pastor Ronnie Millevo***. Sa sinumang nagnanais na magkaroon ng iba pang mga babasahin na katulad nito ay maaring sumulat sa naturang address, o mag-text sa **0919-3681887**, o kaya'y tumawag sa **7349607** o **4563857**, o mag-email sa ***ronmillevo@yahoo.com*** at pasyalan ang aming website sa ***www.endtimemessage.info.***

# Ang Dakilang Pag-ibig ng Diyos sa Kanyang Mga Hinirang

Naranasan mo na ba ang pag-ibig ng Diyos? Ikaw ba ay naniniwalang mayroong Diyos na dumirinig sa iyong mga panalangin?



Isang patunay na totoong buhay ang Diyos ay ang Kanyang sangnilikha. Ang pag-iral ng mundo ay nagpapatunay na mayroong Diyos. Ang kaayusan ng pagsikat ng araw at ang puglubog nito sa araw-araw, ang pag-ikot ng mga planeta sa kalawakan, at ang buhay at hininga na ipinagkaloob ng Diyos sa tao, hayop at mga halaman, ang mga ito'y nagpapatunay na buhay nga ang ating Diyos.

Ayon sa Banal na Kasulatan, kailangan nating tanggapin ang katotohanang buhay ang Diyos. Sa Hebreo 11:6 nasusulat, "*At hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa Kanya. Sapagka't ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat maniwalang may Diyos, at Siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga humahanap sa Kanya.*"

Nais ng Diyos na magpakumbaba tayo sa Kanyang harapan. Ito ang winika ng Panginoon sa Jeremias 9:23-24, *"Huwag magmapuri ang pantas sa kanyang karunungan, o magmapuri man ang maykapangyarihan sa kanyang kapangyarihan, ni huwag magmapuri ang mayaman sa kanyang kayamanan; kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati: na kanyang nauunawa at kanyang nakikilala Ako, na Ako*





*ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan at katuwiran; sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod Ako', sabi ng Panginoon".*

## KILALA KA NG DIYOS

Sa gitna ng labis na kahirapan, pagsubok, at kabiguan sa buhay ngayon, madalas na ang karaniwang tao ay nagtatanong, "Mahal nga ba kaya ako ng Diyos? At kung sadyang mahal nga ako ng Diyos, bakit naman kaya Niya pinahihintulutang maganap ang kabiguan, ang karalitaan, ang pagdurusa o ang karamdaman sa aking buhay? Samantalang kung loloobin naman ng Diyos ay maaari Niyang ipagkaloob sa akin ang kariwasaan at kasaganaan sa buhay."

Ganito ang katanungang madalas na bumabagabag sa bawat taong sadyang naghahanap ng totoong kasagutan sa tunay na kahulugan ng buhay ngayon. Atin nga pong alamin ang katugunan ng Biblia ukol sa mga katanungang ito.

Sinabi ng Panginoon Sa Jeremias 29:11, "*Sapagka't nalalaman Ko ang mga pag-iisip na Aking iniisip sa inyo*", sabi ng Panginoon, "*mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pag-asa sa inyong huling kawakasan.*"

Sinabi rin ni Jesus sa Mateo 6:25-27,34,~"*Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin, kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin. Hindi baga mahigit pa ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit? Masdan ninyo ang mga ibon sa langit, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas, ni nangagtitipon man sa bangan, subali't sila'y pinapakain ng inyong Amang nasa kalangitan. Hindi baga lalong higit ang halaga ninyo kaysa kanila? At sino sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kanyang buhay? Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang araw ng*

*bukas: sapagka't ang araw ng bukas ay mababalisa sa kanyang sarili.*"

Batid ng Diyos ang kalalagayan ng bawat nilalang dito sa lupa, maging ang dinaranas nating pagdurusa, hirap o pagsubok man, lahat ng ito'y Kanya nang nalalaman. Kaya lamang ipinahintulot ng Diyos ang mga bagay na ito upang ang tao ay mapalapit Niya sa Kanyang banal na presensya. Kinailangang mapagtanto ng tao na nasa Diyos ang katugunan sa lahat ng ating mga pangangailangan.

"*Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papagpapahingahin*", wika ni Jesus sa Mateo 11:28.

*"Ako ang Puno ng ubas, kayo ang mga sanga: ang nananatili sa Akin, at Ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa. Kung ang sinoman ay hindi manatili sa Akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at sila'y titipunin at ihahagis sa apoy, at mangasusunog. Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang mga salita Ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin ito sa inyo*" (Juan 15:5-7).

## SI JESUS ANG KATUGUNAN

Nais mo bang magkaroon o makaranas ng higit pang kapayapaan, kagalakan, kaligayahan, pag-ibig, kapanatagan at katagumpayan?

Iniaalok ni Jesus sa iyo ang isang relasyon na magbibigay sa iyo ng lahat ng ito. Si Jesus ang daan tungo sa buhay. At ang magandang balita ay ito: Iniibig ka Niya at ibinigay Niya ang Kanyang buhay sa krus upang matubos ka Niya! *"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan*" (Juan 3:16).





Anong uri ng buhay ang pinagdadaanan mo ngayon? Ikaw ba ay dumadaan sa pagkakasala, kalituhan, kaguluhan, kahirapan, kalungkutan, sakit, kapaguran, galit, at kawalan ng pag-ibig at kawalang kabuluhan? Sadyang mahirap ang buhay kung wala si Cristo! Si Satanas at ang kasalanang dulot niya sa buhay mo ang siyang dahilan ng lahat ng ito!

"*Ang lahat ng Aking iniibig, ay Aking sinasaway at pinapalo: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. Narito Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng Aking tinig at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kanya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo Ko*," ito ang paanyaya sa iyo ni Jesus ngayon (Apocalipsis 3:19-20).

Tanging sa pamamagitan lamang ni Jesus makararanas ang tao ng kapatawaran, pagmamahal, kapayapaan at kagalakan na nagmumula sa Panginoon. "*At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang Pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas*" (Gawa 4:12). "*Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makapaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko*", ang sabi ni Jesus sa Juan 14:6.

Ang personal na pakikipagrelasyon sa Anak ng Diyos ang magbibigay sa iyo ng kaligtasan, kapayapaan at buhay na walang hanggan. Kailangan mo Siyang tanggapin sa buhay mo upang ika'y lubusang maging anak ng Diyos. Kailangan mong manampalataya at magtiwala sa Kanya, ayon sa Mateo 22:37-39. Sinabing muli ni Jesus, "*Ako ang ilaw ng sanlibutan; ang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan*" (Juan 8:12).

## HINDI KA PAPABAYAAN NG DIYOS

Kung ikaw nga ay tunay na anak ng Diyos, kailanman ay hindi ka Niya maaaring pabayaan. Ikaw ay nasa ekonomiya ng Diyos. Maaaring maipahintulot ng Diyos sa iyo na dumaan ka

sa iilang mga pagsubok sa buhay (gaya ng nangyari kay *Job*), subali't ang lahat ng ito'y pansamantala lamang at ang mga ito'y para sa iyong ikasasakdal. "*At nalalaman natin na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti niyaong mga nagsisiibig sa Diyos, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa Kanyang nasa.*" (Roma 8:28).

Kinakailangang tibayan mo lamang ang iyong loob at manampalataya ka sa Panginoon dahil hinding-hindi ka Niya bibiguin. Kung ika'y lalapit sa Kanya at isusuko mo ang buhay mo kay Jesus, ay ipagkakaloob Niya sa iyo ang karampatang lakas at biyaya upang mapagtagumpayan mo ang lahat ng mga pagsubok sa iyong buhay.

"*Na ito ay inyong totoong ikagalak, bagama't ngayo'y sa sandaling panahon ay pinalulumbay kayo sa muli't muling pagsubok, upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira, bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Jesucristo.*" (1 Pedro 1:6-7)

Kung ang Diyos nga mismo ay natiis Niyang maghirap at mabayubay sa Krus ng Kalbaryo ang bugtong Niyang Anak na si Jesus Cristo at natiis Niyang Siya ay humantong sa kamatayan upang matubos lamang tayo at mapatawad sa ating mga kasalanan, anupa't ipinangako rin Niya na sasamahan Niya tayo at kukupkupin sa gitna ng mga pagsubok, hanggang sa kaduluduluhan ng panahon. Hebreo 13:5 ~ "…*Sapagka't Siya rin ang nagsabi, sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan.*" "*Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan.*" (Lucas 11:10).

## NALALAMAN NG DIYOS ANG LAHAT NG BAGAY

Dahil sa Kanyang walang hanggang karunungan,



nakikilala na ng Diyos ang bawat taong iluluwal sa lupa bago pa man sila isinilang, at ang kanilang mga pangalan ay Kanyang naitala sa Aklat ng Buhay. Opo. Ito po'y pinatotohanan ni Haring David sa Mga Awit 139:1-4, 13, 14, na sinabing: "*Oh Panginoon, iyong siniyasat ako, at nakilala ako. Iyong nakikilala ang aking pag-upo at ang aking pagtayo, iyong inuunawa ang aking pag-iisip sa malayo. Iyong siniyasat ang aking landas at ang aking higaan, at Iyong nalalaman ang lahat kong mga lakad. Sapagka't wala pa ang salita sa aking dila, nguni't, narito, Oh Panginoon, natatalastas mo nang buo. Sapagka't Iyong inanyuan ang aking mga lamang loob: Iyo akong tinakpan sa bahay-bata ng aking ina. Ako'y magpapasalamat sa Iyo; sapagka't nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas: kagila-gilalas ang Iyong mga gawa; at nalalamang mabuti ng aking kaluluwa.*"

Sadyang walang limitasyon ang kapangyarihan ng Diyos. Ayon sa Biblia, Kanyang napapakinggan ang bawat panalangin ng mga tao bago pa man nila sambitin ang mga ito (Isaias 65:24). Maging ang bilang ng buhok sa ating mga ulo ay talastas na ring lahat ng Diyos, ayon sa Mateo 10:30. At sinasabi rin sa Isaias 49:16 na iniukit mandin ng Diyos ang ating mga pangalan sa Kanyang palad. Ang Panginoong Diyos ay tinagurian ding "Alpa at Omega", ang siyang "Pasimula at Wakas, at siyang Una at Huli", (Apocalipsis 1:8) kung kaya't natatalastas Niya ang lahat ng mga bagay na nagdaan, ang mga bagay na pangkasalukuyan at maging ang mga bagay na magaganap sa hinaharap.

## MAY MGA HINIRANG ANG DIYOS

May mga hinirang o pinili (*elect*) ang Diyos, kung kanino Niya inilaan ang Kanyang katubusan. Wala pang langit at lupa na nalikha, ay mayroon na Siyang hinirang upang Kanyang pagkalooban ang mga ito ng buhay na walang hanggan. Opo. Ito ay pinatutunayan sa Efeso 1:4-6 na nagsasabing:

"*Ayon sa pagkapili Niya sa atin sa Kaniya bago itinatag*

*ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig: Na tayo ay 'itinalaga' Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni JesuCristo sa ganang Kanya, ayon sa minagaling ng Kanyang kalooban.*"

Kung ikaw ay kabilang sa mga hinirang ng Diyos, ang iyong pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa lalangin ang sanlibutan at kasama ka sa plano ng katubusan ng Diyos at sa Pag-agaw ni Cristo. Hindi kumpleto ang Diyos kung wala ka sa piling Niya kung kaya't hinahanap ka Niya ngayon upang makapanumbalik ka sa Kanyang kawan. Ikaw ay isa sa Kanyang mga tupang naliligaw.

"*Sapagka't yaong mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, ay 'itinalaga' naman Niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid: At yaong mga 'itinalaga' Niya ay Kanyang tinawag naman, at ang mga tinawag Niya ay inaring-ganap naman Niya, at ang mga inaring-ganap Niya ay niluwalhati naman Niya*" (Roma 8:29-30).

Kung ikaw ay hinirang ng Diyos, kusang-loob mong tatanggapin ang kaligtasang inilaan ng Diyos para sa iyo. Kung ikaw ay pinili ng Diyos, pakikinggan mo ang Kanyang tinig sa iyong kapanahunan. Kapag iyong tinanggap si Jesus bilang Panginoon mo at Tagapagligtas, papawiin Niya ang lahat ng iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo, sapagka't tanging ang dugo lamang ng Cordero ang nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan. Wala nang maaari pang isisi sa iyo ang Diyos sa araw ng paghatol kapag si Jesus ay tinanggap mo sapagka't Siya na ang naging kahalili mo. Si Cristo na ang tumanggap ng kaparusahang nararapat na ipataw sa iyo bilang kabayaran ng iyong mga kasalanan. Opo. Iyan po ang pinakabuod ng Biblia.

"*Nguni't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan,*





*ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kaniya; at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo*" (Isaias 53:5). Sa Roma 8:1 nasusulat din, "*Ngayon nga'y wala nang anomang hatol pa sa mga na kay Cristo Jesus*".

## MAHALAGA ANG IYONG KALULUWA

Maaaring ikaw ngayon ay nabubuhay sa pansarili lamang. At maaaring inaakala mo na hindi mo kailangan ang Diyos sa buhay mo sa kadahilanang ikaw naman ay maunlad, sagana sa material o pinansiyal na mga bagay, sikat, o maaaring may katungkulan ka sa lipunan. Subali't alalahanin mong hindi sapat ang kayamanan o katanyagan para maligtas ang isang tao. "*Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan man niya ang buong sanglibutan at mapahamak naman ang kanyang kaluluwa? O ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang kaluluwa?*"(Mateo 16:26).

Pakaalalahanin mo ang nangyari sa mayamang binatang pinuno na lumapit kay Jesus sa Mateo 19:16-24, kung saan siya'y nagtanong kung papaano niya matatanggap ang buhay na walang hanggan:

"*Sinabi sa kanya ni Jesus, Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin." Datapuwa't nang marinig ng binata ang ganitong pananalita, ay yumaon siyang namamanglaw; sapagka't siya'y isang may maraming pag-aari. At sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Mahirap na makapasok ang isang taong mayaman sa kaharian ng langit. At muling sinasabi ko sa inyo, Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom, kay sa isang taong mayaman ang pumasok sa kaharian ng Diyos.*"

Sadyang hindi mo madadala ang kayamanan mo sa hukay. Wala ka ring dala sa mundo noong ika'y isilang, at lalong

wala ka ring madadala sa iyong paglisan. Tanging ang katangian ni Cristo ang kinakailangan mong makamtan upang makapasok ka sa kaharian ng langit. Ang mayamang yaon ay nasumpungan na nagdurusa sa apoy ng impyerno sa ayon sa Lucas 16:19-31.

## ANG PAGPAPATAWAD NG DIYOS

Ano nga ba ang "kapatawaran" at bakit natin ito kailangan?

"At sinabi sa kanila ni Pedro, *'Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa Pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo*" (Mga Gawa 2:38).

Ang salitang "pagpapatawad" ay maihahambing sa paglilinis sa ating nakaraan. Kapag nakagawa tayo ng kasalanan sa ating kapwa, humihingi tayo ng tawad upang manumbalik ang ating dating magandang relasyon. Ang kapatawaran ay ipinagkakaloob natin sa isang tao hindi dahil karapat-dapat siyang patawarin kundi dahil ito ay pagpapakita natin ng ating pag-ibig, awa at biyaya sa kanya. Ito ay isang desisyon upang mawala ang ating sama ng loob sa ating kapwa sa kabila ng ginawa niya sa atin.

Sinasabi ng Biblia na lahat tayo ay nangangailangan ng pagpapatawad ng Diyos. Tayong lahat ay nangagkasala (Roma 3:23).

Ayon sa Mangangaral 7:20, "*Walang taong nabubuhay sa daigdig na gumagawa ng mabuti at hindi nagkakasala*." Sinasabi rin sa 1 Juan 1:8-10~ "*Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling Siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin*."





## ANO NGA BA ANG KASALANAN?

Ang kasalanan ay isang pagrerebelde sa Diyos batay sa Mga Awit 51:4. Ito rin ay kawalan ng paniniwala (*unbelief*) sa salita ng Diyos, at ito'y tahasang pagsuway sa Kanyang mga ipinag-uutos. Roma 3:23~ "*Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos*".

Dahil dito, mahalagang makamtan natin ang kapatawarang nanggagaling sa Diyos. Kapag hindi natin nakamtan ang kapatawaran para sa ating mga kasalanan, tayo'y magdaranas ng kaparusahan ng Diyos sa apoy ng impyerno, at buburahin ng Diyos ang ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay (Mateo 25:45; Juan 3:36).

Ang ating Diyos ay mapagmahal at mahabagin. Handa niya tayong patawarin sa ating mga kasalanan. Sinasabi sa 2 Pedro 3:9, "*Hindi nagpapabaya ang Panginoon sa pagtupad sa Kanyang pangako gaya ng inaakala ng ilan. Ang totoo'y binibigyan lamang Niya ng pagkakataon ang lahat na manumbalik sa Kanya, sapagkat ayaw Niyang mapahamak ang sinuman.*"

Nais ng Diyos na patawarin tayo kaya't gumawa Siya ng paraan upang atin itong makamtan. Ang karapatdapat na kabayaran para sa ating mga kasalanan ay kamatayan. Sinasabi sa unang bahagi ng Roma 6:23, "*Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan*." Kamatayan ang naging bunga ng ating mga kasalanan. At ayon sa plano ng Diyos, ang Diyos ay nagkatawang tao sa pamamagitan ni Jesus Cristo (Juan 1:1, 14, 1 Timoteo 3:16). At doon sa krus namatay si Jesus sapagkat binayaran Niya ang parusa na tayo ang dapat na tumanggap dahil sa ating mga kasalanan at pagsalangsang sa sakdal na kalooban ng Diyos.

Sinasabi sa 2 Corinto 5:21, "*Kailanma'y hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin ay itinuring siyang*

*makasalanan upang maituring tayong matuwid ng Diyos sa pamamagitan niya*." Ang kamatayan ni Jesus ang siyang naging daan upang mapatawad ang kasalanan ng mga tao sa mundo. Sinasabi sa 1 Juan 2:2, "*Siya mismo ang ibinigay na handog para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan, at hindi lang ng ating mga kasalanan kundi pati na rin ng kasalanan ng buong mundo*."

Muling nabuhay si Jesus mula sa mga patay at ito ay isang katibayan na napagtagumpayan Niya ang kasalanan at kamatayan (1 Corinto 15:1-28). Purihin ang Diyos dahil sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay na mag-uli, dahil dito, ang ikalawang bahagi ng Roma 6:23 ay nagkatotoo, "*ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.*"

## MAGSISI KA SA IYONG MGA KASALANAN

Inuusig ka ba ng iyong konsensiya dahil sa iyong mga nagawang pagkakasala? Gusto mo bang mapatawad ng Diyos ang lahat ng iyong mga kasalanan?

Ang kapatawaran ay makakamtan mo lamang kung mananampalataya ka kay JesuCristo bilang iyong Tagapagligtas. Efeso 1:7, "*Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo ay tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang ating mga kasalanan. Ginawa Niya ito ayon sa kadakilaan ng Kanyang biyaya na ipinagkaloob sa atin*."

Binayaran ni Jesus ang ating mga pagkakasala upang tayo ay mapatawad ng Diyos. Ang kinakailangan mong gawin ay ang hilingin mo sa Diyos na patawarin ka Niya sa iyong mga sala at manampalataya ka na namatay si Jesus sa krus upang ikaw ay mapatawad ng Diyos. Sinansabi sa 2 Cronika 7:14 na, "*Kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng aking Pangalan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; akin ngang didinggin sa langit,*





*at ipatatawad ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin ko ang kanilang lupain*."

## SA BIYAYA TAYO AY NANGALIGTAS

Efeso 2:8-9~ "*Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri*."

Colosas 1: 21-22~ "*At kayo, nang nakaraang panahon ay nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pag-iisip sa inyong mga gawang masasama. Gayon ma'y pinakipagkasundo Niya ngayon sa katawan ng kanyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis at walang kapintasan sa harapan Niya*."

Roma 3:24-25~ "*Palibhasa'y inaring-ganap na walang bayad ng kanyang biyaya sa pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Cristo Jesus: Na siyang inilagay ng Diyos na maging pangpalubag-loob, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Kanyang dugo, upang maipakilala ang Kaniyang katuwiran dahil sa hindi pagpansin sa mga kasalanan na nagawa nang nagdaang panahon sa pagpapahinuhod ng Diyos*."

Purihin ang Panginoon sa Kanyang kagandahang loob! Tayong lahat ay pinawalang-sala ng Diyos sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang Anak. At sa biyaya ng Diyos, tayo nga ay nangaligtas.

## MAGPASYA KA, KAPATID

Kung ikaw ay itinalaga na ng Diyos noong una pa, ngayon ay tinatawag ka Niya sa pamamagitan ng Mensaheng ito sa Huling Kapanahunan. Napapanahon na upang isuko mo ang buhay mo sa Diyos bago pa man lipulin at gunawin ng Diyos ang sanglibutang ito. Magsisi ka at talikuran mo ang iyong mga

kasalanan at ikaw ay maglingkod sa Kanya habang may panahon pa upang matanggap mo ang Kanyang biyaya at kapatawaran bago ka pa man bawian ng buhay at maging huli na ang lahat para sa iyo. Hiram lamang sa Diyos ang ating buhay at anumang oras ay maaari Niyang bawiin ito sa iyo. Isuko mo ngayon ang buhay mo sa Diyos upang makamtan mo ang buhay na walang hanggan na noon pa'y inihanda na Niya para sa iyo.

Gumawa ka ng isang pagpapasya ngayon. Magsisi ka at humingi ka ng tawad sa Panginoong Diyos para sa kapatawaran ng iyong mga kasalanan. Roma 10:9~ "*Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus ay Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang mag-uli ng Diyos sa mga patay, ay maliligtas ka*". Hebreo 3:7~ "*Gaya nga ng sabi ng Espiritu Santo, Ngayon kung marinig ninyo ang Kanyang tinig, Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso.*"

"*Kung Ako'y iyong iniibig, susundin mo ang Aking mga ipinag-uutos*," (Juan 14:15) iyan ang sabi ni Jesus.

## ISANG TAIMTIM NA PANALANGIN

Bigkasin mo, kaibigan, ng taus-puso ang sumusunod na panalangin upang ikaw ay maging katanggap-tanggap sa harapan ng Diyos:

*"Panginoon kong Diyos, ako'y dumudulog sa Inyo bilang isang makasalanan. Patawarin po ninyo ako sa aking mga pagkukulang at pagsalangsang. Ako po'y nagpapakumbaba sa inyong harapan at nagsisisi po ako sa aking mga nagawang kasalanan. Hugasan po ninyo ako at linisin sa pamamagitan ng inyong banal na dugo. Isinusuko ko po sa inyo ang aking ispiritu, kaluluwa, pag-iisip, at ang aking buong pagkatao.*

*Turuan ninyo akong lumakad sa tamang landas ng katotohanan. Naniniwala po ako na muli kayong nabuhay mula sa mga patay at inaanyayahan kita ngayon na manahan sa aking puso upang Ikaw ay maging aking Manunubos at Tagapagligtas.*





*Hinihiling ko sa inyo na Inyong pagharian ang aking puso, at nangangako ako na ako'y maglilingkod sa Inyo habang ako'y nabubuhay. Puspusin po ninyo ako ng Santong Espiritu at gawin Ninyo akong karapat-dapat bilang tagasunod ni Cristo. Ito po ang aking samo't dalangin sa matamis na Pangalan ni Jesus. Amen."*

## ISANG PAGBATI

Binabati kita, kapatid, sa ginawa mong pagdedesisyon na pagtanggap kay Jesus bilang sarili mong Panginoon at Tagapagligtas. Magpatuloy ka sa pananalangin sa araw-araw, magbasa ka ng Biblia, at magpabautismo ka sa tubig sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

Maghanap ka ng Iglesyang nagtuturo ng purong Salita ng Diyos at ng *Mensahe sa Huling Kapanahunan* at dumalo ka sa kanilang mga gawain upang lumago ka pa ng lubusan sa iyong pananampalataya at upang maging handa ka sa nalalapit na Niyang pagdating.

Kung wala kayong madaluhang iglesya na nagtuturo ng buong katotohanan ng Mensahe ng Diyos sa inyong lugar, ay makipag-ugnayan kayo sa patnugot ng babasahing ito upang makapagdaos kami ng *Bible Study* sa inyong lugar at upang maituro pa namin sa inyo ang iba pang mayayamang kapahayagan at hiwaga ng Diyos na nahayag sa huling kapanahunan para sa inyong paglago at ikatitibay.

Maaari kayong tumawag o magtext kay *Pastor Ronnie Millevo* sa 4563857, 7349607 o sa 0919-3681887 para sa karagdagang impormasyon ukol sa Mensahe sa Huling Kapanahunan.

Maaari din kayong mag-email sa *ronmillevo@yahoo.com* o bisitahin ang aming website sa *www. endtimemessage.info.* Pagpalain nawa kayo ng ating Panginoong Jesus Cristo.

# Ang Kahalagahan ng Bautismo sa Tubig sa Pangalan ni JesuCristo

"*Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*"
(~Marcos 16:16)



Maraming tao ang hindi pa rin lubusang nakakaunawa sa kahulugan ng bautismo. Ang salitang "bautismo" ay nangangahulugan ng paglubog (*immersion*) ng tao sa tubig bilang tanda ng kanyang pakikibahagi sa kamatayan, paglibing, at muling pagkabuhay ni JesuCristo. Roma 6:3-4~ "*O hindi baga ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan? Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay.*"

Ang bautismo ay isang hakbang ng pagsunod at pagpapahayag sa madla ng iyong pananampalataya kay Jesus Cristo at ng pagtatalaga ng iyong buong sarili sa paglilingkod sa Kanya. Ang ginagawang paglubog sa iyo sa tubig ay pagsasalarawan na ikaw ay kasamang nailibing na ni Cristo; at ang siyang pag-ahon mo naman sa tubig ay pagsasalarawan ng muling pagkabuhay ni JesuCristo at siya namang pag-ahon mo





sa isang panibagong buhay sa Kanya. Mali po ang pagwisik ng tubig sa pagbabautismo dahil wala pong ganuong katuruan ang Biblia. Yaon ay *credo* ng Iglesyang Romano Catoliko.

Ang bautismong Cristiyano ay isang kasangkapan upang maipakita ng isang tao ang kapahayagan ng kanyang pananampalataya at pagiging alagad ni Cristo sa publiko. Sa tubig ng wastong bautismo, parang sinasabi ng isang tao sa mundo, "*Ipinahahayag ko ang aking pananampalataya kay JesuCristo; nilinis na ni Cristo ang aking kaluluwa mula sa kasalanan, at ako ngayo'y mamumuhay na para sa Kanya sa isang bagong buhay na may kabanalan.*"

**ANG WASTONG PANGALAN SA PAGBABAUTISMO**

Marahil ay ikaw ay nabautismuhan na noong una pa, datapuwa't ito'y sa mga TITULONG Ama, Anak, at Espiritu Santo. Kinakailangan mong mabautismuhang muli sa PANGALAN ng Panginoong JESUS CRISTO upang lubusang maalis at mapatawad ang mga kasalanan mo.

Maaaring maitanong mo, "May kaibahan ba ang dalawang uri ng pagbabautismong ito?"

Opo. Malaki po ang kaibahan ng dalawang uri ng bautismong ito. Iba ang titulo sa totoong Pangalan ng Diyos. Hayaan ninyong ipaliwanag ko ito sa inyo ng husto.

Nasusulat sa Mga Gawa 4:12, "*Sapagka't walang ibang PANGALAN sa silong ng langit na IBINIGAY sa mga tao, na sukat nating IKALIGTAS,*" maliban lamang sa Pangalang "JESUS CRISTO".

Noong ipinag-utos ni Jesus sa Mateo 28:19 na "*Magsiyaon nga kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa PANGALAN ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo,*" ito'y nangailangan ng makalangit na kapahayagan upang maarok ng mga Apostol ni Jesus Cristo kung ano nga ba talaga ang PANGALANG tinutukoy ni Jesus.

Pansining bago pa tinupad ng mga apostol ang pagbabautismo ayon sa utos na ito ng Panginoon, kinailangan munang sila'y mapuspos ng Banal na Espiritu Santo (na siyang Guro at Gabay ng Cristiano) sa Araw ng Pentecostes upang lubusan nilang maunawaan at magampanan ang napakahalagang utos na ito.

Ginanap ang kauna-unahang pagbabautismo sa mga totoong hinirang ng Diyos ayon sa turo ni Apostol PEDRO, na siyang pinagkatiwalaan ni Jesus ng susi ng kaligtasan. Sa Mga Gawa 2:38, "*At sinabi sa kanila ni Pedro, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa PANGALAN ni JESUCRISTO sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo*".

Lubusang naunawaan ng mga apostol na ang mga katagang "Ama", "Anak" at "Espiritu Santo" ay pawang mga TITULO lamang ng iisang DIYOS, at hindi po ito PANGALAN. Ang totoo at kumpletong PANGALAN ng DIYOS ay ***LORD*** (bilang Ama), ***JESUS*** (bilang Anak), at ***CHRIST*** (bilang Espiritu Santo). Kaya't ginamit nila ang Pangalang yaon sa pagbabautismo sa buong kasaysayan ng Biblia.

| | | | |
|---|---|---|---|
| TITLE | FATHER | SON | HOLY GHOST |
| NAME | LORD | JESUS | CHRIST |

## ANG ORIHINAL NA BAUTISMO NG MGA APOSTOL

Gaano n'yo man hanapin sa buong Biblia ay wala kayong masusumpungang ni isa mang Cristiano na nabautismuhan sa mga TITULONG Ama, Anak at Espiritu Santo. Lahat po ng totoong Cristiano sa Bagong Tipan ay nabautismuhang lahat sa PANGALAN ng Panginoong Jesus Cristo.

Lahat po ng Cristiano sa buong Biblia, maging Hudyo





man, Gentil at Samaritano, ay pawang sa Pangalan ni Jesus Cristo nabautismuhan dahil yaon po ang wastong bautismo batay po sa Biblia. Ang kaganapang ito ay isang kapahayagan na nabuksan sa huling mga araw upang tayo ay maipanumbalik sa katuruan ng ating mga amang apostol.

Ang pagbautismong gamit ang mga TITULONG Ama, Anak at Espiritu Santo ay credo ng Iglesyang Romana Catolika na pinasimulan lamang sa taong 325 A.D matapos na kanilang i-organisa ang Cristianismo sa naganap na Nicean Council. At ito nama'y ginaya din ng karamihan sa mga Protestanteng iglesya sa mga nagdaang panahon nang hindi muna nag-usisa ukol sa wastong katuruan ng Biblia patungkol dito.

Lahat po ng mga alagad ni Jesus Cristo mula kay Apostol Pedro, Juan, Pablo, Felipe, atbp. ay nangagbautismong lahat gamit ang PANGALANG "***Lord Jesus Christ***" ayon po sa Biblia. Nahayag sa kanila na ang PANGALAN ng Diyos bilang AMA ay ***LORD***; ang Pangalan ng Diyos bilang ANAK ay ***JESUS***; at ang Pangalan ng ***Holy Spirit*** ay ***CHRIST***. "***LORD JESUS CHRIST***" - iyan po ang kumpletong Pangalan ng Diyos.

## MALIWANAG ANG MGA BATAYAN SA BIBLIA

Ang mga kaganapan sa pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo ay matutunghayan sa sumusunod na mga talata:

***A. Mga Gawa 19:1-5***: kung saan binautismuhan ni Apostol **PABLO** ang kawan ni **APOLOS** sa Pangalan ni Jesus Cristo ~

"*At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad: At sa kanila'y sinabi niya," Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya?"*

*At sinabi nila sa kanya, "Hindi, hindi man lamang namin*

*narinig na may ibinigay na Espiritu Santo."*

*At sinabi niya, "Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan?"*

*At sinabi nila, "Sa bautismo ni Juan."*

*At sinabi ni Pablo, "Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay Jesus".*

*At nang kanilang marinig ito, ay nangagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus."*

***B. Mga Gawa 8:14-16*** kung saan binautismuhan ni Apostol **PEDRO** ang mga **SAMARITANO** sa Pangalan ni Jesus Cristo ~

*"Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Diyos, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan: Na nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Espiritu Santo. Sapagka't ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Jesus. Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo."*

***C. Mga Gawa 10: 45-48*** kung saan binautismuhan ni Apostol **PEDRO** ang mga **GENTIL** sa bahay ni **Cornelio** sa Pangalan ni Jesus Cristo ~

*"At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Diyos.*

*Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin?*

*At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Jesucristo. Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa kanya na matirang mga ilang araw."*





***D. Mga Gawa 2:38*** kung saan binautismuhan ni Apostol **PEDRO** ang mga **HUDYO** sa Pangalan ni Jesus Cristo~

*"At sinabi sa kanila ni Pedro, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa Pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo."*

## PANGALAN NGA BA O TITULO?

Isang matinong halimbawa ng pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo ay kung ikaw ay magpapapalit ng tseke sa bangko. Kinakailangan na ang PANGALAN mo mismo ang nakasulat sa tseke at hindi ang iyong titulo. Maaring ikaw ay titulado bilang isang ANAK, o AMA, o LOLO, pero yaon ay mga TITULO mo lamang. Kung yaon ang isusulat mo sa tseke, malamang hindi ito tatanggapin ng bangko.

Sa pagpasok sa kaharian ng langit ay sa ganuon ding kaparaanan. Kinakailangang sigurado ka sa PANGALAN sa bautismong iyong tinanggap sapagka't tanging ang Pangalan lamang ni Jesus Cristo ang tatanggapin sa langit batay sa Juan 14:6. Yaon din po ang *password* papasok sa langit. Ang sabi ni Jesus, "*Sa aking Pangalan ay magpapalayas kayo ng mga demonyo... at kayo'y magpapatong ng kamay sa maysakit at sila'y magsisigaling*" (Marcos 16:17,18). "*Anuman ang hilingin ninyo sa aking Pangalan ay gagawin ito sa inyo*" (Juan 15:7).

Kung hindi ka pa nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, kapatid, ay pihadong dala-dala mo pa rin ang mga kasalanan mo. Ito'y dahil sa Pangalan lamang ni Jesus Cristo naroroon ang kapatawaran (*remission of sins*) ng mga kasalanan. Balang araw ang lahat ng pamilya ng Diyos sa lupa at sa langit ay tatawaging JESUS ayon sa Efeso 3:14-15, sapagka't iyan ang magiging Pangalan ng Nobya ni Cristo. Dadalhin niya ang Pangalan ng kanyang Nobyo.

**ISANG PAANYAYA**

Kung ikaw ay hindi pa nababautismuhan sa PANGALAN ni JESUS CRISTO, panahon na upang ganapin mo ang mahalagang utos na ito upang malubos ang iyong kaligtasan. Suriin mong mabuti ang iyong pananampalataya. Mahirap nang magkamali pa patungkol sa ating "*eternal destination*".

Panahon na upang maituwid mo ang kakulangan mo, kapatid. Walang mawawala sa iyo kung gagawin mo ang bagay na ito, bagkus makakasigurado ka pa na ang iyong kaligtasan ay katanggap-tanggap sa Diyos kung ikaw ay magpapabautismong muli sa PANGALAN ng PANGINOONG JESUS CRISTO.

Magpabautismo ka ngayon sa mga totoong alagad ng Diyos sa PANGALAN ni *LORD JESUS CHRIST*, at tatanggapin mo ang pangakong kaloob ng Banal na Espiritu Santo. Iyan lamang ang natatanging paraan upang mapuspos ka ng Espiritu ng Diyos, ayon sa nasasaad sa Mga Gawa 2:28-39.

Kami po ay nakahandang tumugon sa sinumang nagnanais na ganapin ang bautismong ito sa kanilang buhay. Makipag-ugnayan lamang kayo sa may-akda ng panulat na ito at amin kayong tutulungang mabautismuhan ng wasto.

***** **HISTORICAL RECORDS** *****

**BRITANNICA ENCYCLOPEDIA**~ "*Everywhere in the oldest sources, it states that baptism took place in the Name of Jesus Christ*" (11th Edition/Vol.3/pp.82)
**CANNY ENCYCLOPEDIA OF RELIGION**~ "*The early Church always baptized in the Name of Jesus Christ until the development of the Trinity Doctrine in the 3rd Century.*" (pp. 53)
**HASTINGS ENCYCLOPEDIA OF RELIGION**~ "*Christian Baptism was administered using the words "In the Name of Jesus". The use of a Trinity formula of any sort was not suggested in the early church history. Baptism was always in the Name of the Lord Jesus until the time of Justin Maryr when triune formula was used.*" (Vol.2/pp. 377-378)





# Kilala mo na ba ng Lubusan ang Diyos na Iyong Pinaglilingkuran?



Sa pagdaan ng maraming panahon, nakaugalian na ng mga tao ang sumampalataya sa iisang Diyos na hindi nakikita. Madalas na ang Diyos na ito'y tagurian sa iba't-ibang Pangalan. Naririyan ang tawagin siyang Bathala, Elohim, Yahweh, Jehovah, at El Shaddai. Datapwa't kailanman ay hindi pa nakita ng tao ang tunay na ANYO ng Diyos sa pisikal. Minsan man siyang magpakita sa tao ay sa anyong Apoy na lumalagablab sa puno, sa panahon ni propeta Moises.

Ang karaniwang tao ngayon ay nagtatanong: "Tunay nga ba kayang walang ANYO ang Diyos?" Bakit sinasabi sa Aklat ng Genesis 1:27 na "*Ang TAO ay nilikha ng DIYOS ayon sa Kanyang WANGIS*" ? Maaari bang mag-anyong TAO ang DIYOS? Atin pong alamin ang bagay na ito.

**IISA LAMANG ANG DIYOS NA MANUNUBOS**

Sa **Hosea 13:4** ito ang pasabi ng Panginoong Diyos:

*"Gayunma'y Ako ang Panginoon mong DIYOS mula sa lupain ng Egipto, at wala kang makikilalang ibang DIYOS kundi AKO, at LIBAN sa AKIN ay WALANG TAGAPAGLIGTAS."*

Ayon po sa talata, ay walang ibang Tagapagligtas kundi ang Diyos lamang. Ang tanong ngayon ay ganito: "Naging dalawa ba ang Tagapagligtas natin nang dumating si JesuCristo sa lupa?" Hindi po. Dahil kung dalawa po ang Tagapagligtas, masasabi nating nagsinungaling ang Diyos sa mga talatang nabanggit. Subali't ang Diyos po ay hindi sinungaling. Siya lamang po talaga ang natatanging Tagapagligtas dahil si Jesus ay ang Diyos mismo na nagkatawang-tao lamang.

**DUGO ANG KABAYARAN NG MGA KASALANAN**

Mula nang mahulog ang tao sa bitag ng kasalanan, ay naitakda ng Diyos na kamatayan ang siyang magiging kabayaran ng kasalanan. *"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan"* (Roma 6:23). Datapuwa't nagbigay din ang Diyos ng kaparaanan upang ang tao'y muling maligtas at makapanumbalik sa sakdal Niyang kalooban. Ito'y nasusulat sa **Hebreo 9:22**- *"At ayon sa kautusan ay halos masasabi kong lahat ng bagay ay nililinis ng DUGO, at MALIBAN sa pagkabuhos ng DUGO ay walang kapatawaran."*

Maliban po pala na may magbuhos ng DUGO para sa tao ay wala tayong kaligtasan. Kinakailangang may magbuhos ng dugo upang tayo ay mapatawad ng Diyos. Subali't sa halos di na mabilang na mga tupa't kambing, guya at baka, na sadyang kinitil sa Lumang Tipan at inihain sa Diyos at ibinuhos ang kanilang sariwang dugo bilang haing handog para sa kasalanan, tila baga wala pa rin itong saysay sa mata ng Diyos upang ang tao ay lubusang maligtas. Kinailangang TAO at hindi hayop





ang gumawa ng pagbubuhos ng dugo dahil TAO si Adan at si Eva na nangagkasala, kaya't nararapat na TAO rin ang siyang magbayad nito (*Kinsman Redeemer*).

**ANG DIYOS AY NAHAYAG SA LAMAN**

Subali't papaano nga ba mangyayaring tayo'y maililigtas ng Diyos sa kasalanan samantalang Siya'y isang Espiritu na wala namang LAMAN at DUGO na maaaring ibuhos para sa kabayaran ng ating mga kasalanan? **Juan 4:24**~ "*Ang Diyos ay Espiritu: at ang mga sa Kanya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan.*"

Ahh, dito po natin ngayon mauunawaan ang HIWAGA ng PAGKADIYOS ayon sa kapahayagan Niya sa laman, na siyang sinasabi sa **1 Timothy 3:16**~ "*And without controversy, great is the mystery of godliness: GOD was MANIFEST in the FLESH.*" (Sa Tagalog: "*At walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan: ang Diyos ay nahayag sa laman*").

Ang ating nag-iisang DIYOS ay "NAHAYAG sa LAMAN". At kanino namang laman nahayag ang Diyos? Aba'y kanino pa po, kundi sa laman ni JESUS CRISTO. Si Jesus Cristo po ay ang siyang katawang LAMAN ng Diyos. Ating pong basahing maigi ang mga patotoo ng Biblia patungkol sa pagkatao at pagkaDiyos ni Jesus Cristo upang lalo nating malinawan ang bagay na ito.

Heto ang pasabi sa **Colosas 2:9** patungkol kay Jesus: *"Sapagka't sa KANYA nananahan ang buong KAPUSPUSAN ng pagka-DIYOS sa kahayagan ayon sa LAMAN."* ***Colosas 1:14-15*** *~ "Na SIYANG kinaroroonan ng ating KATUBUSAN, na SIYANG KAPATAWARAN ng ating mga kasalanan, Na SIYA ang* ***LARAWAN ng DIYOS*** *na DI NAKIKITA."*

## SI JESUS AY LARAWAN NG DIYOS NA DI NAKIKITA

Aba'y napakalinaw po na sinabi sa Biblia na si Jesus Cristo pala ay ang siyang "LARAWAN" ng DIYOS na di nakikita. Tumpak po ito dahil hindi nga naman talaga makikita ng tao ang DIYOS dahil Siya'y isang Espiritu liban na lamang na siya'y mag-anyong pisikal. Subali't heto nga't nakita ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng KATAWAN ni JesuCristo.

Napatunayan ito ni **Felipe**, at sa **Juan 14: 8, 9** kung saan ating mababasa: "At sinabi ni Felipe kay Jesus, *"Panginoon, ipakita mo sa amin ang AMA at sukat na ito sa amin." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo pa rin ako nakikilala, Felipe?* ***Ang nakakita sa Akin ay nakakita na sa AMA****; paanong sinasabi mo, ipakita mo sa amin ang Ama?." "****AKO at ang AMA ay IISA****"* (Juan 10:30).

## SI JESUS AY LAMAN NG DIYOS

Napakalinaw na si Jesus Cristo ay siya manding Katawan at LAMAN ng Diyos Amang Espiritu. Nagpapatunay lamang ito na ang nag-iisang DIYOS ay nag-anyong TAO upang ganapin ang pagiging Manunubos sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang sariling DUGO, na sadyang hindi puwedeng magawa ng Diyos kung mananatili lamang Siya sa kanyang estado bilang isang Espiritu.

Si Jesus ay hindi isa pang bagong Manunubos o Tagapagligtas. Siya mismo ang NAG-IISANG TAGAPAGLIGTAS na nagkatawang TAO, na siyang tinukoy sa Lumang Tipan: "*At walang DIYOS liban sa Akin: isang ganap na DIYOS at TAGAPAGLIGTAS; WALANG IBA LIBAN SA AKIN"* (**Isaias 45:21**). Kung walang ibang Diyos at Tagapagligtas liban sa Diyos mismo, di baga't nangangahulugan lamang ito na si Jesus ay hindi isa pang panibagong Diyos o Tagapagligtas





kundi Siya rin ay ang Diyos mismo na nag-anyong TAO lamang? *"Sumagot si Jesus, ang pangulo ay pakinggan mo, Oh Israel; ang Panginoon nating DIYOS, ang PANGINOON AY IISA"* (Marcos 12:29).

Ang KATAWANG PISIKAL na ito ni JESUS, ay tinagurian sa Biblia bilang "ANAK". Samantalang ang napapaloob namang ESPIRITU sa KATAWANG yaon ay ang "AMA" na si Jehovah. Di baga't sinabi ni Jesus na *"Ang nagsugo sa Akin ay SUMASAAKIN"* (Juan 8:29)?

Walang imposible sa Diyos. Kaya Niyang mag-anyong apoy, kalapati, at ulap, noon pa man. Gaano pa kaya kadali para sa Kanya ang mag-anyong TAO? Siya'y nagkatawang-tao na noon pa sa katauhan ni Melchizedek at Kanyang kinatagpo si Abraham bago pa man Siya nagkatawang-taong muli sa pamamagitan ng sinapupunan ni Maria sa Bagong Tipan.

## ANG TATLONG KATUNGKULAN NG DIYOS

Wala tayong mababasa na mayroong dalawa o tatlong Diyos sa Biblia. Iisa lamang ang Diyos ayon sa **Exodo 20:2-3** ~ *"Ako ang Panginoon mong Diyos, na naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko."*

Datapuwa't nagkaroon lamang ng tatlong titulo o katungkulan ang Diyos: (1) bilang Ama, (2) bilang Anak, at (3) bilang Espiritu Santo. Maihahambing ito sa isang lalake na datapuwa't siya'y IISANG TAO lamang, subali't mayroon siyang TATLONG angking katungkulan: (1) AMA ang turing sa kanya ng kanyang mga anak; (2) ASAWA naman ang turing sa kanya ng kanyang maybahay; at (3) LOLO naman ang turing sa kanya ng kanyang mga magiging apo. Bagama't siya'y iisang PERSONA lamang, ginaganap niya ang tatlong uri ng katungkulang ayon sa uri ng kapanahunan at kanyang pakikipagrelasyon sa bawat

taong kinauukulan.

Sa ganang ganito rin naman ang ginampanang katungkulan ng ating nag-iisang Diyos. Bagama't Siya'y iisang Persona lamang, ginampanan Niya ang katungkulan bilang AMA sa Lumang Tipan, sa tinaguriang "*God Above Us*" Dispensation.

Nang ang Diyos ay magkatawang-TAO, Siya naman ay dumating sa mundo bilang "ANAK" sa Bagong Tipan. Ito'y sa katungkulang "*God with us*" o Emmanuel. At ngayo'y ang Diyos ay nananahan sa puso ng Kanyang mga anak sa dispensasyong "*God in us*", o ang Diyos na sumasaatin. Pansinin ninyo na iisa lamang ang Trono ng Diyos sa langit at hindi po tatlo. Yaon ang ipinakita kay Juan sa **Apocalipsis 4:2**~ *"Pagdaka'y napasa Espiritu ako: at narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo."*

## ANG TATLONG DISPENSASYON NG IISANG DIYOS

Ang Diyos ay nahayag nga sa TATLONG DISPENSASYON. Siya ay unang tinaguriang "*GOD Above US*" sa Lumang Tipan, bilang ang Diyos sa kaitaas-taasan sa Kanyang "*Fatherhood Dispensation.*"

Nang Siya ay magkatawang-TAO, Siya ay tinaguriang "*GOD with US*" o Emmanuel – na ang ibig sabihin naman ay ang Diyos na nakasalamuha natin. Tinawag rin siyang "*Kinsman Redeemer*" o ang Manunubos na naging TAO sa Kanyang "*Sonship Dispensation.*"


Ngayon nga, Siya ay nasa Kanyang "*Holy Ghost Dispensation*". "*GOD in Us*" ang turing sa Kanya ngayon dahil Siya ay nanahanan sa katawan ng Kanyang mga mananampalataya. Tayo ay itinuring bilang siyang TEMPLO ng Banal na Espiritu Santo ngayon, ayon sa **1 Corinto 6:19-20.**





## ANG ESPIRITU SANTO

Ang Espiritu Santo ay si Jesus pa rin sa Kanyang panibagong anyo. Sa **Juan 14:18** ay sinabi Niya na "*Hindi Ko kayo iiwanang mag-isa, AKO'Y paparito sa inyo.*" At sa **Galacia 4:6** sinabi rin na, "*At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Diyos ang ESPIRITU ng KANYANG ANAK sa ating mga puso na sumisigaw, "Abba Ama."* Ang Espiritu ni Cristo ang siya ring APOY na bumaba at nangaghati-hati at pumatong sa ulo ng Kanyang mga alagad sa Araw ng Pentecostes. Pansinin mo na




noong si Jesus ay umakyat sa langit, Siya ay bumalik nang muli sa dati Niyang ANYO bago pa man Siya nagkatawang-TAO ~ bilang isang haliging APOY na gaya ng kumatagpo kay propeta

Moises sa ilang; na siya namang kumatagpo kay Apostol Pablo sa daang patungo sa Damasco. Ang Kanyang pisikal na katawan ay nakaupo sa trono ng langit ngayon ayon sa Apocalipsis 4:2.

Pansinin din na nagpakitang muli si Jesus kay Saulo sa anyo bilang isang APOY, isang LIWANAG, at ito'y mababasa sa Mga **Gawa 19:1-5,** "*At sa kanyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa palibot niya ang isang ILAW mula sa langit. At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kanya'y nagsasabi, "Saulo, Saulo, bakit mo ako pinag-uusig?" At sinabi niya, "Sino ka baga, Panginoon?" At sinabi Niya, "Ako'y si JESUS na iyong pinaguusig."*

## SI JESUS AT ANG DIYOS AY IISA

Malinaw na si JESUS ay walang iba kundi ang nag-iisang Diyos na nagkatawang tao lamang, upang maibuhos Niya ang Kanyang sariling DUGO para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, sa ikaliligtas ng sangkatauhan. Pansining walang dugo ang Diyos sa Kanyang estado bilang Amang Ispiritu. Kung kaya't gumawa Siya ng paraan upang magampanan Niya ang Kanyang planong pagliligtas. Lumikha Siya ng isang katawan sa sinapupunan ni birheng si Maria upang panahanan Niya ito. Ito'y upang Siya pa rin mismo ang tanghaling nag-iisang Manunubos at Tagapagligtas.

Sa **Isaias 9:6** ito'y binanggit at sinabing - *"Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang BATA, sa atin ay ibinigay ang isang ANAK na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang balikat: at ang Kanyang PANGALAN ay tatawaging Kamagha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang DIYOS, Walang-hanggang AMA, Pangulo ng Kapayapaan."* Ang BATA ay siya pa rin daw pong tatawaging makapagyarihang DIYOS at walang-hanggang AMA.

Kung bubuksan lamang natin ang ating pag-





iisip ay maunawaan natin na si Jesus ay ang Katawang PISIKAL ng Diyos. Hindi naging dalawa o tatlo ang Diyos. Kinailangan lamang ng Diyos na magbuhos ng DUGO para sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan at ito'y hindi Niya magawa bilang isang Espiritu. Kaya't minarapat Niyang gumawa ng isang KATAWAN na Siya niyang pananahanan upang matupad ang Kanyang planong pagliligtas. Ang Diyos ay namatay para sa atin. Opo. Namatay ang Diyos sa laman. "*Mangagkaroon nga kayo sa inyo ng pag-iisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman, na SIYA, bagama't nasa ANYONG DIYOS, ay hindi Niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay Niya sa DIYOS, kundi bagkus hinubad Niya ito, at NAG-ANYONG ALIPIN, na NAKITULAD sa mga TAO*" (**Filipos 2:6-7**) .

## SI JESUS AY TOTOONG TAO AT TOTOONG DIYOS DIN


Tunay ngang si Jesus ay TAO; subali't Siya ay DIYOS din. Dapat maunawaan ng bumabasa na may **"*dual nature*"** ang ating Panginoon. Tunay na may kalikasan Siya bilang TAO (*Human Nature*), subali't Siya ay likas na Diyos din sa kanyang kabanalan (*Divine Nature*).

Pansinin na noong si Jesus ay magutom at maghanap ng makakain sa isang puno ng igos, siya nga ay TAO dahil siya'y nagutom. Datapuwa't nang Siya na ay kumuha ng limang tinapay at dalawang isda upang pakainin ang limang-libong katao, aba'y yaon ay sobra pa sa TAO! Yaon ay walang iba kundi ang DIYOS at manlilikhang si Jehovah mismo!

Tunay ngang TAO si Jesus noong Siya'y mapaiyak sa puntod ng kaibigan Niyang si Lazarus. Datapuwa't noong Siya'y sumigaw nang napakalakas at sinabing, *"Lazaro, bumangon*

*ka!"* At ang apat na araw nang patay at bulok na katawan ni Lazaro ay bumangon at nabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Aba'y yaon ay higit pa sa TAO! Sino pong tao ang bumuhay na ng patay maliban sa ang DIYOS lang mismo?

Si Jesus nga ay totoong TAO noong Siya ay mapagod at makatulog ng mahimbing sa bangka samantalang lumakas ang alon at ang unos sa dagat at ianod ang kanilang bangka. Subali't noong Siya'y magising at Kanyang sawayin ang unos at sabihing "*Unos, pumayapa ka!*" At sa isang iglap ay tumigil ang unos




at bagyo sa karagatan! Aba'y yaon ay sobra pa sa TAO! Yaon ay walang iba kundi si Yahweh na Siyang Maylikha ng buong kalikasan!

TAO nga si Jesus noong Siya'y sumigaw sa tindi ng sakit at kirot ng pagkakapako Niya sa Krus at winikang, "*Ama Ko, Ama Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?*" sa kadahilanang humiwalay na sa Kanyang katawan ang Amang Espiritu. Subali't nang si Jesus ay muling bumangon mula sa mga patay at sinabing, "*At*





*Ako'y namatay, at narito, Ako'y nabubuhay magpakailanman!" Aba'y yaon ay walang iba kundi ang Diyos na nagkatawang-tao lamang na nagsabi ring "Ako'y may kapangyarihang ibigay ang aking buhay, at may kapangyarihan din Akong ibangon itong muli"* (**Juan 10:18**).

## ANG PAGKABULAG NG MGA HUDYO

At bakit po nagawang ipako ng mga Hudyo si Jesus sa Krus? Ito po'y sa kadahilanang sila ay bulag na kagaya ng iilang mga relihiyon ngayon na hindi matanggap na si Cristo ay DIYOS. Sa **Juan 10:33** - *"Sinagot siya ng mga Judio, "Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka't IKAW,* ***bagaman ikaw ay TAO, ay nagkukunwari kang DIYOS".***

Aba'y hindi nga tila nila lubusang maunawaan ang hiwagang ito ng pagkaDiyos ni Cristo, bagama't naturingan sila bilang mga relihiyosong tapapagturo ng bayang Israel sa kanilang kapanahunan. Hindi baga't ganito rin ang katayuan ng iilang relihiyon ngayon? Kanilang ipinapakong muli si Jesus Cristo ng pangalawang beses sa kanilang mga pulpito sa pamamagitan ng kanilang pagtanggi na si Jesus Cristo ay hindi Diyos kundi tao lamang?

"*I said therefore unto you, that ye shall die in your sins: for if ye believe not that I am [HE], ye shall die in your sins*", ang diin pa ni Jesus sa **John 8:24**. Mamamatay daw po ang tao sa kanilang mga kasalanan (*unbelief*) kapag hindi nila pinaniwalaang si Jesus ay ang DIYOS mismo. "*Bago pa si Abraham, ay AKO na nga*", patotoo pa ni Jesus sa **Juan 8:58.**

Ang katotohanan nito'y bago pa nagkatawang tao si Cristo, ay nagpakita na Siya kay Abraham sa katauhan ni Melchizedek. At doo'y kanyang ginanap ang kauna-unahang ***communion*** nang

ipaghanda Niya ng alak at tinapay si Abraham matapos na ito'y manaig laban sa mga haring kumidnap kay Lot.

Aba'y kung tao lamang si Jesus Cristo, ayon sa itinuturo ng iilang relihiyon ngayon, ang sabi ng Biblia ay "walang taong pwedeng magligtas sa kanyang kapwa tao, at sumpain ang sinumang tao na nagtitiwala sa kanyang kapwa tao". Aba'y bakit pa tayo magtitiwala kay Cristo kung Siya nga ay tao lamang at hindi Diyos? Tanging sa Diyos lamang nauukol ang ating pagtitiwala at kaligtasan. At yaon nga'y nararapat nating igawad kay Jesus, dahil Siya'y totoong DIYOS. Ano ang sabi sa **Titus 2:13**? Ang sabi po roon ay ating "*Hintayin yaong mapalad na pag-asa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang DIYOS at TAGAPAGLIGTAS na si JESUCRISTO*".

**GOD** **MANIFESTED IN THREE ATTRIBUTES**

| | | | |
|---|---|---|---|
| OFFICE/ TITLE | FATHER | SON | HOLY GHOST |
| DIMENSION | God ABOVE us | God WITH us | God IN us |
| DISPENSATION | Old Testament | New Testament | Seven Church Ages |
| NAME | LORD | JESUS | CHRIST |
| PURPOSE | CREATION | REDEMPTION | REGENERATION |

## SI JESUS AY TUMANGGAP NG PAGSAMBA

Napakalinaw na sa Biblia'y sinamba si Cristo maging ng tatlong Haring Mago kahit noon pa mang sanggol pa siya. "*At nagsipasok sila sa bahay, at nangakita nila ang sanggol na kasama ng kanyang inang si Maria; at NAGPATIRAPA sila at NAGSISAMBA sa Kaniya; at pagkabukas nila ng kanilang mga kayamanan ay inihandog nila sa Kanya ang mga alay na ginto, kamangyan at mira*" (**Mateo 2:11**).

Aba'y kung hindi Diyos si Cristo, bakit nila ito sinamba?





Masusumpungan sa Biblia na hindi lamang iisang beses na si Jesus ay sinamba ng mga apostol at ng kanyang mga alagad kundi napakaraming beses pa. Ito'y mababasa ninyo sa mga talatang sumusunod: **Mateo 8:2; Mateo 9:18; Mateo 14:33; Mateo 15:25; Mateo 18:26; Mateo 28:9; Mateo 28:17; Marcos 5:6; 15:19; Lucas 24:52; at Juan 9:38.**

"*Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa ay naibigay na sa Akin ng Ama,*" dagdag pa ni Jesus sa **Mateo 28:18.** Kung may Ama pa mang nakaluklok sa langit ngayon ay sadyang wala na itong kapagyarihan pa dahil sa ang lahat nga ng kapangyarihan ay naibigay na Niya kay Cristo. Subali't alam natin na si Cristo at ang Ama ay iisa, at si Cristo ay ang nag-iisang Diyos na nag-anyong pisikal lamang. Tunay na ang hiwagang ito ukol sa "*Deity of Jesus Christ*" ay mauunawaan lamang ng mga taong may pahid ng karunungang nagmumula sa Diyos. Sila'y walang iba kundi ang mga hinirang ng Diyos sa huling kapanahunan. Ito'y sadyang itinago sa mata ng pantas at matatalino bagkus inihahayag lamang ito ng Diyos sa mga may kapakumbabaang-loob.

## "LORD JESUS CHRIST" ~ ANG KUMPLETONG PANGALAN NG DIYOS

Dalangin ko na ang bawat bumabasa ng aklat na ito ay mabuksan sa kapahayagang dulot ng ***end-time revelation*** at sana'y maunawaan nila na IISA lamang ang DIYOS at ang Kanyang PANGALAN ay **"LORD JESUS CHRIST".**

"*Upang sa PANGALAN ni JESUS ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa*" (**Filipos 2:10**). *"At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang PANGALAN sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas" kundi ang PANGALAN lamang ni Jesus Cristo (**Gawa 4:12**). Amen!*

# Mansanas Nga Ba Ang Sanhi ng Pagkakasala ng Tao?



Matagal nang kinamulatan ng bawat Cristiano ang paniniwalang mansanas nga raw ang kinain nina Adan at Eva sa Hardin ng Eden at mula sa aktong yaon ay nahulog ang tao sa lusak ng kasalanan. Totoo nga ba kayang mansanas ang naging dahilan kung bakit itinakwil tayong lahat ng Diyos papalayo sa Kanyang banal na presensya?

Una sa lahat, ay wala po tayong mababasang literal na mansanas o *apple* sa aklat ng Genesis, kung patungkol sa pagkain lamang ni Eva ng bunga ang pag-uusapan.

Pangalawa, napakababaw namang dahilan yaon ng Diyos kung dahil sa iisang mansanas lamang ay Kanya na tayong pinarusahan at hinatulan ng kamatayan.

Pangatlo, kung totoong nag-ugat nga ang kasalanan sa pagkain ng mansanas, di ba dapat na ang bibig nina Eva't Adan ang sana'y tinakpan nila ng dahon at hindi ang kanilang maseselang ari, dahil bibig ang ginamit nila sa kasalanang yaon?

Pang-apat na palaisipan, bakit naman kaya na ang naging parusa ng Diyos kay Eva matapos na siya ay magkasala ay ang magtiis pa ng maraming paglilihi at pagdadalantao? May





kaugnayan ba kaya ang pagdadalantao ni Eva sa pagkain niya ng bungang ipinagbabawal?

Panglima, kung ang serpiente po ay isang ahas na gumagapang na noon pa, bakit nang ito'y parusahan ng Diyos ay sinabi ng Diyos sa kanya na "*sumpain ka ng higit sa lahat ng mga hayop, at ng higit sa bawat ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at ang alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay*" (Genesis 3:14)? Posible kaya na ang serpiente noon ay dating nakatayo pa at may mga paa na pangyapak at hindi pa tiyan ang ipinang-gagapang niya sa lupa?

Pang-anim na tanong, bakit "dugo" ang hininging kabayaran ng Diyos bilang handog para sa kasalanang yaon? May kaugnayan nga ba kaya ang "dugo" sa *original sin*?

Pampito, bakit kinakailangang "ipanganak nang muli" ang tao para maligtas, batay sa sinabi ni Jesus sa Juan 3:3? Mayroon bang mali sa unang kapanganakang sekswal ng tao? Hindi pa ba sapat ang ating unang kapanganakang sekswal upang tayo ay maligtas?

Aha! Atin pong tunghayan ang mga kasagutan ng Biblia ukol sa makabuluhang mga katanungang ito.

## ANG PANUNUKSO NG SERPIENTE KAY EVA

Ayon sa Genesis 3:1-7: "*Ang serpiente ay lalong tuso kaysa alinman sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Diyos. At sinabi niya sa babae, "Tunay bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?"*

*At sinabi ng babae sa serpiente, "Sa bunga ng punongkahoy sa halamanan ay makakakain kami, datapuwa't sa bunga ng punongkahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos na, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay."*

*At sinabi ng serpiente sa babae, "Tunay ha HINDI kayo mamamatay; sapagka't talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y*

*kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama."*

*At nang makita ng babae na ang bunga ng punongkahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad, at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi."*

## ANG SERPIENTE AY HINDI DATING GUMAGAPANG

Pansinin sa mga talatang nabanggit na ang serpiente ay nagsasalitang parang tao at kinakausap si Eva. Ako'y naniniwala na ang Biblia ay hindi kwentong pantasya. Ito'y Salita ng Diyos at tunay ngang nangyari ang mga tagpong ito sa Hardin ng Eden. Ayon sa Biblia, bago pa man naging ahas na gumagapang ang serpiente, ito ay isang uri ng hayop na nagtataglay ng itsurang napakalapit sa tao na sadyang nagagawa nitong mangatuwiran at magsalita. Ang serpiente ay isang nilikhang nakatayo ng tuwid at tila baga nasa pagitan ng *chimpanzee* at ng tao. Siya ang tinaguriang "*missing link*" ng siyensya at siyang natatanging hayop na mayroong dugo na maaring mag-ugnay sa hayop at tao kung kinakailangan ng *blood transfusion*.

Pansinin na bago pa man ang serpiente isumpa at gawing ahas ng Diyos, ito ay halos hawig-tao na kung saan ang kanyang binhi ay maaaring humalo sa tao. Matapos nitong linlangin si Eva upang hipuin ang bungang ipinagbabawal, ang serpiente ay isinumpa ng Diyos at binago ng Diyos ang bawat buto at katawan nito upang sa gayo'y maging kagaya ito ng ahas na gumagapang. Ito ay mababasa sa sumusunod na talata, Genesis 3:14: "*At sinabi ng Panginoong Diyos sa serpiente, sapagka't ginawa mo ito ay sumpain ka ng higit sa lahat ng mga hayop, at ng higit sa*





*bawat ganid sa parang; ang iyong TIYAN ang ILALAKAD mo, at ang alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay."*

## ANG BUNGA AY HINDI LITERAL

Matapos na malinlang ng serpiente si Eva ay isinumpa nga ng Diyos ang serpiente upang mula sa pagiging malapit sa anyong tao ay naging kahawig ito ng ahas na gumagapang.

Subali't ano nga ba talaga ang bungang ipinagbabawal na tinutukoy sa Biblia na siyang kinain ni Eva upang maging dahilan ito ng pagkakahulog ng tao sa kasalanan? Pansinin na wala tayong nabasa na nagsasabing mansanas nga ang bungang ipinagbabawal.

Ang orihinal na plano ng Diyos sa paglikha sa tao ay sa pamamagitan ng pagbigkas lamang sa tao mula sa alabok, at hindi sa kapanganakang sekswal. Nang likhain ng Diyos si Adan ay sa pamamagitan lamang ng "*Spoken Word*" o binigkas na salita at hindi ng *Sex Program*. Si Adan ay hindi dumaan sa sinapupunan ng sinumang babae bagkus siya ay sinalita lamang ng Diyos mula sa alabok at siya'y naging tao. Genesis 2:7~ "*At nilalang ng Panginoong Diyos ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay*."

Yaon po ang orihinal na programa ng Diyos sa paglikha sa tao - sa paraang pagbigkas na kagaya nga ng bigkasin Niya ang liwanag at sinabing, "*Magkaroon ng liwanag! At nagkaroon ng liwanag*" (Genesis 1:3).

Hindi niloob kailanman ng Diyos na magparami ang tao sa paraang sekswal. Ang sekswal na pagpaparami ay nakatalaga lamang para sa mga hayop nang sila'y likhaing pares-pares ng Diyos. Si Adan ay nilikha ng Diyos kung saan nasa loob na ng kanyang katawan ang babaeng si Eva. Pansining si Eva ay hinugot na lamang mula sa tadyang ni Adan. At sa gayong paraan sana

dadami ang tao, sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang mga pangalan mula sa alabok, ng kanilang mga magulang na sina Eva at Adan, at mula sa lupa ay magsisibangon sila.

Ang tanong ngayon ay ganito: 'Kailan natuklasan nina Eva at Adan ang SEX PROGRAM sa pagpaparami ng tao?' Ahh, dito natin ngayon mauunawaan ang hiwaga ng paksang ito ng *Original Sin*.

Pansinin natin na matapos na magkasala si Eva, ay winika ng Diyos ang bagay na ito sa serpiente "*At papag-aalitin Ko IKAW at ang BABAE, at ang iyong BINHI at ang kanyang BINHI*" (Genesis 3:15).

Ipinapahiwatig sa talatang ito na may BINHING NAIPUNLA ang serpiente kay Eva na siyang papag-aalitin ng Diyos laban naman sa BINHI ng babae. Samakatuwid baga'y kung ang BINHI ng isang babae ay isang batang ANAK, nangangahulugan lamang ito na ang serpiente ay mayroong BINHING ANAK na naipunla sa sinapupunan ni Eva, na siyang papag-aalitin ng Diyos laban naman sa ANAK ni EVA mula kay ADAN. Samakatuwid baga'y kung ang binhing ANAK ni Adan kay Eva ay si ABEL, malinaw na si CAIN naman ang siyang BINHI ng SERPIENTE.

## NILUKUBAN NG DIABLO ANG SERPIENTE

Malinaw na sa Hardin ng Eden ay sinamantala ng Diablo ang katangian ng serpiente upang sapian niya ito at linlangin si Eva. Ginawa ni Satanas ang bagay na ito upang maipasok niya ang kanyang BINHI sa sangkatauhang nilikha ng Diyos at upang magawa niyang guluhing muli ang mundo sa pamamagitan ng kanyang maiitim na balak. Yaon ang naging paraan ng Diablo upang makapasok siya sa sangkatauhan magmula nang siya'y patalsikin ng Diyos mula sa langit bilang si Lucifer, ang anghel na suwail at dating kanang kamay ng Diyos. Hindi niya magawang makapasok sa salinlahi ng tao





na kagaya ng ginawa ng Diyos sa pagkakatawang-tao Niya sa pamamagitan ng sinapupunan ni Maria, kung kaya't nilukuban ng Diablo ang hayop na sierpente upang maisakatuparan niya ang kanyang masamang hangarin ~ ang maghari sa mundo at ang mailuklok niya ang kanyang sarili sa templo ng Diyos upang siya'y sambahin ng lahat ng mga tao bilang ang AntiCristo, ayon sa 2 Tesalonica 2:3-4~ "*Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka't ito'y hindi darating, maliban nang dumating mula ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan, Na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Diyos o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa templo ng Diyos, na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Diyos*."

Bago pa man nagkaroon si Adan ng karnal na pagnanasa sa kanyang asawa, ay nauna na itong tinaglay ng serpiente. At siya nga'y naunahan nito. Ibinahagi ng serpiente ang karanasang ito kay Eva. Ang katotohanan nito ay tinaglay ni Eva ang dalawang ANAK na KAMBAL mula sa magkahiwalay na pagdadalantao. Unang nabuo, ay si Cain mula kay serpiente, at pangalawang nabuo ay si Abel, mula naman sa pagsiping ni Eva kay Adan. Di hamak na nauna ngang naipaglihi ni Eva si Cain at sumunod na lamang si Abel matapos na ialok ni Eva kay Adan ang kanyang nasumpungang kasiyahan. Unang kinasama ni Eva ang serpiente sa umaga at kanyang namang inialok ang bagay na yaon kay Adan sa bandang hapon.

Nang matuklasan ni Eva na ang BUNGA ngang ito ay kasiya-siya, ito'y ipinatikim din Niya sa kanyang asawang si Adan. At mula sa aktong yaon ay nahawi sa kanilang paningin ang tabing ng kabanalan, at nalantad nga sa kanila ang kanilang kahubaran at sila'y nagtakip ng mga dahon ng igos. Aba'y kung literal na bunga ang kanilang nakain ay dapat sana'y bibig nila ang kanilang tinakpan ng mga dahon dahil sa ito ang bahagi ng kanilang katawan na siyang nagkasala. Pero

hindi. Ano nga ba ang kanilang tinakpan? Ang kanilang mga ari (*sex organs*).

Malinaw na ang BUNGANG ipinagbababawal na nahipo ni Eva sa Hardin ng Eden ay hindi mansanas bagkus ito ay ang pagkakatuklas sa SEKSWAL na PAKIKIPAGTALIK. Tinagurian itong "*ADULTERY*" na siyang *ORIGINAL SIN* na naganap sa pagitan ni EVA at ng SERPIENTE. Hindi baga't tayong mga TAO ay "BUNGA" ng ating AMA at INA? Opo. Tayo ang BUNGA ng sekswal na pagtatalik ng ating ama at ina.

Napakaraming kaganapan kung saan napatunayan ng siyensya ngayon na maaari ngang mangyari ang bagay na ito sa prosesong tinagurian nilang "***superfecundation***". Ito ay isang pangyayari kung saan nanganganak ang isang babae ng kambal mula sa magkakaibang ama. Nangyari ito sa ating henerasyon kung saan ang isa sa dalawang bata ng isang ina ay maputi samantalang ang isa ay negro. At inamin ng babaeng yaon na may kalaguyo siyang Afrikano na kinasiping niya sa umaga bago pa siya sumiping sa asawa niyang Americano sa kinagabihan. At batay sa salaysay na iniakyat sa husgado, hindi pumayag na suportahan ng tatay na Kano ang batang negro dahil sa hindi naman daw niya ito totoong anak.

## ANG PARUSANG PANGANGANAK

Pansinin na ang naging parusa ng Diyos kay Eva matapos niyang kainin ang bungang ipinagbabawal ay ang parusang tiisin pang higit ang sakit ng PANGANGANAK at hindi ang pagkain pa ng maraming mansanas. Sa Genesis 3:16 mababasa natin ang ganito: "*Sinabi Niya sa babae, "Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong PAGLILIHI; MANGANGANAK kang may kahirapan.*" Ang bungang ipinagbabawal, mga kapatid, ay hindi literal na bunga kundi ito ay ang senswal na pagkakatuklas sa sekswal na pagpaparami ng tao.





Ipinagbawal ng Diyos na matuklasan ng tao ang sekswal na kapanganakang ito sa kadahilanang ito ang sadyang magdudulot sa tao ng kamatayan. Pinatotohanan ito sa aklat ni Job 14:1 na sinabing, "*ang taong ipinanganak ng babae ay kakaunti ang araw, at lipos ng kabagabagan*". Sa totoo lang, dapat sana ay walang kamatayan ang tao mula sa pasimula dahil tayo'y may buhay ng Diyos, at tayo'y nilikha sa wangis ng Diyos, at taglay natin ang buhay na walang hanggan na kagaya ni Adan noong una siyang likhain ng Diyos sa Genesis 1:26-27. Totoo nga na kung hindi sana dumaan sa sinapupunan ng babae ang tao ay wala siyang kamatayan, at walang karamdaman o pagtanda man, sa kadahilanang siya'y nilikha ng Diyos na orihinal at sakdal mula sa alabok. Subali't noong ang tao'y dumaan na sa sinapupunan ng babae ay doon umiksi ang buhay ng tao at ang naging tiyak niyang hantungan ay ang libingan. Dahil sa pagsuway ngang ito ng sinauna nating mga magulang, ay nangahulog tayong lahat sa kapahamakan. Roma 3:23~ "*Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.*" Ang lahat ng ospital at lahat ng sementeryo ay naitayo ngang totoo nang dahil sa pagsuway ng isang babae lamang~ ng ating inang si Eva.

## KAMBAL NA BINHI

Malinaw na sinasabi ng Biblia na si Cain ay "wala sa tala-angkanan ng mga totoong anak ni Adan". Batay sa pagkasunod-sunod na salinglahi ni Adan ay malinaw na mababasa sa kanyang tala-angkanan na si Seth ang pumalit kay Abel. Sa **Genesis 5** nasusulat ang ganitong pagkasunod-sunod ng salinlahi ni Adan: (1) Adan> (2) Seth> (3) Enos> (4) Cainan> (5) Mahaleel> (6) Jared> at (7) Enoch. Sa Jude 1:14 sinasabi't pinatunayan na "*Si Enoch, ay ikapito sa bilang mula kay Adan*".

Malinaw na WALA si CAIN sa tala-angkanan ni Adan; batay mismo iyan sa talaan ng Banal na Kasulatan. Mababasa

rin na sinabi sa 1 Juan 3:12 na si "*Cain ay galing sa masama*" (*of that wicked one*). Si Cain ay binhi ng Diablo sa pamamagitan ng serpiente at siya ring kauna-unahang mamatay-tao sa Biblia.

Pansinin na si Abel ay hindi na naitala sa tala-angkanan ni Adan sa kadahilanang siya ay pinaslang ni Cain, kung kaya't si Seth na ang nakatala na sumunod at pumalit kay Abel bilang totoong anak ni Adan. Nagpapatunay lamang ito na si Cain ay hindi nga totoong anak ni Adan bagkus siya ay siyang binhi ng serpiente na nailuwal sa pamamagitan lamang ng matris ni Eva.

At magmula nga sa dalawang nag-aalitang binhi na ito ay nasundan pa ito ng mas lalo pang maraming KAMBAL NA BINHI sa bawat salinlahi. Matutunghayan natin ang mga nag-aalitang binhi batay sa mga sumusunod na karakter sa Biblia: sina (1) Esau at Jacob, (2) Ishmael at Isaac, (3) Moses at Faraon, at (4) Judas at Jesus. Sila ang mga BINHING NAG-AALITAN na siyang tinukoy ng Diyos mula pa sa Hardin ng Eden, "*At papag-alitin Ko IKAW at ang BABAE, at ang iyong BINHI at ang kanyang BINHI*" (Genesis 3:15). Madalas ding isinasalarawan ang mga kambal na ito sa pamamagitan ng mga terminong trigo at damo, ang kalapati at ang uwak, ang tupa at ang kambing, at ang agila at ang buwitre, sa mga pahina ng Biblia.

## DUGO ANG DAHILAN NG KASALANAN,<br>DUGO RIN ANG KABAYARAN

Pansinin na ang naging dahilan ng unang pagkakasala ng tao ay dugo. Papaano ko pong nasabing dugo?

Naghalo ang dugo ng serpienteng hayop at ng babaeng si Eva upang mabuo si Cain sa kanyang sinapupunan. Sa madaling sabi, nasalaula at nadungisan ang orihinal na obra maestra ng Diyos ~ ang tao na Kanyang nilikha mula sa Kanyang wangis. Dahil sa dugo ng serpiente na humalo sa dugo ng tao at sa mga salinlahi ni Cain, kung kaya't nilipol ng Diyos ang lahat ng tao sa lupa sa pamamagitan ng tubig-baha sa kapanahunan





ni Noe. Itinira lamang Niya ang pamilya ni Noe kung saan inumpisahang muli ng Diyos ang pagpapadami ng tao sa pamamagitan ng tatlong anak ni Noe na sina Ham, Shem at Japeth.

Minarapat ng Diyos na dugo rin ang siyang maging kabayaran para sa kaligtasan ng tao kung kaya't nasusulat sa Hebreo 9:22, "*At ayon sa Kautusan, ay halos masasabi kong lahat ng mga bagay ay nalilinis ng DUGO, at maliban na sa pagkabuhos ng DUGO ay walang kapatawaran*".

Kinailangan ang dugo ng isang sakdal at dalisay na tao, si JesusCristo ~ ang Cordero ng Diyos, ang pangalawang Adan, upang maipanumbalik ang tao sa banal na presensya ng Diyos.

Kinailangang dumating sa lupa ang pangalawang Adan na walang iba kundi si Jesus Cristo, upang tubusin tayo mula sa tanikala ng kasalanan. Si Jesus, kagaya rin ng unang Adan, ay hindi dumaan sa *SEXUAL REPRODUCTION* na nagmumula sa pagtatalik ng isang babae at lalake. Hiniram lamang ng Diyos ang sinapupunan ni Maria bilang isang ***incubator*** upang maipanganak si Jesus sa lupa na Siyang kapuspusan ng buong pagkaDiyos ayon sa laman. Si Jesus ay hindi nagmula sa binhi ni Jose kay Maria. Nagmula si Jesus sa *hemoglobin* at *egg cell* ng Diyos na Kanyang binuo mismo sa sinapupunan ni Maria. Si Jesus ay mismong "dugo" ng Diyos.

Si Jesus ay isa ring '*Spoken Word Being*' na kagaya ni Adan kung kaya't Siya lamang ang natatanging Manunubos na karapat-dapat at may kakakayahang magligtas sa tao bilang *Kinsman Redeemer.* Si Jesus, "*Na SIYANG kinaroroonan ng ating KATUBUSAN, na SIYANG KAPATAWARAN ng ating mga kasalanan, Na SIYA ring LARAWAN ng DIYOS na DI NAKIKITA*" (Colosas 1:14- 15). Si Jesus ay walang iba kundi ang Diyos na nagkatawang tao upang maisakatuparan ang katubusan nating lahat mula sa kasalanang minana natin sa ating sinaunang mga magulang.

## ANG MGA BINHI NG SERPIENTE NGAYON

Hanggang sa ating kapanahunan ay naririto pa rin ang BINHI ng SERPIENTE. Sila ay ating nakakasalamuha sa araw-araw at sila'y tinukoy ng Biblia bilang ang mga "anak ng pagsuway" (Efeso 2:2). Tinukoy din sila sa 1 Pedro 2:8 bilang mga "*batong katitisuran, at bato na pangbuwal; sapagka't sila ay natitisod sa Salita, palibhasa'y mga suwail: na dito rin naman sila itinalaga*."

Sa Jude 1:4 ay tinukoy din sila, ~"*Sapagka't may ilang taong nagsipasok ng lihim, yaong mga itinalaga nang una pa sa kahatulang ito, mga di banal, na pinalitan ng kalibugan ang biyaya ng ating Dios, na itinatatuwa ang ating iisang Guro at Panginoong si Jesucristo*."

Datapuwa't pansining nakatawid pa rin mula sa baha ng delubyo ang mga binhi ng serpiente at sila'y nakapasok sa ating kapanahunan sa pamamagitan ng mga asawang babae nina Noe, Ham, Shem at Japeth. Nadala ng mga ito ang "*serpent gene*" kung kaya't nailuwal muli ang mga binhi ng serpiente sa nagdaang salinlahi na kagaya nina Nimrod, sina Goliath, Faraon, Judas at maging ng mga Pariseo't Saduceo sa kapanahunan ni Jesus.

Di baga't tinawag ni Jesus na "lahi ng mga ulupong" ang mga relihiyosong Pariseo't Saduceo na siyang nagpapako sa kanya sa Krus ng Kalbaryo?

Kaya't hanggang ngayon sa ating kapanahunan ay naglipana pa rin ang mga binhi ng serpiente. Ang iba sa kanila'y tumatayo pa nga sa mga pulpito ng mga sekta't denominasyon at sila'y yaong tinagurian ni Jesus bilang ang mga *Nicolaitanes.* Sila ay makikilala sa pamamagitan ng kanilang pagtuligsa sa katotohanan at pag-usig sa mga Cristianong nagdadala ng totoong kapahayagan ng Salita ng Diyos sa bawat kapanahunan.





Mateo 7:21-23~ "*Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan*."

## ANG LAHI NG MGA ULUPONG

Pansining ang binhi ng serpiente ay sadyang relihiyoso mandin. Si Cain ay gumawa rin ng sariling altar at sumamba rin sa Diyos. Si Cain ay kagaya rin ng mga Pariseo't Saduceo na kunyari'y banal sa panlabas, datapuwa't nasa loob naman ang katampalasanan. Gaya nga ng kanilang amaing si Cain, inusig at ipinapatay nila si Jesus Cristo sa krus ng Kalbaryo. Sila nga ay naturingang mga "lahi ng ulupong" na kagaya ng ama nilang si Cain na siyang pumatay kay Abel. Kanilang pinaslang ang Hari ng mga hari, ang Panginoon ng mga panginoon, na walang iba kundi ang ating Panginoong Jesus Cristo.

Sa huling mga araw ay mangyayari din na uusigin ngang muli ng mga binhi ni Cain ang totoong mga Cristiano. Kanilang susubuking iligaw ang nakararami anupa't "*dadayain nila ang mga hinirang kung maaari nga lamang*" (Mateo 24:24). Subali't kung ikaw ay hirang ng Diyos at bahagi ng Nobya ni Cristo ay tiyak akong hindi ka kailanman madadayaan.

Di baga't batay sa kasaysayan ay pinag-uusig ng mga binhi ng serpiente ang mga binhi ng Diyos sa panahon ng ***Dark Ages*** sa tinaguriang ***Holy Inquisition*** kung saan 68 milyong mga Cristiano ang kanilang pinagsusunog sa arena, *tinorture*, at ipinakain sa mga leon, sa pamamagitan ng paganong

relihiyon ng Roma? Sa kanilang mga gawa ay nahahayag nga ang totoong kulay nila. "*You are of your father, the Devil,*" ang turing ni Jesus sa kanila.

**ANG KAPANGANAKANG MULI**

Itinuro sa atin ni Jesus sa Juan 3:3 na, "*Maliban na ang tao ay IPANGANAK NG MULI (Except a man be BORN AGAIN) ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng langit*". Bakit po ito itinuro ng Panginoon? Bakit kinakailangan tayong maipanganak ng muli?

Ang kadahilanan po nito ay dahil sa mali at pumalpak ang ating naging unang kapanganakan. Ipinanganak po tayo sa paraang SEKSWAL gaya ng kung papaanong ang mga hayop ay nagpaparami, ***through sex birth***. Ang kaganapang ito ay hindi sakdal na kalooban ng Diyos para sa tao, kung kaya't kinakailangan tayong maipanganak na muli. Sinabi ni Jesus na "*Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos*" (Juan 3:5). Kinakailangangang maipanganak tayong muli, hindi na sa laman o sa *sexual* na kaparaanan, kundi sa ISPIRITWAL nang kapanganakan. Kinakailangan nating mabautismuhan sa Tubig at sa Espiritu upang makapanumbalik tayo sa orihinal nating kalalagayan, sa kalalagayang sakdal sa harapan ng Diyos. Ito ang kaparaanan ng Diyos ngayon upang tayo'y matubos at maligtas. Kinakailangang lumakad tayo ayon sa Espiritu upang masupil natin ang mga pita ng laman.

Mansanas nga ba ang naging dahilan ng ating pagkakasala? Kayo na ho ang magpasya para sa sarili ninyo. Inyo nang nabasa ang katotohanan, at ang katotohanang ito ang siyang dapat na magpalaya sa inyo.





# Sa Sekta at Relihiyon, May Kaligtasan ba?



Napag-usisa na ba natin kung ano ang sadyang pinagmulan ng mga nagsisilitawang sekta at denominasyon na nagkalat sa ating lipunan ngayon? Saan nagmula ang sari-saring uri ng mga relihiyong ito? At bakit naman kaya pinahintulutan ng Diyos na maganap ang ganitong pagkabaha-bahagi?

Tinatayang mayroon ngayong humigit kumulang sa tatlumpu't tatlong libong (33,000) denominasyon sa balat ng lupa. Bawat isa ay nag-aangkin na sila ay may dalang katotohanan, at sila ay may kapangyarihang makapagligtas ng tao, at sila ang may totoong pagpahid ng Diyos. Maaari nga ba kayang mangyari na ang lahat ng sekta sa lupa ay pawang nasa katotohanan nga?

Iisa lamang ang Biblia datapuwa't iba't-iba ang kanilang pakahulugan ukol dito. Kung ang bawa't sekta nga ay may wastong paninindigan, bakit tila baga naroroon pa rin sa kanila ang hidwaan, alitan, argumento, debatehan at di pagkakasundo-sundo?

Ang bawa't sekta ay naglalayong maagaw ang miyembro ng kabilang sekta kung saan tila baga batayan ang dami ng

miyembro upang masabing nasa katotohanan nga sila. Di ba nila alam na marami ang tinawag, subali't kakaunti lamang ang pinili? Madalas na marinig din natin ang pananakot ng iilang mga pinuno ng bawat sekta na nagsasabing, "O, kailangan ninyong umanib sa amin upang kayo ay maligtas, dahil kung hindi kayo aanib sa amin ay sa impiyerno sigurado ang tungo ninyo!"

Ganyan po ang madalas na ipangalandakan ng bawat sekta at relihiyon. Ang gawaing gayon ay isang tahasang paglapastangan sa kaluwalhatiang nararapat lamang na maibigay sa Panginoong Jesucristo. Bakit kamo? Ito'y sa kadahilanang sinabi ni Jesus sa Juan 14:6 na, "*AKO ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay: sinoman ay di makaparoroon sa AMA, kundi sa pamamagitan Ko*."

## WALANG KALIGTASAN SA RELIHIYON

Samakatuwid baga'y hindi sekta o relihiyon ang DAAN at KATOTOHANAN. Walang ibang kaligtasan ang maaaring angkinin ng sinumang grupo, sekta o relihiyon, maliban mismo sa kaligtasang dulot ng pagpapakasakit at kamatayan ni Jesus Cristo sa krus ng Kalbaryo.

Hindi po ibinigay ang mga pangalang Baptist, Methodist, Adventist, Presbyterian, Pentecostal, Anglicans, Catholic, Protestant, Jehovah's Witness, Mormons, atbp, upang ang tao ay maligtas. Kundi ang pangalang ibinigay ng Diyos upang tayo ay maligtas ay ang Pangalan lamang ni Jesus Cristo. "*Walang ibang PANGALAN na ibinigay sa silong ng langit upang sukat nating ikaligtas*", maliban lamang sa Pangalan ni Jesus Cristo (~Mga Gawa 4:12).

Samakatuwid baga'y hindi "RELIHIYON" ang kailangan ng tao upang maligtas, kundi pakikipag-"RELASYON" kay Jesus Cristo. Ang ariin mong si Jesus Cristo ang siya mong sariling Panginoon at Tagapagligtas - iyan ang susi sa tunay na





kaligtasan.

"*Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang dumirinig sa Aking SALITA, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay MAY BUHAY NA WALANG HANGGAN, at hindi na hahantong sa paghatol, bagkus LUMIPAT na sa kabuhayan mula sa kamatayan*." Iyan ang itinuro ni Jesus sa atin, sa Juan 5:24.

Tunay nga na sa pakikinig at pagtupad lamang sa mga SALITA ni Jesus Cristo nakasalalay ang ating kaligtasan, at hindi sa pamamagitan ng pag-anib sa anumang sekta o relihiyon.

## ILAN BA DAPAT ANG MIYEMBRO NG TOTOONG IGLESYA?

Ilan nga ba ang batayan upang maituring tayo bilang Iglesya ng Diyos? Ang sabi ni Jesus sa Mateo 18:20 ay "*Saanman DALAWA o TATLO ang nagkatipon sa Aking Pangalan, naroroon Ako sa kanilang kalagitnaan.*" Hindi pala libo o milyon ang batayang bilang upang makapiling natin ang Panginoon sa ating mga pagtitipon. Kundi kahit dalawa lamang pala o tatlo ang magkatipon sa Kanyang Pangalan ay naroroon na rin Siya sa ating kalagitnaan.

## TAO ANG TEMPLO NG DIYOS, HINDI ANG GUSALI

Sadyang hindi rin gusali na gawa sa bato o kahoy ang itinuturing na iglesya ng Diyos. Tayo, bilang mga tao, ang ating mga katawan, ang siyang totoong templo ng Espiritu Santo. Mababasa ito sa Mga Gawa 7:49: "*Bagama't ang Kataas-taasan ay hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay. Ang langit ay Aking luklukan; at ang lupa ay tungtungan lamang ng aking mga paa; anong uri ng bahay ang itatayo ninyo para sa Akin?*" Iyan ang mga pangungusap ng Diyos.

"*O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong KATAWAN ay TEMPLO ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos?*" Aba'y saan daw po ba nanahan ang Diyos, ayon sa 1 Corinto 6:19? Sa ating mga katawan po pala nanahanan ang Diyos. Tayong tao pala ang tunay na Iglesya ng Diyos. Ang ating katawan mismo, na siyang pinanahanan ng Espiritu Santo, ang totoong TEMPLO ng Diyos, at hindi ang matutulis na gusali o anumang edificio na gawa lamang ng tao mula sa kahoy at semento. "*Dalawa ang natutulog, ang isa'y iiwan at ang isa'y kukunin,*" ganyan po ang mangyayari sa Pag-agaw o *Rapture* na magaganap sa Iglesya. Hindi po ito batay sa grupohan.

## ANG UGAT NG PAGDAMI NG SEKTA AT RELIHIYON

Datapuwa't papaano ngang nangyari na inangkin ngayon ng bawa't sekta at relihiyon ang patungkol sa kaligtasan ng tao? Atin pong alamin at suriing mabuti ang bagay na ito.

Nagpasimula ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pagdaragdag at pagbabawas ng pansariling interpretasyon sa Biblia ng bawa't sekta at relihiyon. Ito ang siyang pinaka-ugat ng pagdami ng sekta at denominasyon, noon hanggang ngayon. Nilapatan ng bawat sekta ng pansarili nilang unawa ang Banal na Kasulatan kung kaya't dumami ang sekta at relihiyon sa mundo. Bawa't isa ay gumawa ng sarili nilang *credo at dogma*. Bagama't iisa lamang ang Biblia, datapuwa't napakaraming iba't-ibang interpretasyon meron ngayon.

Pupuwede nga ba kayang lagyan natin ng pansariling interpretasyon ang Biblia? Hindi po. Kailanman ay hindi ipinahintulot ng Diyos sa tao na haluan ng pansarili nilang interpretasyon ang Kanyang SALITA. Ito'y nasasaad sa 2 Pedro 1:20- "*Na maalaman muna ito, na alinmang hula sa Kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag*," at sa Roma 3:3~ "*Ang bawat salita ng tao ay kasinungalingan, datapuwa't ang salita ng Diyos ay siyang katotohanan*."





Kung papaanong nalinlang ni Satanas si Eva sa pamamagitan ng maling interpretasyon nito patungkol sa salita ng Diyos, ay sa ganuon ding paraan inudyukan ni Satanas ang mga sekta't relihiyon ngayon upang lapatan nila ng pansariling pagpapaliwanag ang Biblia. Nagdulot ito ng *hybrid teaching* sa kanilang mga turo. At ang anumang *HYBRID* ay hindi na puro't dalisay. Bawat sekta ay mayroon nang lebadurang turo.

Pansinin natin ang utos na ipinagbilin ng Diyos kina Eva at Adan sa Genesis 2:16-17 "*Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.*" Iyan ang kabilin-bilinan ng Diyos sa una Niyang mga nilikha.

Subali't heto naman ang sariling pagpapaliwanag ng Diablo sa kanila: Genesis 3:4: "*At sinabi ng serpiente sa babae, "Tunay na HINDI kayo mamamatay. Sapagka't talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Diyos*."

Aba'y binigyan nga talaga ni Satanas ng ibang pagpapaliwanag at pakahulugan ang Salita ng Diyos kung kaya't nasadlak ang tao sa kasalanan at kapighatian nang dahil sa pakikinig dito. Dinagdagan lamang niya ito ng katagang "hindi" sa pagitan ng talata at duon tayo lahat ay napahamak.

Iyan pa rin ang istilo ni Satanas hanggang ngayon - ang haluan ng maling interpretasyon ang Salita ng Diyos upang ang tao ay mawalay sa sakdal Niyang kalooban. Ginagamit ni Satanas ang mga seminaryo't *Bible School* ng mga sekta't relihiyon upang maisakatuparan nila ang mga bagay na ito.

Ang Baptist ay iba ang turo kesa Methodist. Ang Protestante ay iba ang turo kesa Katoliko. Ang Fundamentalist

ay iba ang turo kesa mga Pentecostals. Kagaya ng ginawa ng Diablo sa pasimula, nilapatan din ng denominasyon ng pansariling pagsasalin ang Salita ng Diyos ayon sa kanilang pansariling unawa kung kaya't hindi na puro at may mga lebadura na ang aral na dala ng bawat denominasyon ngayon.

## ANG PANANATILI SA SALITA NG DIYOS ANG SIYANG BATAYAN NG KATOTOHANAN

Napakahalagang manatili lamang ang tao sa purong aral ng Biblia - ang Salita ng Diyos, sapagka't kamatayan ang kahulugan ng paglayo rito.

Sa kadulu-duluhan ng Biblia ay nagbanta ang anghel ng Diyos patungkol sa bagay na ito, at sinabing: "*Kung ang sinoman ay MAGDAGDAG sa mga ito, ay daragdagan siya ng Diyos ng mga salot na nakasulat sa Aklat na ito. At kung ang sinoman ang MAG-AALIS sa mga nakasulat sa Aklat ng hulang ito ay aalisin ng Diyos ang Kanyang bahagi sa punongkahoy ng buhay, at sa bayang banal*" (Apocalipsis 22:18-19).

Ang pagkakamali ng bawat sekta at denominasyon ngayon ay ang paghalo nila ng LEBADURANG TURO sa ispiritwal na tinapay na ito ng Diyos - ang Biblia.

Maging ang pagpapala ng Diyos ay dumarating lamang kapag sinusunod natin ang Kanyang purong Salita. "*Kung kayo'y nagsisipanatili sa Akin, at ang mga SALITA Ko'y magsisipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin ito sa inyo*" iyan ang pangako ni Jesus sa Juan 15:7.

Heto nga't sa kalagitnaan ng Biblia ay sinabi rin ni Jesus mismo na, "*Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang kundi sa bawat salita na namumutawi sa bibig ng Diyos*" (Mateo 4:4). Hindi lang daw po pala sa 99 porsyento lamang ng Salita ng Diyos ang dapat nating sundin, kundi sa bawat salita ng Diyos ang tao ay dapat na mamuhay.





## ANG KASAYSAYAN NG PAGDAMI NG RELIHIYON

Nagpasimula ang bawat sekta at denominasyon sa simbahang Iglesyang Romana Catolika. Ang *Roman Catholic Church* ang maituturing na INA ng lahat ng sekta sa lupa. At ang lahat ng sektang Protestante naman ay itinuturing sa Biblia bilang mga ANAK na babae ng Iglesyang Romana Catolica (Apocalipsis 17:5).

Bago pa man naitatag ang Iglesya ng Romano Catolico, ito ay nagpasimula muna sa sistemang pagano – ang siyang ***Old Roman Empire*** sa pamumuno ng isang Roman Emperor. Hindi kaila sa lahat na ang Imperyong Romano, sa pamumuno mismo ni Julius Caesar, ang siyang nagpapatay kay Jesus Cristo sa hatol at parusang kamatayan (*capital punishment*). Ito'y ipinatupad ni Poncio Pilato bilang kapalit ng pagpapalaya kay Barrabas, ayon din sa udyok ng mga Pariseo't Saduceo.

Maaaring maitanong ninyo: papaanong nangyari na ang dating pangunahing tagausig ng Cristianismo, na siyang Romanong sistema, ay naging mga Cristianong bigla? Ito'y tila baga isang kakatwang bagay. Papaanong nangyari na inangking bigla ng Roma ang pagiging Iglesya ni Cristo samantalang sila mismo ang nagpapapatay kay Cristo Jesus sa krus ng Kalbaryo? Aba'y ito'y tila isang napakaimposibleng bagay.

## ANG PASIMULA NG IGLESYANG ROMANO

Hayaan ninyong isalaysay ko sa inyo ang kaganapan ng bagay na ito. Sa mga nagdaang panahon, nang mapagtanto ng Emperyong Romano na mabilis na lumaganap ang Cristianismo sa buong mundo matapos nilang maipapatay si Cristo, ay nangamba sila na baka maitaob ng Cristianismo ang kanilang kapangyarihang taglay bilang pinakapangunahing emperyo sa lupa. Gumawa sila ng paraan upang maiwasang maganap ang

bagay na ito, at upang lalo pa nilang mapadami ang kanilang mga nasasakupang mga tao.

Sinakyan nila ang pangalang "Cristianismo" at kanila ring niyakap kunwari ang pananampalatayang ito. Subali't ang kaibahan nila sa totoong Cristianismo na naitatag ng mga apostol sa Jerusalem, ay ang paghalo pa rin nila dito ng kanilang sistemang pagano.

Upang magmukhang makatotohanan nga ang bagay na ito, kanilang inilagay sa pwesto ni **Jupiter** na kanilang "*pagan god of heaven*" ng ***Roman Mythology***, itong si apostol Peter bilang pinaka-unang papa raw naman ng Iglesya Romana. Subali't sa totoo lang, wala ni isa mang *historical fact* na nagsasabing si *Apostle Peter,* na isang Israelita, ay napunta man lamang sa Roma. At sa totoo lang din, si Pedro din ay may asawa (basahin sa Mateo 8:14) at ito'y malinaw na salungat sa pagtuturo ng *Roman Catholic Church* na di dapat mag-asawa ang isang pari, papa o obispo (Basahin din sa 1 Timoteo 3:2).

Sinimulan ding baguhin ng Roma ang pagano nilang sistema ng pagsamba sa mga rebulto at diyos-diyosan. Imbes na ang dating *Roman gods and goddesses* pa rin ang kanilang rebulto, kanilang pinalitan lamang ang mga pangalan nito ng mga pangalan ng santo at santa ng Cristianismo. Kanilang ipinalit si Maria sa Roman "*goddess of heaven*" nilang si Venus. At ibinaling nila ngayon kay Maria ang pagsamba bilang "*queen of heaven*", na siyang dating titulo ni Venus sa kanilang *Roman Mythology.*

**ANG NICEAN COUNCIL**

Humantong sa isang malaking pagpupulong ang lahat. Nagpatawag ang Roman Emperor na si **Constantine** ng isang pangkalahatang pagpupulong na tinaguriang ***Nicean Council***





noong taong 325 A.D. Layunin ng konsehong ito na papag-anibin ang lahat ng mga pagano, Romano, Griego at mga Cristiano sa ilalim ng isang bagong tatag na relihiyon na kinilala bilang ang Iglesya Romana Catolica na nga. Ang mga totoong Cristianong tumangging makilahok sa kanilang "*Hybrid System of Pagan Religion*" ay pinag-uusig ng Roma. Ang karamihan sa kanila ay ipinahuli, ibinilanggo, pinakain sa leon at ang iba'y ipinasunog sa gitna ng Roman arena. Ang iba nama'y pinagpapatay sa pamamagitang ng *torture*, sa ilalim ng *Holy Roman Inquisition.* ***Sixty-eight (68) million martyrs*** ang nakatala mismo sa *world history* ang walang-awang pinagpapatay ng *Roman Catholic Church* noong panahon ng *Dark Ages.* Kasama na dito sina Joan of Arc at Saint Patrick.

Di baga't sadyang inamin ito mismo ni Pope John Paul II noong pumunta siya sa bansang Israel noong Marso taong 2000 kung saan humingi siya ng tawad para sa mga kasalanang nagawa ng *Roman Catholic Church* laban sa mga Hudyo at sa mga Cristiano sa mga nagdaang siglo?

**CREDO AT DOGMA**

Ang sistemang Romano Katoliko ang siyang kauna-unahang sistema na humiwalay sa katuruan ng Biblia at pinagpapalitan ng *dogma at credo* ang katuruan nito.

Saan mo mababasa ang **Purgaturyo** sa Biblia? Wala. Saan mo mababasa na kasalanan ang kumain ng karne pag araw ng Biyernes? Wala rin. At lalong walang mababasa na pwede pang bayaran ng tao ang kaligtasan ng mga kaluluwang namatay na para mailipat sila sa langit. Lahat ng ito ay *hybrid teaching* ng *Roman Catholic Church*. Sa totoo lang, kanilang ipinagbawal sa lahat ng mga Catoliko ang pagbabasa ng Biblia noon, at

kanilang ipinasunog ang mga ito upang huwag malantad sa tao ang kanilang lihis na mga aral.

Matagumpay na napagtakpan ng Iglesya Romana ang kanilang mga maling aral sa pamamagitan ng pagbabawal noon sa mga Katoliko sa pagbabasa ng Biblia. Maliban daw kasi sa pari ay wala nang iba pang pwedeng magbasa ng Biblia't baka masiraan lang daw ng bait ang tao kapag binasa nila ito. Ito'y naging isang napakabisang paraan ng *Roman Catholic Church* upang mailihis nga nila ang mga tao papalayo sa purong Salita ng Diyos.

## ANG "REFORMATION" NI MARTIN LUTHER

Subali't dumating ang takdang panahon upang ang kanilang maling mga aral ay malantad. Isang paring Aleman na nagngangalang ***Martin Luther*** ang nabuksan sa katotohanan ng Biblia sa taong 1520. Nang mahayag kay Luther ang mga maling sistema na ito ng relihiyong kanyang kinabibilangan ay karaka-daka'y tumalikod siya sa sistemang ito ng *Roman Catholicism*. Sinimulan niyang ipangaral sa mga tao ang katotohanan ng Biblia sa tinaguriang "***great reformation***". Kanyang itinuro na ang tao'y maliligtas batay sa pananampalataya at hindi sa kanilang mga gawa. "*The Just Shall Live By Faith*", ito ang kanyang pinakapangunahing katuruan at aral. Kay Luther nagpasimula ang "***Protestant Movement***".

Kasabay rin ng kaganapang ito ang pagkaka-imbento sa ***Printing Press*** na ipinakilala ni Gutenberg sa Alemanya. Ito'y naging daan upang mapasimulang maipalimbag nang muli ni Luther ang daan-daang Biblia. Ginawa niya ito upang maipabasang muli sa mga tao ang purong Salita ng Diyos.

Ipinaskil ni Luther ang tinagurian niyang "***95 Thesis***"





sa pintuan ng Iglesya Romana kung saan duo'y nasasaad ang lahat ng mga tiwaling aral ng iglesyang Romano. Kanya ring kinondena ang maling sistema ng *Roman Catholic Church* ukol sa paniningil nito ng salapi para sa panalangin sa mga patay na nasa Purgaturyo. Kinondena rin niya ang pagbebenta nito ng mga pwesto sa simbahan sa mga mayayaman at maharlika. Kinondena rin niya ang pagbebenta nito ng kapatawaran (*indulhensiya*) para sa mga kasalanang nakatakdang gawin pa lamang ng isang tao. Ang mga mga dogmang ito ang sadyang pinagkakaperahan ng kanilang mga kaparian. Kung kaya't ibinalik ni Luther ang turong "*freely receive, freely give*". Kung tinanggap nga naman natin ng libre ang kaligtasan kay Cristo ay ipamahagi rin naman natin ito ng walang bayad.

## ANG BIBLIA ANG SIYANG "*ABSOLUTE*"

Ang Biblia ang siyang dapat na ***absolute*** ng bawa't Cristiano, at hindi ang anumang dogma o credo na pansariling interpretasyon lamang ng tao. Ang ibig sabihin ng "***absolute***" ay "pamantayan at basehan o panghuling kongklusyon". "*Let every man's word be a lie and My Word be the TRUTH,*" ang sabi ng Panginoon sa Romans 3:3.

Nang pumanaw ang paring si Luther na siyang kauna-unahang *reformer,* inorganisa namang muli ng mga naging tagasunod ni Luther ang aral nilang ito. Sila ay nag-angkin din na maliban sa grupong LUTHERANS ay wala nang iba pang katotohanan. Tinuldukan nila ang kanilang turo. At dahil sa ginawa nilang ito ay naging isang organisasyon muli at makataong sistema ang mga Lutherans na gaya rin ng sistemang kanilang nilabasan, ang kanilang INANG Katoliko. Naging isang sektang muli ang mga Lutherans na kagaya ng kanilang inang Romano Catoliko matapos na mamatay si Martin Luther.

## ANG MGA NAGING BUNGA NG REFORMATION

Kung kaya't sumunod na lumabas sa SISTEMANG Lutherans ay itong si JOHN CALVIN, na siya namang nagtatag ng sektang *CALVINISM*. Dito nagmula ang turong "*eternal security*". Mula naman kay Calvin ay naitatag ang denominasyong ANGLICANS. Subali't di rin kalaunan, ito'y muling naging isang organisadong relihiyon. At gaya nga ng kanilang inang Katoliko, inangkin din nila na maliban sa turong Calvinism ay wala nang iba pang katotohanan. Kung kaya't magmula naman sa mga Anglicans ay ipinanganak ang mga METHODISTS sa pangunguna ni JOHN WESLEY. Sa kanila naman nagsimula ang turo patungkol sa kabanalan (*holiness at sanctification)*. Mula sa mga Metodista naman ay nailuwal din ang grupong CAMPBELLITES, na siyang nagluwal naman sa *CHURCH of CHRIST.*

Mula sa CHURCH of CHRIST ay ipinanganak naman ang mga BAPTISTS, sa pamumuno ng kanilang founder na si JOHN SMITH. Ang mga Baptists ay nagkagulo-gulo mandin sa doktrina at nahati naman sila sa Northern Baptist, Trinity Baptist, Bible Baptist at Southern Baptist. At magmula naman sa mga Baptists ay ipinanganak ang mga EVANGELICALS at mga tinaguriang FUNDAMENTALISTS. At sumunod pa rito ay ang iba pang mga sekta na kagaya ng SEVENTH-DAY ADVENTISTS, JEHOVAH WITNESSES, MORMONS, at marami pang iba't-ibang *splinter groups*.

Sa samahan ng mga METODISTA ay may pag-aaway-away mandin sa doktrina at lumabas mula dito ang mga WESLEYANS, na nanganak din naman sa mga NAZARENES, na nagluwal pa uli sa grupong PILGRIM HOLINESS.

Ang pinakahuling SEKTA na nailuwal mula sa kanilang inang Katoliko ay ang mga PENTECOSTALS, na kilala rin sa tawag na *Charismatics.* Kagaya rin ng kanilang INANG KATOLIKA, nagluwal din ito sa mga organisasyong kagaya ng ASSEMBLIES OF GOD, PENTECOSTAL FOURSQUARES, CHURCH OF GOD, APOSTOLIC ONENESS, UNITED PENTECOSTALS (UPC), JESUS MIRACLE CRUSADE at marami pang iba.





LAHAT NG SEKTA, gaya ng kanilang INANG KATOLIKO, ay nangangalandakang sila lang ang TAMA at lahat ng iba ay mali. Sa totoo lang, lahat ng sistema ng sekta ay pawang MALI dahil sa ang aral nila'y hindi na PURO, bagkus mga *dogma at credo* na ng kani-kanilang mga *founders* ang kanilang ipinapangaral. Di ba't ganito rin ang kalalagayan ng mga Pariseo't Saduceo noong sila ay datnan ni JesuCristo sa Israel? "*By your traditions, you have made the WORD of God of NO EFFECT to the people!* (Mark 7:13) ... *In VAIN they do worship me, teaching for doctrine the commandments of men!*" (Mat. 15:9) Iyan po ang hatol ni Cristo sa kanila noon, at ganuon pa rin ang hatol ni Cristo sa bawat sekta't denominasyon ngayon!

## *MYSTERY BABYLON*, INA NG MGA PATOTOT

Ayon sa Apocalipsis 17:3-8, lahat ng SEKTA ay mga ANAK na PATOTOT (*Harlots*) ng kanilang INANG PATOTOT din (*Whore*).

Ang tunay na Iglesya ay itinuturing na BIRHEN sa Biblia, isang birhen na aasawahin ni CRISTO, na Siyang SALITA NG DIYOS. Kapag ang isang birhen ay tumanggap ng ibang mga binhi (Credo at Dogma) sa kanyang sinapupunan (*Spiritual Womb*) liban sa purong Salita ng Diyos, sila'y itinuturing na Patotot sa Biblia. Tinaguriang "***Spiritual Fornication***" at "***Spiritual Adultery***" ang bagay na ito, at ito'y isang pangangalunya laban kay Cristo.

At balang araw, ang lahat ng sekta ay muling manunumbalik sa pangangasiwa ng kanilang inang Romana Catolika sa tinatawag na ***Ecumenical Council o World Council of Churches*** (WCC). Dito ay gaganaping muli ang pagtatayo ng pangalawang TORE ni BABEL,

na siyang magtatanyag sa ANTICRISTONG darating upang iluklok ang DIABLO sa tinaguriang "*MARK OF THE BEAST*".

Itatatag ng pinagsamang pwersa ng Catolicismo at Protestantismo ang ***One-World Religion***, at ito na nga ang nilalakad ni Pope Francis sa kasalukuyan. Kanyang hinihimok ngayon ang malalaking Protestanteng grupo na kagaya ng mga pinamumunuang sekta nina Kenneth Copeland, Joel Osteen, Rick Warren at iba pang uri ng pananampalataya upang makipagkaisa na sa kanyang panukalang ***New World Order***. Kanya na ring hinihimok pati na ang mga grupong Islamic, Judaism, Hinduism, at Buddhism upang magsamasama na sila sa ilalim ng *NWO* upang makontrol na ng samahang ito ang pamamalakad sa pananalapi, ekonomiya, politika at militarisasyon ng buong mundo.




At kagaya nga ng sinaunang *Nicean Council* ng Roma, kanilang uusigin din ang lahat ng mga hindi aanib dito. Gagamitin nila ang kapangyarihang militar ng *United Security Council* upang usigin at ipasara ang alinmang iglesya na hindi sasapi rito. Opo. Ipapatupad ng *World Council of Churches* ang TATAK sa NOO at ang TATAK sa KAMAY na siyang BILANG ng Hayop - ang 666. Hindi nila pahihintulutan pang makapagbili, makapagnegosyo,





makapag-aral, o ni makapagbiyahe man ang sinumang hindi kabilang sa unyong ito ng mga relihiyon, maliban na may TATAK sila sa kamay o noo.

Ang *World Council of Churches,* batay sa kapahayagan ng Biblia, ay siyang LARAWAN NG HAYOP (*IMAGE of the BEAST*) sa kadahilanang ang katagang "*BEAST*" ay tumutukoy sa "*POWER*" o kapangyarihan, at ito ay walang iba kundi ang *POWER of ROME*, na siyang ika-apat na kapangyarihang naghahari sa daigdig ngayon, mula sa mga nauna nang mga kaharian ng Babilonia, Medo-Persia at kahariang Griego batay sa imahen at pangitain ni propeta Daniel.

## ANG "WORLD COUNCIL OF CHURCHES"

Ang Ecumenical Council o *World Council of Churches* (WCC) ay isang pandaigdigang samahan ng mga **Protestanteng iglesya** na binubuo ng halos limang-daang milyong miyembro buhat sa 110 bansa. Ito ay itinatatag noong taong 1948 sa bansang Netherlands na may layuning pagbuklurin ang lahat ng iglesyang Baptists, Methodists, Presbyterian, Fundamentalists, Episcopalians, Adventists at Pentecostals. Sa suma-total na 345 iglesyang kasapi, 147 nito ay pawang mga Protestante, samantalang ang iba ay binubuo ng *Orthodox Christian Churches.*

Nilalayong papag-isahin ng *World Council of Churches* ang lahat ng sekta at denominasyon sa buong mundo. At sa tulong ng United Nations, darating ang araw na ipapatupad nila ang *One-World Religion*, sa pangangasiwa pa rin naman ng Papa ng Roma. Aalisin nang muli ang kalalagayang "*Separation of Church and State*" upang maging iisa nang muli ang pamunuan ng gobyerno at relihiyon. Gagamiting layunin ang programang "*church unity*", "*counter terrorism*", "*alleviation of poverty*" at "*global warming*" bilang mga pangunahing adhikain ng panukalang ito upang makuha ang simpatya ng ng lahat ng tao sa buong mundo. At ang alinmang sekta na hindi sasapi, tututol, o magmamatigas, ay aalisan nila ng karapatan pang magtipon o magdaos ng kani-kanilang mga gawain.

## AMERICA, KASABWAT NG VATICAN SA PAGPAPATUPAD NG *NEW WORLD ORDER*

**APOCALIPSIS 13:11**~ *"At nakita ko ang ibang HAYOP na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng DRAGON."*

Ang sitas na ito ay pumapatungkol sa America. Ang America ay may dalawang kapangyarihan (o sungay): "*Civil at Ecclesiatical Powers*" at ang bansang America ay nag-simulang maamo na kagaya ng isang Kordero, ngunit ngayon ay may kapangyarihang pagkadiktatorya na siya na kagaya ng isang Dragon.

**APOCALIPSIS 13:12** ~ *"At kaniyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng UNANG HAYOP sa kaniyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang nanganananahan dito sa UNANG HAYOP, na gumaling ang sugat na ikamamatay."* Ang America ay kakasangkapin ng ROMA na siyang UNANG HAYOP, upang isakatuparan ang *New World Order*. Nasugatan ang *Pagan Roman Empire* (UNANG HAYOP) datapuwa't ito'y gumaling na at naging *Papal Roman Empire* na ngayon.

**APOCALIPSIS 13:13**~ *"At siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao."* Ang America ang unang nagpapaba ng apoy mula sa langit nang kanyang hulugan ng *Atomic bomb* ang Nagasaki at Hiroshima noong World War 2.


**APOCALIPSIS 13:14**~ *"At nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa sa paningin ng HAYOP; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang LARAWAN ng HAYOP na mayroon ng sugat ng tabak at nabuhay."* Ang *World Council of Churches* na siyang LARAWAN ng HAYOP, ito'y pakana ng America; ito'y kahawig o larawan ng SISTEMA NG ROMA na siyang UNANG HAYOP.

**APOCALIPSIS 13:15-18**~ *"At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa LARAWAN ng HAYOP, upang ang LARAWAN NG HAYOP ay makapangusap, at maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop. At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya*





*at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo; At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan. Dito'y may karunungan. Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng HAYOP; sapagka't siyang bilang ng isang TAO: at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim"* (666).




## MAGSILABAS KAYO SA KANYA, BAYAN KO

Masahol na kaparusahan ang igagawad ng Diyos sa kanila na aanib at magpapasakop sa *World Council of Churches*. **Apocalipsis 14:9-11**~ *"Kung ang sinoman ay sumasamba sa HAYOP at sa kaniyang LARAWAN, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o sa kaniyang kamay, ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Diyos, na nahahandang walang halo sa inuman ng kaniyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero: At ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang magpakailan kailan man; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa HAYOP at sa kaniyang LARAWAN, at sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan."*

May kaparaanang ibinigay ang Diyos sa sinumang nagnanais na maligtas sa tatakang ito. Naririto't hawak mo ang MENSAHE ng Kaligtasan upang ang sinumang maabot ng panawagang ito ay makaiwas sa salot at parusa na tatanggapin ng mga natatatakan ng 666. Narito't sumisigaw ang anghel ng **Apocalipsis 8:4,5**~ *"At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, "Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot: Sapagka't ang kaniyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit at naalaala ng Dios ang kaniyang mga katampalasanan."*

# ANG PAG-AGAW SA NOBYA NI CRISTO AT ANG KATAPUSAN NG DAIGDIG

Ikaw ba'y nakahanda na sa ikalawang pagbabalik ni Jesus Cristo? Nakatitiyak ka bang makakasama ka sa nalalapit na pag-agaw sa mga hinirang ng Diyos pauwi sa sangkalangitan?



Kung ang iyong kasagutan sa mga katanungang ito ay "hindi pa", huwag mong ipag-walang bahala ang mensaheng ito. Si Jesus ay darating nang muli. At Kanyang tinatawag ngayon ang Kanyang mga hinirang papalabas sa lahat ng uri ng sekta't relihiyon upang sila ay sakdalin at dalisayin sa pamamagitan ng Kanyang purong Salita, na siyang Mensahe sa huling kapanahunan.

*"Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi Ko sana sa inyo; sapagka't Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung Ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda Ko na ng kalalagyan, ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo*





*naman ay dumoon,"* eto ang tinuran ni Jesus sa Juan 14:2-3 bago Siya umakyat sa langit.

Tinukoy ni Apostol Pablo ang pagbabalik ng Panginoon sa **1 Tesalonica 4:15-17**, "*Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa Salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.*"

Inilathala ang aklat na ito sa layuning maihanda ang bawat hinirang na makakasama sa ikalawang pagdating ng ating Panginoong Jesus Cristo. Ito'y inilimbag upang magsilbing gabay, babala, at batayan, upang ang mga tunay na mananampalataya ni Cristo ay magising sa katotohanan mula sa pagiging kasapi lamang ng kani-kanilang mga sekta't relihiyon tungo sa pagkaalam ng buong katotohanan ng Salita ng Diyos.

Sa maniwala ka man o sa hindi, tayo ngayon ay nabubuhay sa huling siglo. Dito sa panahong ito masusumpungan ang katuparan ng pagbabalik nang muli ng ating Panginoong Jesus Cristo upang agawin tayo papalayo sa kapahamakang dulot ng napipintong pagkagunaw ng mundo. Ang mensaheng ito ay nagsisilbing susi upang maihanda ang hirang na Nobya ni Cristo sa dakilang Piging ng Kasalan ng Cordero na gaganapin sa langit sa tinatawag na *Rapture* o Pag-Agaw.

## KAGAYA NG PANAHON NI NOE AT NI LOT

Itinipo ng Biblia ang ating kapanahunan sa mga araw ni Noe at ni Lot. Ang mundo sa kapanahunan ni Noe ay ginunaw ng Diyos sa pamamagitan ng tubig dahil sa sukdulang kasalanan ng sangkatauhan. Ang henerasyon naman ni Lot sa Sodoma ay ginunaw din ng Diyos sa pamamagitan ng apoy at asupre dahil sa matinding imoralidad ng mga tao. At sa ganuong kalalagayan din mauulit nang muli ang katapusan ng daigdig dahil naririto na sa ating kapaligiran ang mga tanda na kagaya ng mga kaganapan sa mga araw nina Noe at Lot.

**Lucas 17:26-30**: "*At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng Tao. Sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nangag-aasawa, at sila'y pinapag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang lahat. Gayon din naman kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot; sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nagsisibili, sila'y nangagbibili, sila'y nangagtatanim, silay nangagtatayo ng bahay; Datapuwa't nang araw na umalis sa Sodoma si Lot ay umulan ng mula sa langit ng apoy at asupre, at nilipol silang lahat. Gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng Tao ay mahayag.*"

**2 Pedro 3:9-13:** "*Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog. Yamang*





*ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain, Na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init? Nguni't, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran.*"

## MGA PANAHONG MAPANGANIB

Isinalarawan ni Apostol Pablo ang huling mga araw bilang isang "panahong mapanganib". Sa **II Timoteo 3:1-5** kanyang isinulat, "*Datapuwa't alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, Walang katutubong pagibig, walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti, mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Dios; Na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito.*"

Hindi ba't kapansin-pansin ang katuparan ng mga pananalitang ito sa ating henerasyon ngayon? Pansinin n'yo ang mga pinuno sa ating lipunan; sila'y karaniwang nasasangkot sa kurapsyon dahil sa pagiging maibigin sa salapi. Ang ating mga siyudad ay punong-puno ng mga krimen na gaya ng patayan, nakawan, holdapan, panggagahasa, droga at iba't-ibang uri ng kahayupan dahil sa ang mga tao'y nagiging palalo at nawawalan na ng katutubong pag-ibig sa Diyos at sa kanyang kapwa.

## MGA TANDA SA LANGIT AT LUPA

Nasusulat sa **Lucas 21: 25-28:** "*At magkakaroon ng mga tanda sa araw at sa buwan at mga bituin; at sa lupa'y magkakaroon ng kasalatan sa mga bansa, na matitilihan sa ugong ng dagat at mga daluyong; Magsisipanglupaypay ang mga tao dahil sa takot at dahil sa paghihintay sa mga bagay na darating sa ibabaw ng sanglibutan: sapagka't mangangatal ang mga kapangyarihan sa sangkalangitan. At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng Tao na paparitong nasa alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Datapuwa't kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, ay magsitingin kayo at itaas ninyo ang inyong mga ulo; sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo.*"

Sa Aklat ng **Apocalipsis 6:12-14** ay nasusulat din: "*At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak, ay nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo; At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin. At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan.*"

## PITONG TANDA NG HULING KAPANAHUNAN

Dapat nating unawain na ang Biblia ay naglalaman ng mga hula patungkol sa katapusan ng daigdig at kinakailangang mapaghandaan natin ang mga bagay na ito. Halos lahat na ng hudyat ng huling kapanahunan ay namamalas na natin sa ating kapaligiran ~ ang pagkasira ng kalikasan, ang kadahupan sa tubig at pagkain, ang kaguluhan sa politika, ang mga matitinding sakuna at mga kalamidad, ang mga karamdamang





walang lunas, ang mga kaguluhan sa pagitan ng mga bansa, at ang laganap na imoralidad sa ating lipunan ~ ang lahat ng ito'y pawang nagpapahiwatig na ang ating daigdig ay hahantong na sa sukdulang pagkawasak.

Pitong tanda ang ibinigay ni Jesus sa atin upang maging hudyat ito ng Kaniyang nalalapit nang pagbabalik at ng wakas ng lahat ng bagay ayon sa Mateo 24. Ito ay ang mga sumusunod:

(1) May mga bulaang cristo at mga bulaang propeta na magsisilitawan, (2) magkakaroon ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan, (3) magkakaroon ng kagutuman, (4) magkakaroon ng mga paglindol sa iba't ibang dako, (5) darating ang mga salot, (6) magkakaroon ng kapighatian, at (7) maipapangaral ang Ebanghelyo sa buong sanlibutan.

Sinasabi sa **Mateo 24:4-8:** "*Sapagkat maraming paririto sa aking pangalan at magsasabi, 'Ako ang Mesias!' at marami silang maililigaw. Makaririnig kayo ng alingawngaw ng labanan at ng mga balita tungkol sa digmaan. Huwag kayong mababagabag. Dapat mangyari ang mga ito, ngunit hindi pa ito ang wakas. Sapagka't makikibaka ang bansa laban sa kapwa bansa at ang kaharian sa kapwa kaharian. Magkakagutom at lilindol sa iba't ibang dako. Ang lahat ng ito'y pasimula pa lamang ng mga paghihirap.*"

## ANG KAPANAHUNANG LAODICEA

Ang ating kapanahunan ay lubos na kilala sa Biblia bilang ang Kapanahunang Laodicea. Ito ang pinakahuling Iglesia ng mga Gentil bago pa muling magbalik si Cristo sa mga Hudyo. Mababasa sa Biblia na kinakausap ng Diyos ang kapanahunang Laodicea sa aklat ng **Apocalipsis 3: 15-22** na sinasabing:

"*Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi malamig o mainit man, ay isusuka Kita sa Aking bibig. Sapagka't sinasabi*

*mo, "ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman"; at hindi mo nalalamang ikaw ay aba, at maralita, at dukha, at bulag, at hubad. Ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong isuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng Aking tinig, at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo Ko. Ang magtagumpay ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay at umuupong kasama ng Aking Ama sa Kaniyang luklukan. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*"

## MAY MENSAHE PARA SA MGA HINIRANG

Sa kabila ng mga negatibong kaganapan na ating nakikita kaugnay ng katapusan ng sanglibutan, ang Diyos ay mayroong maluwalhating layunin para sa mga nagisisiibig sa Kanya. Lubusan Niyang ipapahayag ang Kaniyang Sarili sa Nobya ni Jesus Cristo upang ipabatid sa kanila ang Kaniyang maluwalhating pagliligtas, at upang mabigyang daan na sila'y makatakas papalayo sa mga salot na malapit nang sumakmal sa sanlibutang ito. Isusugo Niya ang Kaniyang ikapitong anghel ayon sa Apocalipsis 10:7 upang ilabas ang Kaniyang mga hinirang mula sa makataong sistema ng relihiyon, credo at denominasyon.

"*Magsilabas kayo sa kaniya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot. Sapagka't ang kaniyang mga kasalanan ay umabot na hanggang sa langit, at naalala ng Diyos ang kaniyang mga katampalasanan,*" eto ang paalala ng anghel ng Diyos sa atin sa Apocalipsis 18:4-5.





Tatawagin nang muli ng Diyos ang kanyang mga hinirang mula sa apat na sulok ng daigdig tungo sa wastong pananampalataya gaya ng ipinangako ng Diyos sa **Malakias 4:2-6**: "*Ngunit sa inyo na nangatatakot sa aking Pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan. At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na Aking gawin ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Alalahanin ninyo ang kautusan ni MOISES na Aking lingkod, na Aking iniutos sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan. Narito, Aking susuguin sa inyo si ELIAS na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON: at kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, baka Ako'y dumating at saktan Ko ang lupa ng sumpa.*"

## ANG PAG-AGAW SA NOBYA NI CRISTO

Bago pa man dumating ang matinding kapighatian sa ibabaw ng planetang ito, magkakaroon ng isang "pag-aagaw" o ***rapture*** ang iglesia. Ang iglesyang tinutukoy ng Panginoon ay hindi sekta o relihiyon kundi silang mga taong kinakasihan ng Kanyang Santong Espiritu. Sila ang tunay na tinaguriang "templo" ng Banal na Espiritu Santo ayon sa Galacia 6:19, at hindi ang alinmang gusali na gawa sa kahoy, bato o semento.

"*Sinasabi ko sa inyo, sa gabing yaon ay dalawang lalake ang sasa isang higaan; ang isa'y kukunin at ang isa'y iiwan. Magkasamang gigiling ang dalawang babae; kukunin ang isa*

*at ang isa'y iiwan. Mapapasa bukid ang dalawang lalake; ang isa'y kukunin at ang isa'y iiwan" (Lucas 17:34-36)." "Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti ang mga nahirang*" (Mateo 22:14).

Ang lahat ng mga mananampalatayang nabubuhay sa lahat ng dako ng mundo ay itatakas ni Cristo sa pamamagitan ng pagdagit sa iglesia o '***Rapture of the Church***' (1 Tesalonica 4:13-18; 1 Corinto 15:51). Sila ay sasalubong sa Panginoong Jesus Cristo sa alapaap kasama ang lahat ng mga namatay na mananampalataya sa mga nagdaang panahon. Ang mga mananampalatayang ito ay hindi na makakaranas pa ng pisikal na kamatayan bagkus sila pa'y gagantimpalaan ng Diyos sa harapan ng Trono ni Cristo, ayon sa kanilang mga ginawa sa lupa para sa kapurihan ng Panginoon.

## ANG TATLONG TANDA NG PAGBABALIK NI CRISTO

Tatlong tanda ang ibinigay ng Biblia bilang hudyat ng pagbaba ng Panginoon mula sa langit. Ang mga ito ay ang: (1) sigaw, (2) ang tinig ng Arkanghel, at (3) ang pakakak ng Diyos. **I Mga Taga Tesalonica 4:16-17**~"*Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang 'sigaw', may 'tinig ng arkanghel', at may 'pakakak ng Diyos'…*"

Ang "sigaw" na tinutukoy sa talatang nabanggit ay isang "Mensahe sa Huling Kapanahunan" na aalingawngaw upang tawagin ang mga matatalinong birhen (*wise virgins*) upang sila'y sumalubong kay Cristo, gaya ng nasusulat sa Talinhaga ng Sampung Birhen sa Mateo 25. Sila ay bibigyan ng Langis sa kanilang ilawan na siyang sumisimbolo sa Bautismo ng Espiritu Santo sa kanilang mga indibidwal na buhay. Samantalang ang mga Cristianong maiiwanan sa araw ng kapighatian (*Tribulation Period*) ay tatawagin namang mga





birheng mangmang (*foolish virgins*) dahil sa sila'y naubusan ng langis o '*anointing*' at napag-iiwanan ng *rapture*.

Ang "tinig ng Arkanghel" naman ay tumutukoy sa tinig ng ating Panginoon na kagaya nang buhayin Niya si Lazaro mula sa mga patay. Ito'y ang siya ring tinig na magbabangon sa mga nangamatay kay Cristo sa mga nagdaang kapanahunan upang makasama natin silang lahat sa pag-agaw.

Ang "pakakak" naman ay tumutukoy sa isang pagtunog ng trumpeta na siyang magiging hudyat para sa mga hinirang upang pumailanlang sa langit patungo sa Piging ng Kasalan ng Cordero. Apocalipsis 19:7: "*Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at Siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang Asawa ay nahahanda na.*"

Ang Asawang tinutukoy sa talata ay binubuo ng lahat ng mga totoong mananampalataya ni Cristo mula sa lahat ng sulok ng mundo na ilalabas ng Mensaheng ito mula sa AntiCristong sistema ng mga sekta't relihiyon.

Magpapalit ng katawan ang lahat ng totoong Cristiano tungo sa isang katawang imortal sa tagpong ito. **1 Corinto 15:51-54**~ "*Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin. Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, nilamon*

*ng pagtatagumpay ang kamatayan*."

Huwag mong hayaang maiwan ka sa Araw ng Kapighatian. **Mateo 24:21-22~** "*Sapagka't kung magkagayo'y magkakaroon ng malaking kapighatian, na ang gayo'y di pa nangyayari buhat sa pasimula ng sanglibutan hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan man. At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa mga hirang ay paiikliin ang mga araw na yaon*." Pakanasain mong ikaw ay makasama sa nalalapit na Pag-agaw.

## ISRAEL: ANG PUNO NG IGOS

Ang pinaka-kinikilalang palatandaan ng katapusan ng ating panahon ay ang mga kaganapan ngayon sa bansang Israel. Noong 1948, kinilala ang Israel bilang isang malayang bansa na may kakayahang mamuno sa kanyang sariling estado sa unang pagkakataon mula noong 70 A.D. Ang Biblia ay tumutukoy sa Israel bilang ang "Puno ng Igos" na naitala sa **Marcos 13: 28-30**, "*Sa puno nga ng igos ay pag-aralan ninyo ang kaniyang talinghaga; Pagka nananariwa ang kaniyang sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tag-araw: Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito.*"

Ang nalalapit na pagbabalik ng Panginoon ay hindi kailanman mangyayari kung ang mga Hudyo ay mananatiling nagkalat pa rin sa buong mundo. Kinakailangang sila'y manumbalik sa kanilang bansa upang maitanghal ang pagbabalik ng kanilang Mesias. Sa huling henerasyon na ito ay nasaksihan natin ang pinakahuling pagpapanumbalik ng lahi ni Jacob sa kaniyang lupang pangako. Ang mga Hudyo mula sa Europa, America, Russia, Pransya at iba pang mga bansa





ay nagsisibalikan na nga sa Israel ngayon. Udyok ito ng pag-uusig sa kanila nina Hitler, Mussolinni, Stalin at ng ISIS. Ang henerasyong ito na makakakita sa Israel na maging isang bansa, ayon sa Biblia, ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ng mga bagay ay matupad na nga.

Ipinaliwanag ang bagay na ito ni Apostol Pablo sa **Roma 11: 25-27**, "*Sapagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka; na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil. At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas, Siya ang maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan: At ito ang Aking tipan sa kanila, pagka aalisin Ko na ang kanilang mga kasalanan*."

Ang planong muling pagtatayo ng pangatlong Templo ng mga Hudyo sa Jerusalem, ang pagdami ng mga kalaban ng Israel na mauuwi sa digmaang Armageddon, at ang pagsulong ng iisang gobyerno at iisang relihiyon sa buong mundo sa tinatawag na *New World Order*, ito'y pawang kabilang sa mga palatandaan na tayo nga ay nasa huling kapanahunan na.

## ANG PANGATLONG DIGMAANG PANDAIGDIG

Tinatayang sa nalalapit na panahon ay uusbong ang Pangatlong Digmaang Pandaigdig (World War-111) sa pagitan ng mga bansang demokratiko laban naman sa mga bansang komunismo. Isang "*religious war*" din ang tinatayang sasabay sa kaganapang ito sa pagitan ng mga bansang Iran, Lebanon, Turkey at Syria laban naman sa bansang Israel upang mapagpasyahan ang matagal na nilang alitan patungkol sa usaping pag-angkin sa bayan ng Jerusalem bilang sentro ng kani-kanilang pananampalataya.

Sa paglala ng sitwasyong ito, hahantong ang lahat sa isang Digmaang Nukleyar - ang kinatatakutang digmaan ng

huling siglo. Kung noon ay sa paraang tagisan ng lakas at armas lamang ang paraan sa labanan, ngayon sa ating modernong panahon ay sa isang pindutan na lamang ng buton-nukleyar ay kakayanin na nitong burahin sa mapa ang alinmang bansa o kontinente sa daigdig. Tinatayang sa mga bombang nukleyar, armas *biological* at armas kemikal na pakakawalan sa dagat at himpapawid ng bawat magkakalabang bansa, ay tila baga imposibleng may matira pang buhay na nilalang sa daigdig sa sandaling ito ay maganap. Ang mga pagsabog na ito ay maglilikha ng isang malawakang apoy na maglalagablab at siyang lilipol sa sangkatauhan at tutupok sa buong sandaigdigan, kasabay ng mga pagsabog ng bulkan.

Ayon sa mga siyentipiko, maging ang tubig-dagat sa pagkakataong yaon ay maaaring sumabog na rin. Ito'y dahil sa sobrang init na magaganap sa mundo dulot na din ng *global warming.* Ang tubig na galing sa pinaghalong eksplosibong mga elemento ng *Hydrogen at Oxygen* (H20) ay sasabog mandin. Lahat ng nilalang na may buhay - ito man ay hayop, tao at halaman, ay malamang pawang matutupok sa digmaang ito na tinagurian sa Biblia bilang ang Digmaang ***Armageddon.*** Mababasa ang bagay na ito sa **Apocalipsis 21:1** - "*At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang lupa ay naparam at ang dagat ay wala na.*"

Datapuwa't bago dumating ang kakila-kilabot na pagsapit ng araw na ito, ay may paraang ibinigay ang Diyos sa sinumang nagnanais maligtas. Kung papaanong sa panahon ni Noe ay may daong na ibinigay upang ang nais maligtas ay pumasok doon at mailayo mula sa baha at delubyo, sa ating panahon ay mayroon ding MENSAHE ng Kaligtasan upang tayo naman ay makaiwas sa apoy na tutupok sa sanglibutang ito. Ang aklat na ito ang siyang gigising sa iyo upang madala tayong lahat sa tiyak na kaligtasan sa pamamagitan ng Mensaheng ito sa Huling Kapanahunan.





# Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesyang Gentil

**Apocalipsis 1:20**-"*Ang biwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia.*"

## ANG PITONG BITUIN AT ANG PITONG KANDELERO




Mula sa propesiyang nabanggit sa itaas, ating nabasa na mayroong "pitong bituin" o pitong mga "anghel" na kumakatawan sa "pitong espiritu" ng Diyos na nakasulat sa Apocalipsis 4:5. Sila ay isusugo ng Diyos sa ating kapanahunan upang magdala ng liwanag sa pitong mga iglesiang Gentil. Na nagsabi kay Juan, "*Ako ang Alpha at Omega, ang una at ang huli: at, Ang iyong nakikita, ay isulat mo sa isang **aklat,** at iyong ipadala (ito) sa **pitong iglesia** na nangasa Asya; sa **Efeso**, at sa **Smirna**, at sa **Pergamo**, at sa **Tiatiria**, at sa **Sardis**, at sa **Filadelfia**, at sa **Laodicea***" (Apocalipsis 1:11).

Nasaksihan ni Juan ang pangitaing ito bilang paunang abiso mula kay Cristo sa gaganaping ministeryo ng mga anghel

na ito sa pitong iglesiang Gentil sa Asya. Dito ay nakasaad ang kabuuang plano ng Diyos ukol sa Kanyang pakikipag-ugnayan sa Kanyang "Nobyang Gentil" buhat nang talikuran ng mga Hudyo si Jesus bilang sarili nilang Mesias. Matapos ang Araw ng Pentecostes (AD 33) kung saan pinuspos ng Santong Espiritu ng Diyos ang Kanyang mga alagad, ay sinimulan nang iwanan ng Diyos ang mga Hudyo dahil sa kanilang tuwirang pagtakwil kay Jesus Cristo at Siya'y nagpasimulang makipagniig sa atin.

Sinimulang tawagin ng Diyos ang mga Gentil papasok sa kaharian ng langit mula sa panahong A.D. 53 hanggang sa kasalukuyang panahon. Unang kinasangkapan ng Diyos si Apostol Pablo upang pasimulan ang "*Grace Dispensation*" o "Panahon ng Biyaya". Ang Pitong kapanahunan ng Iglesyang ito ay tinatayang tatagal ng humigit kumulang sa 2,000 taon mula AD 33 hanggang sa muling pagbabalik si Jesus sa Kanyang ikalawang pagparito. Sa maikling panahon na ito, dito'y iipunin ng Panginoon ang lahat ng Kanyang mga hinirang mula sa iba't-ibang dako ng daigdig upang maihanda sila sa nalalapit na "Pag-agaw" sa mga Cristiano na tinukoy sa 1 Tesalonica 4:16-17.

Ang mga Cristiyanong ito ay Kanya manding tinaguriang *Bride of Christ* o Matatalinong Birhen (*Wise Virgins* – batay sa Mateo 25) sa kadahilanang matatanggap nila ang "Langis" sa kanilang ilawan na sumisimbolo naman sa Bautismo ng Espiritu Santo sa kani-kanilang mga buhay. Pitong Mensahero ang susuguin ng Diyos upang mailabas ang mga kabilang sa Nobya ni Cristo mula sa lahat ng mga bansa at denominasyon sa loob ng pitong kapanahunan. Ito ang siyang katuparan ng hula na nasusulat sa Apokalipsis Kabanata 1 hanggang 3.

Matapos na ang Espiritu Santo ay maibuhos noong araw ng Pentecostes, ay nagsimulang makipag-ugnayan ang Diyos sa lahi ng mga Gentil. Ang panahon ng biyaya sa lahing Gentil





ay nagsimula noong A.D. 53 hanggang sa araw natin ngayon. Unang isinugo ng Diyos si Apostol Pablo upang maipangaral ang kaligtasan para sa mga lahing Gentil.

*"Narito, kami ay paroroon sa mga Gentil"*, ang siyang tinuran nina Pablo at Bernabe sa **Mga Gawa 13: 44-48.** Sa Mga Taga **Roma 11:25,** ay ipinahayag rin ni Pablo na,-"S*apagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka; na ang katigasan sa isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil.*"

## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG EFESO

(Mula **A.D. 53** hanggang **A.D. 170**)

BITUING-MENSAHERO NG EFESO:
***APOSTOL PABLO***



Sa **Apocalipsis 2: 1-7** mababasang:
"*Sa anghel ng Iglesia sa **Efeso** ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto; Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal, at ang iyong pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan: at may pagtitiis ka, at nagbata ka, dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod. Ngunit mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig. Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka, at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka. Ngunit ito'y nasa iyo na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga **Nicolaita**,*

*na kinapopootan ko naman. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa paraiso ng Diyos."*

Ang mensahero (o anghel) sa iglesia ng Efeso ay si **Apostol Pablo.** Na siya ang mensahero sa unang kapanahunan ng lahing Gentil ay hindi maipagkakaila. Bagama't kay Pedro naipagkaloob ang kapamahalaan na buksan ang mga pintuan sa mga Gentil, naipagkaloob kay Pablo na maging kanilang apostol at propeta. Siya ang Propetang-Mensahero sa mga Gentil. Ang kaniyang makapropetang katungkulan, na sa pamamagitan nito ay natanggap niya ang buong kapahayagan ng Salita para sa mga Gentil, ay nagpatunay sa kanya bilang kanilang apostolikong mensahero.

Itinatag ni Pablo ang iglesia sa Efeso sa kalagitnaan ng unang siglo. Ito ay nagibigay sa atin ng kakayahan na ilagay ang petsa ng pasimula ng Kapanahunan ng Iglesiang Efeso noong 53 A.D. Si Pablo ay ganap na totoo sa Salita. Hindi siya kailanman lumihis dito (Mga Taga Galatia 1: 8-9). Ang kaniyang ministeryo ay nasa kapangyarihan ng Espiritu (1 Cor. 2:1-5). At taglay niya ang katibayan ng bunga ng kaniyang ministeryong bigay ng Diyos sa 2 Cor. 11:2.

## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG SMIRNA

(Mula **A.D. 170** hanggang **A.D.312**)
BITUING-MENSAHERO SA SMIRNA:
***SAN IRENAEUS***



Sa **Apocalipsis 2: 8-11** mababasa~ "*At sa anghel ng iglesia sa **Smirna** ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at huli, na namatay, at muling nabuhay; nalalaman Ko ang iyong mga gawa, at ang iyong kapighatian, at ang iyong kadukhaan, (datapuwa't ikaw ay mayaman), at ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng Diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw: Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.*"





Ang pangalan ng ikalawang kanahunang iglesia ay **Smirna,** na nangangahulugang "*kapaitan o mira.*" Ito ay nakaugnay sa kamatayan, dahil ang mga Kristiyano sa panahong ito ay nangangamatay. Isang tinuligsang iglesia, ang iglesia ng Smirna ay dumaan sa nagliliyab na pugon ng mga kapighatian, datapuwa't iyon ay isang mabangong samyo kay Cristo. Ang dakilang sangpung araw ng kapighatian ay nangangahulugang *"sangpung taon ng pinakamadugong pagtuligsa*" na nangyari sa panahong ito. Ito ang pinakamadugo sa lahat ng mga pagtuligsa mula pa kay Nero sa 67 A.D. si Diocletian ang emperador sa kapanahunang ito na namuno sa mga taong 303 hanggang 312 A.D.

Si **Irenaeus** ang bituing-mensahero sa Smirna. Siya ang mensahero ng Diyos sa panahong ito dahil siya ang sumakop sa Pransya (Gaul), at nagtatag ng mga iglesia. Ang bawat isa sa kanila ay naitatag sa bautismo ng Espiritu Santo, sa pagsasalita ng mga wika, sa pagbubuhay ng mga patay, sa pagpapagaling ng mga maysakit, na nagpahinto ng mga ulan, at gumagawa ng mga himala araw-araw. Nalalaman ni Irenaeus na ang Diyos ay buhay sa gitna ng kanyang kapanahunan at siya'y Kanyang isinugo.

## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG PERGAMO

(**A.D. 312** hanggang **A.D. 606**)

B I T U I N G - M E N S A H E R O NG PERGAMO: ***SAN MARTIN DE TOURS***



Sa **Apocalipsis 2:12-17** mababasa: "*At sa anghel ng iglesia sa **Pergamo** ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim: nalalaman Ko ang iyong mga gawa, at kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking Pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas. Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid. Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawakan sa aral ng mga Nicolaita, bagay na aking kinapopootan. Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling pariiriyan ako sa iyo at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.*"

Ang ikatlong kapanahunan ng iglesia ay tinawag na **Pergamo**. Ang petsa na ang iglesiang ito ay umiral mula A.D. 312 hanggang 606. Ang kapanahunang Pergamo ay ang





kapanahunan ng "*bulaang doktrina, kasinungalingan ni Satanas, ang saligan ng pamamahala ng pagka-papa, at ang pagsasama ng iglesia at ng pamahalaan*". At ang bituin, ang anghel ng iglesiang ito, ay si San Martin.

Ang buhay ni **San Martin** ay isa pinakadakilang "puno-ng-himalang mga buhay". Si Martin ay isinilang noong 315 AD sa Hungary. Gayunman, ang kaniyang ministeryo ay naganap sa Pransya kung saan siya ay nagpagal sa loob at sa palibot ng Tours bilang isang Obispo. Namatay siya noong 399 AD. Ang dakilang santo na ito ay tiyuhin ng isa pang kahanga-hangang Kristiyano na si San Patrick ng Ireland. Si San Patrick ay pamangkin ni San Martin. Siya ay isang sundalo. Isang araw siya ay naglalakad at mayroong isang lalake na giniginaw at nanginginig. At napagtanto niya ang kaniyang tungkulin bilang isang mananampalatayang Kristiyano. Mayroon siyang isang damit na balabal sa kaniyang balikat at hinati niya iyon ng kanyang tabak sa dalawa at ibinigay niya ang kalahati nito doon sa pulubi. At nang gabing iyon ay nagsimula na ang kaniyang katawagan, sapagka't si Jesus Cristo ay nagpakita sa kaniya sa isang pangitain na nababalutan ng gayon ding balabal na hinati niya sa dalawa. Natupad sa kanya ang Kasulatan na, "*Yamang inyong ginawa ito sa mga maliliit na ito, ay sa Akin ninyo ginawa.*" Si San Martin ay nanatili sa purong Salita, na gaya ni Apostol Pablo. Siya ang mensahero sa kapanahuan ng iglesiang ito.


Isang manunulat ng talambuhay ay nagsulat ng ganito patungkol kay Martin, "Walang sinomang nakakita sa kaniya na nagalit, o nabalisa, o nagdadalamhati. Taglay-taglay sa kaniyang anyo ang isang uri ng makalangit na kagalakan. Kailan man ay walang anumang bagay na lumalabas sa kaniyang bibig kundi si Cristo. Walang ibang bagay sa kaniyang puso kundi ang kabanalan, kapayapaan at habag sa

kapwa. Madalas na siya ay umiiyak para sa mga kasalanan ng sanlibutan at maging para sa kaniyang mga maninirang-puri. Siya ay isang taong tahimik at marami ang sa kanya ay galit dahil sa kabaitan na di nila taglay at hindi nila kayang gayahin. Ang kaniyang pinakamasidhing manunuligsa sa kanyang kapanahunan ay mga Obispo ng Iglesyang Romano."

## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG TIATIRIA

(**A.D. 606** hanggang **A.D. 1520**)

BITUING- MENSAHERO NG TIATIRYA:
***SAN COLUMBA***



Sa **Apocalipsis 2:18-29** sinasabi: *"At sa anghel ng iglesia sa **Tiatiria** ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli; Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at ministerio, at pananampalataya, at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kaysa mga una. Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa, at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihain sa mga diosdiosan. At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. Narito, akin siyang inirarатay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa. At papatayin Ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan Ko ang bawat isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, at sa mga iba na nasa*





*Tiatiria, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi Ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa Ako'y pumariyan. At ang magtagumpay, at tumupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan Ko ng kapamahalaan sa mga bansa: At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal; gaya ng mga sisidlang lupa ng magpapalayok sila'y mangadudurog na nanginginig: gaya naman ng tinanggap Ko sa Aking Ama. At sa kaniya'y ibibigay Ko ang tala sa umaga. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia."*

Ang ikaapat na kapanahunan ng iglesia ay ang "**Tiatiria,**" na nangangahulugang "*naging pabaya, maluwag, o makulimlim.*" Ang bituing-mensahero ay si **Columba**, mula sa *Ireland at Scotland*, na isang pamangkin ni San Martin. Ang kaniyang ministeryo ay nagsimula ng mga anim-na-pung taon pagkatapos ni San Patrick.

Ang salitang, Tiatiria, ay nangangahulugang "*Patuloy na Paghahain*"- isang patuloy na paghahandog ng hain ni Cristo. Nangangahulugan din ito ng patuloy na paghahandog ng mga buhay at mga pagpapagal ng mga tunay na mananampalataya ng Panginoon. Ang kapanahunang ito ay tinawag na ang "*Madilim Na Mga Kapanahunan*" (*Dark Ages*). Ito ang kapanahunan ni **Papa Innocent III** na umangkin na siya ang "*kahalili ni Cristo*— bilang kataas-taasang pinakamakapangyarihan sa iglesia at sa sanglibutan," na siya ring nagpasimula sa inkwisisyon. At sa ilalim ng kaniyang pamumuno ay nagbubo ito ng maraming dugo ng Cristiano kaysa sa alin mang ibang panahon ng kasaysayan maliban sa Repormasyon.

Ang Tiatiria ay kapanahunan din naman ng *Pornokrasya*,

ang pamamahala ng mga patutot. Ang papa ng Roma ay hindi lamang nagkakasala ng imoral na pakikipagtalik (siya'y naging ama ng maraming mga anak sa pagkakasala, at pagkakasalang pagka-sodomya, etc.) kundi nagkasala sila ng pagbebenta ng mga tungkuling pagka-pari sa mga pinakamatataas na mga mananawad.

Yaong mga hindi sumasang-ayon sa Aral ng Romano Katoliko sa kapanahunang ito ay ipinakain sa mga leon, sinunog, pinahirapan nang labis at tinuligsa. Tunay na ang mga banal na ito ng Tiatiria ay mga "kakang-gata ng ani", puspos ng Espiritu Santo at pananampalataya, nilikha para sa mabubuting gawa, nagpakita ng Kaniyang kapurihan, at hindi nila minamahalaga ang kanilang mga buhay sa kanilang mga sarili, kundi masayang ibinigay ang lahat nila bilang isang mabangong samyo sa Panginoon.

Si **Columba**, na siyang mensahero sa Tiatira, ay ipinanganak sa *County Donegal, North Ireland*, sa maharlikang pamilya ng Fergus. Siya ay naging isang napakatalino, nakatalagang eskolar, na isinasaulo ang karamihan ng Kasulatan. Tinawag siya ng Diyos sa isang naririnig na tinig upang maging isang misyonero. Pagkatapos niyang marinig ang tinig ng Diyos, wala nang makapigil pa sa kaniya, at ang kaniyang napaka-mahimalang ministeryo ay nag-udyok sa maraming mga mananalaysay upang ipagbunyi siya na pangalawa sa mga apostol.

Napakadakila ng kaniyang ministeryo na sinusundan din ng sobrenatural na mga tanda. Si San Columba ang siyang nagtatag ng isang malaking paaralan ng Biblia sa isla ng Hy (mula sa S.W. baybayin ng *Scotland*). Mula sa islang ito na nakabase sa Biblia ay humayo ang napakaraming mga eskolar na napagkalooban ng karunungan at ng kapangyarihan ng Diyos.






## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG SARDIS

(**A.D. 1520** hanggang **A.D. 1750**)

BITUING-MENSAHERO NG SARDIS:
***MARTIN LUTHER***



Sa **Apocalipsis 3:1-6** mababasa: "*At sa anghel ng iglesia sa **Sardis** ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin; Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala Akong masumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng Dios. Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig, at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat, ay pariritan Akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon pariritan Ako sa iyo. Ngunit mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit; at sila'y kasama Kong magsisilakad na may mga damit na maputi: sapagka't sila'y karapatdapat. Ang magtagumpay, ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi Ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, kundi ipapahayag Ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng Aking Ama, at sa harapan ng Kaniyang mga anghel. Ang may pakinig, ay making sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*"

Ang kapanahunan ng iglesiang **Sardis** ay nagsimula noong 1520 at nagtapos noong 1750. Ito ang kapanahunan ng tinatawag na "*Kapanahunang Repormasyon*". Ang Sardis ay nangangahulugang "*pagsasama*", ang pagsasama ng iglesia at ng pamahalaan.

Ang mensahero sa ikalimang kapanahunang iglesia ay si **Martin Luther.** Ang kanyang pangalan ay napakatanyag sa mga mag-aaral at guro ng Biblia, at maging sa karaniwang mga tao ngayon. Si Martin Luther ay isang napakatalinong eskolar na may maginoong pag-uugali. Siya ay naatasan bilang isang paring Augustiano sa Erfurt. Nakita ni Luther ang walang saysay na mga gawa na iginigiit ng iglesiang Romano upang magdala ng kaligtasan sa tao. Ang Salita ng Diyos ay tumagos sa kaniyang puso at siya'y napaniwala na "*Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya.*" Iyon ang mensahe ni Luther – ang pagaaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. (*The jsut shall live by faith*). Si Luther ay naging tagapagturo ng Salita, at ipinagpilitan niya, lalo na sa kaniyang unang mga taon ng pangkalahatang kabantugan, na ang Salita ng Diyos ang siyang tanging pamantayan sa kaligtasan. Naitala ang patungkol kay Dr. Martin Luther sa Kasaysayan ng Sauer sa Tomo 3, pahina 406 na siya ay, "isang propeta, evangelista, tagapagsalita ng mga wika, tagapagsalin, at isang taong napagkalooban ng lahat ng siyam na mga kaloob ng Espiritu."

Nang si Leo X ay naging papa, at si John Tetzel ay dumating upang magbenta ng mga indulhensya (pagpapatawad) para sa kasalanan sa panahon ni Luther, si Luther ay walang magawa kundi ang manindigan upang labanan ang katuruang ito na salungat sa Kasulatan. Una, ay nangaral siya mula sa pulpito laban dito at pagkatapos ay isinulat niya ang kaniyang tanyag na ***95 na Theses*** na noong Oktobre 31, 1517 at ipinako niya ito sa pintuan ng *Castle Church* sa Wittenberg, Germany, kung saan kanyang ibinunyag at tinutulan ang mga pang-aabuso ng Iglesia Romano Katoliko. Mula sa petsa na iyan ang Repormasyon ay nagsimula; at ang mga apoy ng repormasyon ay nagsimulang kumalat. Tinutulan niya ang mga pangingikil ng iglesiang Katoliko; at ang ostiya at alak ay sinabi niyang "Hindi ito literal na katawan at dugo ni Cristo. Ito'y isang biskuwit lamang at kaunting alak." Pinangunahan ni Martin





Luther ang Kapanahunang Repormasyon sa pamamagitan ng pag-iimprenta ng maraming mga Biblia.

Kahit nga ipinaliwanag na ni Luther ang aral na pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa kapanahunang ito, ang Iglesiang Katoliko ay nanghawakan pa rin sa mga gawa, sa penitensya, mga padasal, purgatoryo, at iba pang mga katuruan na hindi naayon sa Banal na Kasulatan. Makikita natin sa makasaysayang kapanahunang ito na ang paganong pagsamba ng Sardis ay ang pagsamba sa babaeng si Cybele. Ang babaing ina ay lubos na kinuha ang lugar ng Anak, kung kaya't dito pinagkalooban ng mga katangian ng Pagkadiyos si Maria ng mga Romano. At bilang mga napalayang mga Kristiyano sa panahong ito sa pangangaral ni Luther ay niluwalhati nila ang Anak ng Diyos na si Jesus, samantalang ang mga Romano Katoliko ay pinag-ibayo naman ang kanilang pagsamba kay Maria.

## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG FILADELFIA

(**A.D. 1750** hanggang **A.D. 1906**)

BITUING-MENSAHERO SA FILADELFIA: ***JOHN WESLEY***



Sa **Apocalipsis 3:7-13** sinasabi: "*At sa anghel ng iglesia sa **Filadelfia** ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas, at di mailalapat ng sinoman; at naglalapat, at di maibubukas ng sinoman; Nalalaman Ko ang iyong mga gawa: narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman: sapagka't ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang Aking salita, at hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan. Narito, ibinibigay Ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y Aking papariyanin at*

*pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay Aking iniibig. Sapagka't tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay Aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa. Narito, Ako'y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong. Ang magtagumpay ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Dios, at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat Ko sa kaniya ang pangalan ng Aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng Aking Dios, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa Aking Dios, at isusulat Ko sa kaniya ang Aking bagong pangalan. Ang may pakinig, ay making sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*"

Ang ikaanim na kapanahunang iglesia ay tinawag na **Filadelfia**. Ang Kapanahunan ng Iglesiang Filadelfia ay tumagal ng mula 1,750 AD hanggang sa taong 1906. Ang kapanahunang ito, ay tinawag na "*Ang Kapanahunan ng Pag-ibig sa Mga Kapatid*". Ang kapanahunang ito ay isang dakilang kapanahunang pang-misyon at isang "*kapanahunang may bukas na pintuan*".

Ang bituing mensahero sa kapanahunang iglesia na ito ay si **John Wesley.** Si John Wesley ay isang munting lalake na Anglicano mula sa Englatera. Nakita niya ang liwanag ng Ebanghelyo at kanyang ipinangaral ang ikalawang gawa ng biyaya, ang "*pagpapaging-banal*" (*sanctification*) sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo.

Si John Wesley ay ipinanganak sa Epworth, noong Hunyo 17, 1703 at isa sa labing siyam na mga anak nina Samuel at Susanna Wesley. Si John ay isang napakatalinong mag-aaral. Si John ay kinakitaan ng mabubuting gawa tulad ng pagbibigay sa mga mahihirap, at pagdalaw sa mga maysakit at mga bilanggo na nasa mga piitan. Dahil dito siya ay tinawag na Methodista. Si John Wesley ay naglakbay ng libu-libong milya sa pamamagitan lamang ng pangangabayo upang madala ang Ebanghelyo sa






malapit at malayo. Sa katunayan, si Wesley ay naglalakbay ng 4,500 na milya kada taon sa pamamagitan ng pangangabayo. Siya ay isang mananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos at siya'y nananalangin para sa mga maysakit at ito'y nagkaroon ng kamangha-manghang mga resulta. Nakita sa kanya ang mga ispirituwal na kaloob. Si Wesley ay hindi naghangad na magtayo ng isang gawain na maka-denominasyon o may pang-sektang batayan. Bagama't siya ay isang Arminian sa kaniyang mga paniniwala, siya ay isang mabuting tagatupad sa katuruan ni Santiago. Ibinatay niya ang tunay na pananampalataya sa kaakibat nitong mga gawa. "*Sapagka't ang pananampalatayang walang gawa ay patay,*" yaon ang kanyang naging panuntunan.

## ANG KAPANAHUNAN NG IGLESIANG LAODICEA

(**A.D. 1906**-Hanggang sa **Rapture**)

BITUING-MENSAHERO NG LAODICEA:
***WILLIAM MARRION BRANHAM***



Ang ating kapanahunan ay tinaguriang ***Laodicean Age*** na siyang katuparan ng **Apocalipsis 3:14-22**: "*At sa anghel ng iglesia sa **Laodicea** ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ang pasimula ng paglalang ng Dios; Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa Aking bibig. Sapagka't sinasabi mo, 'ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman'; at hindi mo nalalamang ikaw ay aba, at maralita, at dukha, at bulag, at hubad: Ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahihiyang*

*kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng Aking tinig, at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo Ko. Ang magtagumpay ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng Aking Ama sa Kaniyang luklukan. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*"

Ang Kapanahunang Laodicea ay nagsimula sa pagpasok ng ika-20 Siglo, sa taong 1906. Ang pangalang, Laodicea, ay nangangahulugang, "*karapatang pang-tao*" *o 'katarungang makatao*.' Walang kapanahunang maihahalintulad sa ika-20 siglo kung saan makikita natin na ang lahat ng mga bansa ay nagsisibangon at hinihiling ang pagkapantay-pantay sa larangang panglipunan at pang-pinansyal. Sa ating kapanahunan ay umusbong din ang mga kumunista kung saan layunin nilang ang lahat ng tao ay dapat na may pagka-pantay-pantay. Ito rin ang kapanahunan ng mga partidong pang-politika na tinatawag ang kanilang mga sarili na *Christian Democrats, at Christian Socialists, Christian Commonwealth Federation*, at ng mga samahang pang-manggagawa, pang-kababaihan, mga karapatang pang-bading (LGBT), at iba pang mga grupong naitatatag sa gayon ding kadahilanan.

Ang mensahero sa Kapanahunang Laodicea, sang-ayon sa Banal na Kasulatan, ay magiging isang propeta, sapagka't nakabatay siya sa Salita at kapag siya ay nanghula o nagkaroon ng pangitain, iyon ay palaging mangyayari. Siya ay patutunayan bilang isang propeta dahil sa kaniyang kawastuhan sa kanyang mga aral. Ang katibayan na siya ay isang propeta ay matatagpuan sa **Apocalipsis 10:7** "K*undi sa mga araw ng tinig ng **ikapitong anghel** pagka malapit na siyang humihip, kung magkagayo'y ganap na ang **hiwaga** ng Dios ayon sa mabubuting balita na*





*Kaniyang sinaysay sa Kaniyang mga alipin, na mga **propeta.***"

Sa Amos 3:7 sinabi ring, "*Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi Kaniyang ihahayag ang Kaniyang **lihim** sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta*."

"Ang mensaherong ito ng Malakias 4 at Apocalipsis 10: 7 ay gagawin ang **dalawang bagay**. Ang isa: Sang-ayon sa Malakias 4 ay kaniyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga anak sa mga ama. Ikalawa: Ipapahayag niya ang mga hiwaga ng mga **pitong kulog** sa Apocalipsis 10 na siyang mga kapahayagang nakapaloob sa mga pitong tatak. Ang mga makalangit na hiwagang-katotohanan na ito na nahayag ang siyang totoong magbabalik-loob sa mga puso ng mga anak sa mga amang Pentecostal." (*327-1, Laodicean Church Age,Ch.9*)

Pagkatapos ng isang malalimang pagkukumpara sa lahat ng mga ministro ng Diyos na nagtuturo ng Ebanghelyo sa ating kapanahunan na kagaya nina Oral Roberts, Billy Graham, T.L Osborn at iba pa, wala sa mga ito ang maikukumpara sa buhay at ministeryo ni **William Marrion Branham**, isang mangangaral at propeta ng Diyos sa ating henerasyon. Si William Branham, sa paniniwala ng manunulat na ito, ay siyang anghel na mensahero ng Diyos sa Ikapitong Kapanahuan ng Iglesiang Laodicea.

Ang *Full Gospel Men's Voice*, (ngayon ay *Full Gospel Businessmen's Fellowship International*), ay nagpapatotoo sa bagay na ito sa kanilang lathalain noong Pebrero 1961 kung saan kanilang isinulat ang patungkol kay William Branham: "*Sa mga Kaarawan ng Biblia, mayroong mga tao ng Diyos na mga propeta. Subali't sa lahat ng mga sagradong Talaan, wala sa mga ito ang mayroong higit na ministeryo kaysa sa kay William Branham, isang Propeta ng Diyos, na ang kaniyang larawan ay makikita sa harapang pabalat ng lathalang ito ng Full Gospel Men's Voice. Si Branham ay ginamit ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus, upang buhayin ang mga patay!*"

Noong Hunyo 11, 1933, habang binabautismuhan ni William Branham ang ika-17 tao sa gitna ng daan-daang nagbalik-loob sa Panginoon doon sa Ilog Ohio malapit sa Jeffersonville, Indiana, isang liwanag na parang apoy ang biglang nagpakita sa ulunan niya at may isang tinig na nagsalita, *"Gaya ni Juan Bautista na isinugo upang ipagpauna ang unang pagparito ni Jesus Cristo, gayon ka rin naman ay isinugo upang ipagpauna ang Kaniyang ikalawang pagdating!"*

Noong Mayo ng 1946, samantalang si William Branham ay nanalanging mag-isa sa hatinggabi, isang anghel mula sa Diyos ang nagpakita sa kaniya, na nagsasabing, *"Huwag kang matakot. Ako ay isinugo buhat sa presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat upang sabihin sa iyo na ang iyong kakaibang kapanganakan at di-naunawaang buhay ay nangyari upang ipahiwatig na ikaw ay magdadala ng isang kaloob ng banal na pagpapagaling sa mga tao ng sanglibutan. Kung ikaw ay magiging tapat sa iyong pananalangin at makuha mong papaniwalain ang mga tao sa iyo, walang makakahadlang sa iyong panalangin, wala, maging ang kanser. Paparoon ka sa maraming bahagi ng daigdig at mananalangin para sa mga hari at mga pinuno at mga makapangyarihan. Mangangaral ka sa mga napakaraming tao sa buong mundo at libo-libo ang lalapit sa iyo para sumangguni."*

Ito ay totoong natupad sa buhay ni William Branham, sapagka't dinala siya ng kaniyang ministeryo sa buong mundo ng pitong beses at maraming mga indibidwal na may impluwensya sa publiko, kasama na si Congressman Upshaw ng U.S.A. at si Haring George VI ng Englatera, ay mga nagsigaling bilang bunga ng kanyang mga panalangin. Libu-libong mga patotoo rin ng mga nakasaksi sa ministeryo ni William Branham ang nagpatunay na ang mga bulag ay nakakita, ang mga lumpo ay nakalakad, ang patay ay nabuhay, at maging ang kanser ay hindi nakapanaig sa panalangin ng alagad na ito ng Diyos.





# Ang Mensaherong Propeta Ng Diyos Sa Huling Kapanahunan

*"Tunay na ang Panginoong Diyos ay walang gagawin, kundi Kanyang ihahayag ang Kanyang lihim sa Kanyang mga lingkod na mga propeta."* ~**Amos 3:7**




Sa buong kasaysayan ng Biblia, ang Diyos ay palaging nangungusap sa pamamagitan ng isang propeta na Kanyang itinatalaga sa bawat kapanahunan.

Gaya nga nang ang Diyos ay mangusap kay propeta Moises sa pamamagitan ng nag-aapoy na puno upang ito'y Kanyang suguin para palayain ang mga angkan ng Hebreo mula sa pagkaka-alipin sa Ehipto, ay sa ganuon ding paraan nakikihalubilo ang Diyos sa lahat ng salinglahi sa Kanyang mga hinirang. Matutunghayan sa Biblia ang buhay nina propeta Jeremias, Daniel, Isaias, Ezekiel, at marami pang iba kung saan sila'y pawang isinugo ng Diyos sa kanilang kapanahunan upang kanilang dalhin ang mahahalagang Mensahe ng Panginoon para sa mga kinauukulan.

Sa Bagong Tipan, isinugo rin ng Diyos ang propetang si Juan Bautista upang ipakilala sa bayang Israel ang paparating na Mesias, at siya rin ang ginamit ng Diyos upang maipakilala ang bautismo sa tubig na kaakibat ang pagsisisi. Ilang taon

pa ang nagdaan ay si Apostol Pablo naman ang kinatagpo ng Diyos sa pamamagitan ng isang nakakasilaw na Liwanag sa daang patungo sa Damascus upang ito'y suguin Niya na isaayos ang Iglesya sa Roma, Efeso, Corinto, Galacia, Tesalonica, atbp. (Mga Gawa 9).

Sa loob ng Luma at Bagong Tipan, kailanman ay hindi nangusap ang Diyos sa pamamagitan ng sistemang maka-denominasyon o sa paraan ng organisadong relihiyon. Palagi pong ang Diyos ay nangungusap sa pamamagitan lamang ng iisang instrumento: ang Kanyang hinirang na propeta. At Kanyang pinatutunayan sa buong madla na ang propeta ngang yaon ay Kanyang alagad sa pamamagitan ng mga sobrenatural na tanda, mga hula't pangitaing nagkakatotoo, at mga himalang kaakibat ng kanilang pagmiministeryo.

## MAY PROPETA PA BA NGAYON?

Maaari pa bang magpahayag ang Diyos sa pamamagitan ng isang propeta ngayon? Maaari ba kayang magsugo ang Diyos ng propeta sa isang modernong kapanahunan na gaya ng kasalukuyang panahon? May mga himala pa ba, hula, o tandang sobrenatural na maaaring matunghayan sa ating kapanahunan? Ang sagot po ay "oo"! Mayroon pa po.

Subali't papaano natin mapapatunayan na may propeta pa ngang darating? Ano ang magiging itsura niya? Ano ang mga tandang ipapamalas niya? At anong mga talata sa Biblia ang kanyang gagampanan at isasakatuparan?

## MGA KATANGIAN NG ISANG TUNAY NA PROPETA

Isa sa mga katangian ng isang tunay na propeta ay ang pagiging magiting at walang takot na ilantad at tuligsain





ang mga maling aral o turo ng mga organisadong relihiyon. Kagaya ni Elias na kung papaanong kanyang hinamon ang mga alipores ni Baal upang magkaalaman kung sino talaga ang totoong Diyos na kayang magpababa ng apoy mula sa langit, ay sa ganuon ding katapangan ipamamalas ng propetang ito ang kanyang pagiging alagad ng Diyos. Kagaya rin ni Micaiah (1 Mga Hari 22:24) na kung papaanong hinarap nito sa panahon ni Haring Ahab ang pinakapinunong saserdoteng si Zedekiah, sampu ng kanyang 400 na alagang bulaang propeta, upang pabulaanan ang kasinungalingan ng mga ito, ay sa ganuon ding paninindigan ating masusumpungan ang isang totoong propeta ngayon.

Batay sa kasaysayan ng Biblia, karaniwan at kadalasan na tinatanggihan ng nakakaraming tao ang mga totoong propeta ng Diyos. Si Juan Bautista, nang siya'y dumating, ay pinugutan ito ng ulo ni Haring Herodes. Ang Panginoong Jesus Cristo mismo, na siyang pinakaPangulo ng lahat ng mga propeta, ay itinakwil at tinuligsa rin ng mga relihiyosong Pariseo at Saduceo at Siya'y kanilang tinawag na ***Beelzebub***, na ang ibig sabihin ay "Prinsipe ng mga Diablo". Si Jesus ay kanilang hinamak at nilait, hanggang sa Siya ay kanilang tuluyang maipako sa krus. Ang lahat ng mga totoong propetang nagmumula sa Diyos ay sadyang kinamumuhian ng modernong henerasyon. Sila'y madalas na usigin ng madla, tawaging erehe, bansagan bilang kulto, at ituring na bulaang Cristo.

Subali't ano man ang turing ng mundo sa kanila, ang Salita ng Diyos na kanilang dala-dala ay tiyak at siguradong makakarating sa mga hinirang ng Diyos. Ito'y tatanggapin ng mga tunay na mananampalataya sa bawat henerasyon na gaya ng pagtanggap ng mangingisdang si Pedro kay Jesus, ng tax collector na si Mateo, at maging ng babaeng Samaritana. Si Jesus ay kinilala ng mga simpleng tao lamang, ng mga publikano,

ng mga sanggano, ng mga kriminal at maging ng mga patotot na kagaya ni Maria Magdalena, samantalang siya'y itinakwil naman ng mga pantas at matatalino at ng mga teologo. Sadyang kakaunti lamang ang makakikilala sa mga totoong propeta ng Diyos. Subali't kung ikaw ay sadyang hinirang ng Diyos, makikilala mo siya at pakikinggan mo ang kanyang mahalagang mensahe para sa iyo sa siglong iyong kinabibilangan.

## ANG IPINANGAKONG PROPETA SA HULING MGA ARAW

Ang kahuli-hulihang talata sa Lumang Tipan ay nagpapatotoo na may darating na propeta sa ating panahon bago pa man dumating ang kahindik-hindik na kaarawan ng Panginoon:

**Malakias 4:5-6** ~ *"Narito, Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon. At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka Ako'y dumating at saktan Ko ang lupa ng sumpa."*

Ang kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon sa talatang ito ay tumutukoy sa araw na kung saan ang Panginoon ay magbabalik nang muli sa lupa upang hatulan ang mundo sa kasalanan nito, at upang tapusin ang pagsalangsang ng tao, wakasan ang makamundong sistema, at upang linisin ang mundo ng kasamaan. Kanyang lilipulin ang masasama at itatatag Niyang muli ang Kanyang kaharian sa lupa sa loob ng 1,000 taon sa tinaguriang ***Great Millennium*** (Daniel 2:34-35, Daniel 9:24).

Gagamitin ng Diyos ang ispiritu ni Elias sa propetang Kanyang ipapadala sa atin upang sa gayon ay maipanumbalik ang ating mga puso sa ating mga magulang sa pananampalataya, sa tinaguriang ***Apostolic Faith.***





## LIMANG BESES NA GINAMIT NG DIYOS ANG ESPIRITU NI ELIAS

Nalalaman mo ba na ang espiritu ni Elias ay limang beses na ginamit ng Diyos sa Biblia? Totoo po iyon. Iyan ay nakatala mismo sa Banal na Kasulatan.

**1. Unang dumating si Elias bilang si Elias mismo**, batay sa **1 Mga Hari 18:38**, kung saan siya nama'y kinuha ng Panginoon paakyat sa langit sa pamamagitan ng ipu-ipo at karwaheng nag-liliyab sa apoy (**2 Mga Hari 2:11**).

**2. Pangalawang pagdating ni Elias ay** nang ang kanyang ispiritu na nagtatataglay ng dobleng kapangyarihan ay lumipat kay **Elisha** na kanyang masugid na tagasunod at siya niyang pinagpasahan ng kanyang balabal, ayon sa **2 Mga Hari 2:15.**

**3. Pangatlong pagdating ni Elias ay nang ang kanyang ispiritu ay lumukob kay Juan Bautista.** Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga apostol ang ganito sa **Mateo 17:12-13**~ *"Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, na naparito na si **Elias**, at hindi nila siya nakilala, kundi ginawa nila sa kaniya ang anomang kanilang inibig. Gayon din naman ang Anak ng tao ay magbabata sa kanila. Nang magkagayo'y napag-unawa ng mga alagad na si **Juan Bautista** ang sa kanila'y sinasabi Niya."*

**4. Ang pang-apat na pagdating ni Elias ay nasasaad sa Malakias 4: 5-6b** na nagsasabing, *"Narito, aking susuguin sa inyo si **Elias** na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon. At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang."* Yaon po ay sa tagpong bago pa dumating si Cristo sa Pag-agaw (***Rapture***) upang kanyang

tawagin ang Kanyang Nobyang hinirang mula sa mga lahing Gentil at upang maipanumbalik ang kanilang pananampalataya mula sa *credo at dogma* tungo sa purong Salita ng Diyos. Iipunin ng Diyos ang Nobya ni Cristo mula sa iba't-ibang dako ng mundo sa pamamagitan ng isang SIGAW (***Midnight Cry***). Ito'y ang sigaw ng Kanyang propeta na tinutukoy sa **Mateo 25:6** – *"Datapuwa't pagkahating gabi ay may* ***sumigaw****, 'Narito, ang Kasintahang Lalake! Magsilabas kayo upang salubungin Siya. Datapuwa't ang matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan*."

Ang propetang ito ay siya ring **ikapitong anghel** na maghahayag ng lahat ng naitagong lihim ng Diyos ayon sa Apocalipsis 10:7, at siya ring mensahero ng Diyos sa Iglesiang ***Laodicea*** (Apoc. 3:14) na siyang inutusang ilabas ang mga hirang ng Diyos mula sa pagiging bulag, dukha, maralita, at hubad, at mula rin sa pagiging maligamgam, patungo sa mainit na paglilingkod sa Diyos. Ang mensahero ding ito ang siyang magpapalaya sa mga hinirang mula sa mga sistema ng AntiCristong relihiyon: *"At narinig ko ang ibang* **tinig** *na mula sa langit, na nagsasabi, 'Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot"* (Apocalipsis 18:4).


Ang propetang ito ay siya ring makalupang anghel na isinugo ng Diyos upang maghayag ng lahat ng mga naitagong lihim na napapaloob sa **Pitong Tatak** ng **Apocalipsis 5. Apocalipsis 10:7**~ "*Kundi sa mga araw ng tinig ng* **ikapitong anghel,** *pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang* ***hiwaga*** *ng Diyos, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga* ***propeta***." Ito ang mensaherong propeta na ipinangako sa ating kapanahunan kung saan aking hinango ang mga paksang aking tinatalakay sa kabuuan ng aklat na ito.





**5. Ang panglimang pagdating ni Elias ay nasasaad sa Apocalipsis 11** kung saan siya'y magbabalik na kasama ni propeta **Moises** (ang dalawang saksi) sa Israel matapos na maganap ang Pag-agaw ng Nobyang Gentil ni Cristo (1 Tesalonica 4:16-18); ito'y sa tagpong ***Tribulation Period.*** Siya'y isusugo upang kanilang tawagin naman ang 144,000 na hirang mula sa bayang Israel pabalik sa pagkakilala kay Cristo bilang sariling nilang Mesias. Ipakikilala nila sa bansang Israel na si Jesus Cristo ay ang siyang tunay at totoo nilang Mesias. At sila'y tatanggap nang muli sa Panginoon dahil sa sila'y nabulagan lamang sa mga nagdaang panahon upang tayong mga Gentil ay makapasok sa kaharian ng Diyos (Roma 11:25). Sila'y tinukoy sa **Apocalipsis 11:3,4,6**~ "*At may ipagkakaloob Ako sa aking dalawang saksi, at sila'y magsisipanghulang isang libo at dalawang daan at anim na pung araw, na nararamtan ng magagaspang na kayo. Ang mga ito'y ang dalawang punong olibo at ang dalawang kandelero, na nangakatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa. Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara ng langit, upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula (Elias): at may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo (Moises), at mapahirapan ang lupa ng bawa't salot sa tuwing kanilang nasain.*"

## ANG PROPETANG MENSAHERO NG IGLESYANG LAODICEA



Linggid sa kaalaman ng publiko, natupad na ang mga hulang ito ng **Malakias 4:5-6** at **Apocalipsis 10:7** sa buhay ni **William Marrion Branham,** isang simpleng mangangaral ng Diyos na pinahiran ng Espiritu Santo upang

dalhin ang sakdal na Mensahe ng Huling Kapanahunan sa ating henerasyon.

Si **William Marrion Branham** ay ipinanganak sa Kentucky, USA, noong ika-6 ng Abril, 1909. Subali't siya'y yumao na't kinuha na ng Panginoon noong ika-24 ng Disyembre, taong 1965.

Sa kanyang kapanganakan ay tumambad ang isang Liwanag sa loob ng silid na kung saan ang sanggol na si William ay iniluluwal ng kanyang inang si Ella. Nasaksihan ito ng hilot na nagpaanak kay Ella sa tila baga hugis-kalapati na dumapo sa bintana ng barung-barong ng pamilyang Branham.

Isang araw, sa murang edad ni William, habang si William ay nakaupo sa ilalim ng isang *Poplar Tree,* ay may isang tinig na nangusap sa kanya at sinabing, "*Huwag kang iinom ng alak, ni maninigarilyo man, o kaya'y lalapastanganin man ang katawan mong iyan, sapagka't may gawain Akong nakaatang para sa iyo paglaki mo.*" Ito'y ikinagulat ng batang si William at karakadaka'y siya'y kumaripas ng takbo papauwi sa bahay na humahagulhol dahil sa sobrang panginginig at takot.

Si William Branham ay nagsimulang mangaral ng Ebanghelyo ni Cristo noong taong 1931. Pagsapit ng ika-11 ng Hunyo, taong 1933, habang si William ay nagbabautismo sa Ilog Ohio ng kanyang ika-labimpitong *convert*, isang Liwanag ang muling nagpakita sa gitna ng mga tao at sa kanya'y sinabi, *"Kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang ipagpauna ang unang pagparito ni Cristo, ikaw din ay isinusugo upang ipaghanda ang Kanyang pangalawang pagdating!"* Nailathala ang kaganapang ito sa *Jeffersonville Evening News* na may pamagat na "*Mysterious Star Appears Over Minister While Baptizing*".

Buwan ng Mayo, taong 1946, nang kanyang subuking





saliksikin ang bumabalot na hiwaga sa kanyang pagkatao. Nagpaalam siya sa kanyang asawa't anak at siya'y pumaroon sa ilang at sa loob ng isang kuweba'y doon siya'y taimtim na nanalangin. Inabot siya roon ng gabi, at habang siya'y patuloy na nananalangin, isang anghel mula sa Diyos ang tumambad sa kanyang harapan at nagwikang, "*Huwag kang matakot. Ako ay isinugo buhat sa presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat upang sabihin sa iyo na ang iyong kakaibang kapanganakan at di-naunawaang buhay ay nangyari upang ipahiwatig na ikaw ay magdadala ng isang kaloob ng banal na pagpapagaling sa mga tao ng sanglibutan. Kung ikaw ay magiging tapat sa iyong pananalangin at makuha mong papaniwalain ang mga tao sa iyo, walang makakahadlang sa iyong panalangin, wala, maging ang kanser. Paparoon ka sa maraming bahagi ng daigdig at mananalangin para sa mga hari at mga pinuno at mga makapangyarihan. Mangangaral ka sa mga napakaraming tao sa buong mundo at libo-libo ang lalapit sa iyo para sumangguni.*"

## PANDAIGDIGANG PAGMINISTERYO NI WILLIAM BRANHAM

Natupad nga sa buhay ni William Branham ang komisyong ito ng anghel. Libu-libong mga himala ang naitala sa buong mundo mula 1947 hanggang 1965 kung saan ang mga lumpo ay nakalakad, ang mga bulag ay nakakita, ang mga patay ay nangabuhay na mag-uli, at anumang uri ng karamdaman (maging kanser man o leukemia) ay lahat na napagaling, sa pamamagitan ng pananalangin ni William Marrion Branham.

Nang lumaganap ang balita patungkol sa sobrenatural na kaloob na ito ni William Branham, halos lahat ng sekta't denominasyon sa America at sa Canada ay nangumbida sa kanya upang mangaral at magpanalangin sa mga maysakit sa kanilang mga naglalakihang auditorium. Sa Jonesboro, Arkansas, noong

ika-12 ng Hunyo, 1947, ay umabot halos sa 20,000 katao mula sa 25 estado ng Mexico ang dumalo sa kanyang mga pagtitipon. Isang sanggol na idineklara nang patay mula sa isang ospital sa Mexico ang kanyang napanalanginan at muli itong nabuhay.

Sa Helsinki, Finland naman ay may isang batang nasagasaan ng kotse't namatay sa tabi ng kalsada; at sa pananalangin ni William Branham ay muli itong bumangon at nabuhay sa Pangalan ni Jesus.

Sa Durban~South Africa naman, doo'y umabot sa halos kalahating milyong katao ang dumalo sa kanyang krusada at halos mapuno ng taong maysakit ang lugar na karerahan (*Race Track)* ng Durban kung saan ginanap ang miting. 300,000 katao mula dito ay nanggaling pa sa iba't-ibang mga paganong



Durban, Africa Revival meetings

tribu ng Africa. Lahat ng ito'y tumanggap sa Cristianismo nang masaksihan nilang nakalakad ang isang batang ipinanganak nang lumpo mula pagkabata at sa pananalangin at sa pagpatong





ng kamay ni William Branham dito, ito'y nakalakad. Halos pitong *truck* ang napuno ng mga saklay at mga *wheelchair* na napag-iwanan ng mga pasyenteng gumaling sa krusadang ginanap sa Durban, Africa, ang naitala roon.

Naikot din ni Kapatid na Branham ang India, Alemanya at Europa, kung saan libu-libong mga tao ang tumanggap kay JesuCristo bilang sarili nilang Panginoon at Tagapagligtas dahil sa mga nasaksihan nilang himala na kaakibat ng ministeryong ito ni William Branham. Si William Branham ang siyang itinuturing na "*father of divine healing*" *at* "*father of pentecostal revival*" sa ating kapanahunan.

Tayo nga ay sadyang dinalaw nang muli ng Diyos ngayon sa pamamagitan ng isang propeta. Namalas ng buong mundo ang mga tanda't kababalaghan, mga himala at kagalingan, at higit sa lahat, ay napakinggan ng mga hinirang ng Diyos ang isang mahalagang Mensahe na kanyang dinala upang ihanda ang Nobya ni Cristo sa nalalapit na Pag-agaw. Sa totoo lang, lahat halos ng inyong nababasa't natuklasan sa mumunting aklat na ito ay hango mula sa kanyang 1,200+ na mga sermon at pangangaral.

**ANG HALIGING APOY**

Ang larawan sa sumusunod na pahina kung saan makikita ang haliging Apoy sa may ulo ni Rev. William Branham ay nakasabit ngayon sa bulwagan ng *Library of Congress sa Washington D.C.* Ito ay natatanging larawan kung saan nakunan ng isang *mechanical* na camera ang isang supernatural na Liwanag. Ang larawang ito ay nakunan noong Enero taong 1950 sa Houston, Texas, USA, kung saan si William Branham ay nangangaral ng Salita ng Diyos.

Sa naturang larawan na kuha ng Douglas Studios ay may lumitaw na "*halo*" sa ulonan ni Reverend Branham. Ito'y sinuri mismo ng batikanong lupon ng FBI sa pangunguna ni George Lacy, *examiner* ng mga *questioned documents*. Napatunayan ni Ginoong Lacy na hindi peke o ni dinoktor man ang letratong ito kundi mayroon talagang liwanag na tumama sa negatibo ng kamerang ginamit sa pagkuha.



Matapos ang masusing imbestigasyon, inisyuhan ito ng *Certificate of Authenticity* ng FBI at mismong si Ginoong Lacy ay nagwika kay Kapatid na Branham ng ganito: "Reverend Branham, mamamatay kang katulad ng karaniwang mortal, subali't ang larawan mong ito ay mananatiling patotoo sa mga darating pang henerasyon na totoo nga ang Cristianismo."

Napatunayan din ng mga iskolar ng Biblia na ang haliging Apoy nga na ito ay siya ring **Apoy** na bumaba sa ulonan ng mga apostol sa Araw ng **Pentecostes**, at siya ring Apoy na nag-ukit ng **Sampung Utos** sa mga tipak na bato sa panahon ni propeta **Moises**. Siya rin ang Apoy na lumantad kay Pablo patungong Damascus kung saan sinabi nito na "*Ako's si Jesus na iyong pinag-uusig*" (Mga Gawa 9:1-5).

Siya ring Apoy naman ang nagpalaya kay Pedro papalabas ng bilangguan sa Mga Gawa 12:7. Siya pa rin ang Apoy na nanguna sa mga anak ng Israel papalabas ng Ehipto tungo sa Lupang Pangako. Ang Apoy na ito ay kasa-kasama pa





rin natin ngayon bilang patunay na *"Jesus Christ is the same, yesterday, today and forever"*(Hebrews 13:8).

**ANG MAHIWAGANG ULAP**

Isang **mahiwagang ulap** naman ang nakunan ng larawan sa himpapawid noong ika-28 ng Pebrero, 1963 sa Arizona, USA. Ang ulap na ito ay nailathala sa *Life Magazine* sa kanilang May 17, 1963 issue at sa *Science Magazine* naman sa kanilang April 19 issue, taong 1963. Tinatayang ang ulap na ito ay may taas na 26 milya at may lapad na 30 milya. Ito'y nasa *altitude* na kung saan ay wala nang ulap pa ang maaaring mabuo, ayon sa pagiimbistiga ng siyensya, dahil ito'y nasa labas na ng ating atmosperia.



Linggid sa kaalaman ng lahat, ang ulap na ito ang siyang naging kaganapan ng pangitain ni Rev. William Branham na kanyang binanggit sa kanyang pangangaral sa Branham Tabernacle, Jeffersonville, Indiana, kung saan siya ay nagpapastor dalawang buwan bago pa man ito naganap. At nang dumating nga ang ika-28 ng Pebrero, 1963, si William Branham ay pumaroon sa bundok ng Arizona kung saan natupad at nagkatotoo ang kanyang pangitain. Pitong anghel mula sa presensya ng Diyos ang sa kanya'y kumatagpo't nagpakita at siya'y iniangat ng mga ito't kinausap sa kalawakan. Ibinigay ng pitong anghel sa kanya ang kapahayagan ukol sa mga hiwaga't lihim na napapaloob sa **Pitong Tatak** (*Seven Seals*) na bumabalot naman sa mga hiwaga ng **Pitong Kulog** (*Seven Thunders*) na pawang nasusulat lahat

sa Aklat ng Apocalipsis Kabanata 6, 7, 8, at 10. Pitong mahahalagang mensahe ang ipinagkatiwala sa kanya ng mga anghel upang maipaabot ang mga ito sa mga hirang ni Cristo tungo sa ating ikasasakdal.

At nang lisanin ng pitong anghel si William Branham ay saka nabuo ang bakas ng mahiwagang ulap na ito sa papawirin ng Arizona na kung ating itatagilid ang larawang ito sa kanan ay maaaninag natin ang hugis ng mukha ng Panginoong JesuCristo. Ang ulap na ito ang siyang naging kaganapan ng **Apocalipsis 1:13** na nagsasabing, *"Na kagaya ng Anak ng tao, ang Kanyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niyebe."* "*At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng Tao na paparitong nasa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian*", ayon din sa Lucas 21:27-28.

Kinomisyon ng Diyos si William Branham upang ilahad sa atin ang mga naitagong lihim ng pitong tatak (*Seven Seals*) sa Biblia na noo'y ipinakita kay propeta Daniel at kay Apostol Juan datapuwa't di sa kanila ipinasulat. Sa buhay nga ni William Branham natupad ang pagiging mensahero ng Apocalipsis 10:7 at bilang ang propetang ipinangako sa Malakias 4:5-6.

Kinatagpong muli tayo ng Diyos sa ating kapanahunan gaya ng Kanyang ginawa sa kapanahunan ng unang Exodo. Naritong muli at kapiling natin ang ulap, ang haliging apoy, at ang isang propeta. At higit sa lahat ay narito rin ang isang Mensahe ng Kaligtasan na magdudulot sa atin ng *rapturing faith.*





*"At ang Panginoon ay nangunguna sa kanila sa araw, sa isang haliging **ulap**, upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi, ay sa isang haliging **apoy,** upang tanglawan sila; upang sila'y makapaglakad sa araw at sa gabi"* (**~Exodo 13:21).**

Tayo ngayo'y nasa Pangatlong Exodo. Ang Unang Exodo ay ginampanan ni propeta Moises papalabas mula sa Ehipto. Ang Pangalawang Exodo ay ginampanan naman ng Panginoong Jesus Cristo nang Kanyang ilabas ang mga mananampalataya mula sa Judaismo tungo sa Cristiyanismo. Sa Pangatlong Exodo, tayo'y inilalabas ngayon ng Diyos mula sa denominasyonalismo na siyang "Tatak ng Hayop" (*Mark of the Beast*) tungo sa Mensahe ng Huling Kapanahunan.

## ANG TATLONG HATAK

Ang ministri ni William Branham ay binubuo ng tatlong bahagi o tatlong hatak (***Three Pulls***) na hango naman sa kaparehong ministri ng ating Panginoong JesuCristo.

Sa Juan 14:12 sinabi ito ni Jesus, *"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagka'y Ako'y paroroon sa Ama."*

Ang Unang Hatak (*First Pull*) ay "*healing*" o pagpapagaling. Ang Pangalawang Hatak (*Second Pull*) ay "*prophesying*" o paghuhula na pawang nagkakatotoo. At ang Pangatlong Hatak (*Third Pull*) ay "*Opening or Revealing of the Word*" o paglalantad ng mga hiwaga't lihim na napapaloob sa Banal na Kasulatan.

Sa ganito ring paraan isinakatuparan ni **Lord Jesus Christ** ang kanyang pagministeryo. Ipinaulit lamang Niya ito sa kanyang huling mensahero upang makilalala natin na Siya

nga ang kinakatawan ng mensaherong ito.

Ang *First Pull* ng Panginoong Jesus ay ang gawaing "pagpapagaling sa mga maysakit." Marcos 16:17-18, *"At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan, mangagsasalita sila ng mga bagong wika, at kung magsiinom sila ng mga bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makakasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling."* Ito'y ginampanan din ng huling mensahero.

Ang *Second Pull* ay ang "paghahayag ng mga saloobin ng mga tao" (Juan 4:17-18). Kanyang napagsasaliksik ang kaisipan ng mga tao kagaya ng ihayag ni Jesus sa mga Pariseo't Saduceo at sinabing "*magagara't mapuputi ang inyong mga damit panlabas na gaya ng maputing nitso subali't ang loob nito'y puno naman ng mga buto at bangkay.*" Nangyari din sa ministri ni Kapatid na Branham na kanyang nababasa ang isipan ng mga tao, at nalalaman niya ang kanilang mga pangalan, at maging ang kanilang mga nagawang kasalanan sa buhay.

At ang *Third Pull* naman ay pumapatungkol sa pangangaral ng Kanyang malalalim na doktrina na sumasa-wata sa mga tradisyon at turo ng mga Pariseo't Saduceo. Pansinin na ang *Third Pull* ang siyang naging pangunahing dahilan kung bakit iniwanan ng nakakarami Niyang tagasunod si Jesus. Liban sa labindalawang apostol ay mayroon pa siyang pitumpong disipulo (Lucas 10:17). Nangatisod ang mga ito nang ituro ni Jesus na "*Maliban na kainin ninyo ang Aking laman at inumin ninyo ang Aking dugo ay walang buhay sa inyo*" (Juan 6:53). "*Dahil dito'y marami sa kanyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa Kanya*" ayon sa Juan 6:66.

At bakit naman kaya sila tumalikod? Ito'y dahil sa hindi kasi nila lubusang naarok ang hiwagang inilahad ni Jesus patungkol sa "*pagkain ng laman at pag-inom ng dugo*". Karnal





ang kanilang pang-unawa kung kaya't sila ay natisod. Inakala nilang magiging mga *cannibal* at *bampira* sila kapag ginawa nila ang bagay na yaon. Datapuwa't bagama't mahirap unawain ang bagay na yaon, nanatili pa rin sa kanya ang 12 apostoles, bagama't ang isa roon ay si Judas. Kahit hindi nila lubusang napag-unawa ang mga bagay na iyon, ay nagpatuloy pa rin sila sa pagsunod kay Jesus dahil kumbinsido at nakatitiyak sila na totoo at tapat ang pananalitang yaon ng kanilang Panginoon. *"Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, 'Ibig baga ninyong magsialis din naman?' Sinagot siya ni Simon Pedro, 'Panginoon, kanino kami magsisiparoon? Ikaw lang ang may mga Salita ng buhay na walang hanggan. At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Diyos*" (Juan :67-69).

Sa ganuon ding sitwasyon nahaharap ang bawat isa sa atin ngayon. Marami na ang nakapakinig at nakakabasa ng Mensaheng ito na galing sa Diyos subali't ang karamiha'y tisod na tisod sa mga katuruang gaya ng "*Serpent Seed*", "*Predestination*", "*One God = One Person*" at "*Water Baptism in the Name of Jesus Christ*". Ito'y patunay lamang na nakatago nga sa mata ng pantas at matatalino ang mga nahayag na katotohanang ito. Tanging ang mga hinirang ng Diyos lamang ang makakaunawa at makakatanggap nito.

Ang karaniwang habol lamang kasi ng mga tao noon kay Jesus ay ang makakain at mapagaling lamang sa kanilang mga karamdaman (*First Pull only*). At ang iba naman ay ang matunghayan lamang nila ang mga kababalaghang kaakibat ng Ebanghelyo ni Cristo (*Second Pull only*). Datapuwa't pagdating sa malalalim na kapahayagan o *Third Pull Ministry*, marami na ang natisod at hindi nakapagpatuloy. Nauulit lang muli ang kasaysayan. Tanging ang mga totoong hinirang lamang ng Diyos ang pinagbigyan ng kakayahang makaunawa at makapagpatuloy hanggang sa *Third Pull Ministry* ngayon. Ang Mensaheng ito sa Huling Kapanahunan ay itinago mula sa mata at unawa ng mga teologo. Ang Mensaheng ito ay di

hamak na itinatakwil ng mga bulag na taga-akay ng bulag at ng mga pinuno ng organisadong relihiyon ngayon na kagaya ng mga Pariseo at Saduceo sa kanilang kapanahunan. Madalas nila itong tawaging kulto, gaya ng kung paaanong tinawag din nila si Jesus bilang *Beelzebub* sa Kanyang henerasyon.

Subali't dito sa Mensaheng ito nakasalalay ang tunay na Pag-agaw sa Nobya ni Cristo sa kadahilanang ito ang Bato ng Kapahayagan na tinukoy ni Jesus sa **Mateo 16:18**~ *"At sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo ko ang aking Iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya."* Muling naulit ang kaganapang ito sa ministeryo ng propetang Kanyang ipinadala sa ating kapanahunan kung saan ginampanan niya ang katuparan ng Lucas 17:30~ *"Sa araw na ang Anak ng Tao ay mahayag nang muli"*. Ang "Anak ng Tao" ay pumapatungkol sa isang gampaning pangka-propeta (*prophetic office)*.

## VISIONS AND PROPHESY

Nagkaroon ng pitong pangitain si William Branham sa taong 1933 at ang anim dito'y pawang naganap na at nagkatotoo. Ang mga *vision* na yaon ay ang mga sumusunod:

(1) Nakita niya ang pagiging diktador ni Mussolini sa Italy bago pa ito nangyari; (2) Nakita din niya ang pag-ahon ni Hitler sa kapangyarihan nito sa Germany; (3) Ipinakita rin sa kanya ng Panginoon ang Ikalawang Digmaaang Pandaigdig bago pa ito naganap; (4) Ipinakita rin sa kanya ang pagbangon ng Fascism, Nazism at Communism, na mauuwing lahat sa Communism; (5) Ang *amazing advancement* sa *science* kung saan ang mga sasakyan ay maghuhugis-itlog at patatakbuhin ng *remote control* ay ipinakita rin sa kanya ng Panginoon; (6) Ang pagbagsak ng moralidad na sumesentro sa mga malalaswang kasuutan ng mga kababaihan ay nahayag na rin sa kanya noon pa; at (7) Ang pagbagsak at pagsabog ng bansang America, at ang "paglubog ng *Los Angeles* sa karagatan dulot ng isang malakas na lindol" ay ipinakita na rin sa kanya.





## ILANG MGA PATOTOO NG MGA KILALANG MINISTRO UKOL KAY WILLIAM MARRION BRANHAM

Naririto ang ilang pahayag at salaysay ng iilang kilalang ministro patungkol kay Reverend William Branham:

Ito ang pahayag ni **REV. TOMMY OSBORN** - *"God has chosen diverse and mysterious ways to reveal Himself to His servants especially those called for dispensational purposes as was Brother Branham's call. In short, the man we know as William Branham was sent to demonstrate God again in flesh."* (William Branham Memorial Service).

Ito naman ang pahayag ni **REV. JAMES MORRIS** - *"It was Branham, more than any other evangelist, who started the post-World War-II fundamentalist healing revival following his encounter with an angel on May 7, 1946. Word radiated in every direction that all manner of diseases and afflictions were healed instantly by the little Indiana preacher. Even cases of raising the dead were published"* (The Preachers).

At ito ang pahayag ni **REV. GORDON LINDSAY** - *"Never had we known of any preacher calling deaf, mutes and blind people to pray for, and then to see those people delivered on the spot... a ministry that was beyond any that we had before witnessed"*(The House that the Lord Built).

Ito rin ang pahayag ni **REV. JACK MOORE** - *"The most gifted of all the evangelists."* (All Things Are Possible book by David Harell, Jr.)

At maging si **ORAL ROBERTS** ay nagpatotoo kay William Branham- "*A humble devout man of God.*" (Healing Waters, July 1948)

## 1,200+ SERMONS NI WILLIAM BRANHAM: AVAILABLE PARA SA LAHAT NG NOBYA NI CRISTO

Mula taong 1947 hanggang sa taong 1965 ay nagkaroon ng humigit kumulang sa 1,200+ sermons ang nai-*record* sa wikang Ingles mula sa mga pangangaral ni Rev. William Marrion Branham. Ito'y nasa mga *magnetic tapes, booklets, MP3 formats* at iilang natatanging *video.* Sa sinomang nagnanais magkaroon ng ilang libreng kopya ng mga sermon ni ***William M. Branham*** ay maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa may-akda ng babasahing ito o sa ***Voice of God Recordings*** (www.branham.org) na may opisina sa 019 St. Mary St., Bgy E.Rodriguez, Cubao Quezon City, PH-Telepono-3763253.

# Ang Kapahayagan Ng Aklat na May Pitong Tatak

**Apocalipsis 5:1**~ *"At nakita ko sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan ang isang Aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak."*




**Apocalipsis 6:1**~ *"At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko, gaya ng tunog ng kulog, ang isa sa apat na nilalang na buhay na nagsasabing, Halika at tingnan mo."*

Mababasa natin sa Banal na Kasulatan na ang Diyos ay mayroong isang aklat na natatatakan ng pitong mga selyo na tinatanganan ang pitong natatagong mga hiwaga ng Diyos na nailihim sa lahat ng mga kapanahunan. Ano nga ba ang kahalagahan ng aklat na ito para sa ating mga Cristiano?

Sa Lumang Tipan ay ipinakita ng Diyos kay propeta Daniel ang Aklat na ito subali't siya'y sinabihan ng Diyos na tatakan ang mga salitang yaon hanggang sa panahon ng kawakasan. Ang mga nilalaman ng Aklat na ito ay nakita't narinig din ni San Juan sa Aklat ng Apocalipsis Kabanata 10 subali't kinailangang ang duguang Cordero ang siyang magbukas nito.

Sa maniwala kayo o sa hindi, ang pitong mga tatak na ito ay nakalag na at ang mga hiwagang naroroon ay hayag na





ngayon sa pamamagitan ng ministeryo ni William Branham. Gayunpaman, tanging ang mga taong itinalaga lamang ng Diyos ang may kakayanan na unawain ang mga nilalaman ng Aklat na ito. Ito ay inilihim sa mga di-mananampalataya. Sinabi ito ni Jesus sa Mateo 11: 25: "*Ako'y nagpapasalamat sa Iyo, Oh Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, na Iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag Mo sa mga sanggol. Oo nga, Ama, sapagka't gayon ang nakalugod sa Iyong paningin.*"

Ang dahilan kung bakit ang Aklat na ito ay nahayag ngayon ay upang ihanda ang mga hirang ng Diyos para sa ikalawang pagparito ng Panginoon. Kung ang iyong pangalan ay nakasulat sa Aklat na ito, tiyak na ikaw ay makikinig sa panawagang ito at iyong sasaliksikin ang mga hiwagang napapaloob dito upang makatiyak ka sa iyong "pagkahirang at pagkakatawag" (2 Pedro 1:10).

**ANG AKLAT NA MAY PITONG-TATAK**

Ang Aklat na may pitong-tatak ay iniharap kay Juan sa **Apocalipsis 5: 1-7**, "*At nakita ko sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan ang isang AKLAT na may sulat sa loob at sa labas, na tinatakang mahigpit ng PITONG TATAK. At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, sino ang karapatdapat MAGBUKAS ng AKLAT, at MAGTANGGAL ng MGA TATAK nito?*

*At SINOMAN sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man. At ako'y umiyak na mainam, sapagka't hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas at bumasa ng Aklat, o makatingin man.*"

*"At sinabi sa akin ng isa sa mga matatanda, Huwag kang umiyak: narito, ang LEON sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David, ay nagtagumpay upang MAGBUKAS ng AKLAT, at*

*MAGTANGGAL ng PITONG TATAK nito. At nakita ko, at, narito, sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang CORDERO na nakatyo na wari ay pinatay, na may pitong sungay at pitong mata, na siyang PITONG Espiritu ng Dios na sinugo sa buong lupa. At SIYA'Y lumapit at KINUHA ang AKLAT sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan."*

Sa gitna ng mga simbolismong ito, ay mapagpapasyahan natin na ito'y walang iba kundi ang ating Panginoong Jesus Cristo na siyang tinutukoy dito bilang Duguang Cordero, ang Ugat at Anak ni David, at ang Leon sa angkan ni Juda. Siya ang kumuha sa AKLAT mula sa luklukan ng Ama. Si Jesus lamang ang karapatdapat na kumuha at mag-angkin sa Aklat na ito at magtanggal sa mga tatak nito, "*At sila'y nangagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't Ikaw ay pinatay, at binili mo sa Dios ng Iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan, at wika, at bayan, at bansa."* (Apoc. 5:9)

Ang Aklat na ito ay siyang aklat na binawi ng Diyos mula sa kamay nina Adan at Eba sa Halamanan ng Eden nang piliin nila na makibahagi sa Puno ng Pagkaalam ng mabuti at masama sa halip na manatiling kasama ng Punongkahoy ng Buhay. Nilalaman ng Aklat na ito ang mga pangalan ng lahat ng hinirang ng Diyos sa lahat ng kapanahunan, yaong mga pinili at itinalaga kay Cristo bago pa naitatag ang sanglibutan ayon sa Apocalipsis 13:8, at silang mga tunay na nasasaklaw ng pagtutubos ng Diyos.

Sila rin ang siyang ipinapangusap sa Roma 8: 29-30: *"Sapagka't yaong mga nang una pa'y Kaniyang nakikilala, ay itinalaga din naman Niya na maging katulad ng larawan ng Kaniyang Anak, upang Siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid. At saka yaong mga itinalaga Niya, ay Kaniya namang tinawag sila: at ang mga tinawag ay inaring-ganap*





*naman Niya: at ang mga inaring-ganap, ay niluwalhati din naman Niya."* Ang Aklat na ito ay kilala rin bilang ang "Aklat ng Buhay ng Cordero" *(Lamb's Book of Life)*.

Ang Aklat na ito ay tinagurian ding Aklat ng Katubusan (*Book of Redemption*) na siya namang naglalaman ng mga pangalan ng lahat ng mga ililigtas na hirang ng Diyos. Ang Aklat na ito ay tinawag ding "Titulo ng Daigdig (*Title Deed of the Earth*) na siya namang pinakakasulatan ng pag-aari sa buong sangkalupaan na dati'y tangan-tangan ito nina Eva't Adan noong sila ay hindi pa nahuhulog sa pagkakasala. Sa Aklat na ito ay napapaloob ang mga kayamanang mamanahin ng bawat matapat na Cristiano sa darating na bagong langit at lupa.

**ANG PANGITAIN NI DANIEL**

Nakita ng propetang si Daniel ang pangitain ng Aklat na ito subali't pinagsabihan siya ng Diyos na tatakan ito hanggang sa panahon ng kawakasan~ *"Ngunit ikaw, Oh Daniel, ISARA mo ang mga salita, at TATAKAN mo ang AKLAT, hanggang sa panahon ng KAWAKASAN: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.*

*At aking narinig, nguni't di ko naunawa: nang magkagayo'y sinabi ko, Oh Panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito?*

*At sinabi Niya, Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel: sapagka't ang MGA SALITA ay NASARHAN na at NATATAKAN hanggang sa PANAHON ng KAWAKASAN"* (Daniel 12: 4,8,9).

**SI JUAN AT ANG MALAKAS NA ANGHEL**

Nakita at narinig mandin ni Apostol Juan ang mga mensahe na napapaloob sa natatakang Aklat na ito sa anyo ng "pitong kulog" subali't hindi rin ipinasulat ang mga

pakahulugan nito sa kanya. Kanya ring napagmasdan ang nabuksang AKLAT na ito ng Cordero na dala-dala naman sa lupa ng isang Malakas na Anghel sa Apocalipsis 10.

**Apocalipsis 10: 1-4**, *"At nakita ko ang ibang Malakas na Anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang ulap: at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy: At may isang Maliit na AKLAT na BUKAS sa kaniyang kamay: at itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at kaniyang kaliwa ay sa lupa, At sumigaw ng malakas na TINIG, na gaya ng LEON na umaangal: at pagkasigaw niya, ay PITONG KULOG ay UMUGONG. At pagkaugong ng PITONG KULOG, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang TINIG na mula sa langit na nagsasabi, TATAKAN MO ang mga bagay na sinalita ng PITONG KULOG, at HUWAG mo silang ISULAT."*

Ang hula't pangyayaring ito ay naganap nga sa ating kapanahunan, sa taong 1963. Noong Pebrero 28, 1963, doon sa Arizona, U.S.A., ang pagparito ng Malakas na Anghel na ito ay nangyari. Isang Mahiwagang Ulap, kung saan ipinapakita ang mukha ni Jesus Cristo, ang nabuo mula sa isang konstelasyon ng pitong mga anghel, na siyang pitong espiritu ng Diyos, na nagpakita kay Rev. William Marrion Branham sa anyo ng isang hugis-singsing na Ulap. Ang pitong anghel na ito ay dumating mula sa presensya ng Diyos na ipinapahayag kay William Branham ang natatagong mga hiwaga ng mga PITONG TATAK na tinatakan sa panahon pa ni Daniel upang ipaalam sa mga tao ng Diyos ang tungkol sa sakdal na kalooban ng Ama sa paghahanda para sa paparating na paghahari ni Jesus Cristo ng isang libong taon sa ibabaw ng lupa.

Gayun nga ang nangyari na habang iniwan ng pitong anghel si Kapatid na Branham na sila ay naghugis bilang mahiwagang ulap na itinampok ng *Life Magazine* sa kanilang lathalain noong Mayo 17, 1963, at sa *Science Magazine* sa





kanilang lathalain noong Abril 19, 1963. Sa orihinal na larawang limbag ay inihayag ang buong mukha ng Panginoong Jesus Cristo habang ang larawan ay minasdan mula sa kanang panig na anggulo *"katulad ng Anak ng Tao, ang Kaniyang ulo at ang Kaniyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe"* (Apocalipsis 1:13).

## ANG IKAPITONG ANGHEL NA MENSAHERO

Kung ipagpapatuloy nating basahin sa mga sumusunod na talata ng Apocalipsis 10:1-7, mapapansin natin na ang Malakas na Anghel na si *Michael*, ay isinugo ng Diyos upang ipahayag ang mga hiwaga mula sa bukas na Aklat sa ikapitong anghel na siyang mensahero sa Kapanahunang Iglesia ng Laodicea. Ang ikapitong anghel na ito ay isang makalupang mensahero na pinag-utusan ng Diyos upang ganapin ang huling gawain ng pagpapahayag ng mga hiwagang nakapaloob sa mga pitong-tatak para sa ikasasakdal ng mga hinirang ng Diyos sa huling mga araw, gaya ng malinaw na naitadhana sa ika-7 talata ng Apocalipsis 10: "*Kundi sa mga araw ng TINIG ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y, GANAP NA ang LAHAT ng HIWAGA ng Diyos ayon sa mabubuting balita na Kaniyang sinaysay sa Kaniyang mga alipin na mga propeta.*"

Sinabi ni Jesus kay Juan na kanyang ipadala ang Aklat na ito sa pitong iglesia sa Asya ayon sa **Apocalipsis 1:11**: *"Ang iyong nakikita, ay isulat mo sa isang **aklat,** at ipiadala mo sa pitong iglesia na nangasa Asya; sa **Efeso**, at sa **Smirna**, at sa **Pergamo,** at sa **Tiatiria**, at sa **Sardis**, at sa **Filadelfia**, at sa **Laodicea**."* Akin nang natalakay sa nakaraang kabanata na ang pitong anghel na ito na mga napag-utusan ng Diyos ay mga pitong kalalakihan na isinugo sa buong pitong kapanahunan ng iglesia upang magdala ng kapaliwanagan ng mensahe sa bawat kapanahunan.

Ang unang anghel o mensahero sa iglesia ng Efeso ay si San Pablo. Ang ikalawang anghel sa Smirna ay si Irenaeus. Ang ikatlong anghel sa Pergamo ay si San Martin. Ang ikaapat na anghel sa Tiatiria ay si Columba. Ang ikalimang anghel sa Sardis ay si Martin Luther. Ang ikaanim na anghel sa kapanahunan ng iglesiang Filadelfia ay si John Wesley. At ang ikapitong anghel sa Laodicea ay walang iba kundi si William Marrion Branham.

**ANO ANG NILALAMAN NG MGA TATAK NA IYON?**

Narito't iyong tunghayan ngayon ang isang maikling buod ng kung ano ang nilalaman na mga hiwaga ng mga PITONG TATAK ayon sa pagkakapangaral sa atin ni Rev. William Marrion Branham.

**ANG UNANG TATAK – ANG NAKASAKAY SA MAPUTING KABAYO**

Sa **APOCALIPSIS 6:1-2** ay ipinapaliwanag ang pagbubukas at ang mga nilalaman ng Unang Tatak:

*"At nakita ko nang BUKSAN ng Cordero ang isa sa mga TATAK, at narinig ko, sa isa sa APAT NA NILALANG NA BUHAY, na nagsasalitang gaya ng TUNOG ng KULOG, 'Halika at TINGNAN MO'. At tumingin ako, at narito, ang isang KABAYONG MAPUTI: at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang putong: at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtagumpay."*




Pakipunahin na sa unang APAT NA MGA TATAK na babanggitin, ay dito napapaloob ang mga kaganapan na nangyari sa loob ng panahon





ng pitong kapanahunan ng Iglesyang Gentil hanggang sa ating kasalukuyang panahon. Ang APAT na espirituwal na NILALANG NA BUHAY na siyang nag-aanunsyo ng pagbubukas sa unang mga apat na tatak ay ang (1) LEON, (2) ang GUYANG BAKA, (3) ang MUKHA ng isang TAO, at (4) ang LUMILIPAD NA AGUILA. Ito ang apat na kapangyarihan ng Diyos na sumasawata sa kapangyarihan naman ng apat na mangangabayo ni Satanas sa buong pitong kapanahunan ng Iglesyang Gentil.

**Apocalipsis 4:7~** "*At ang unang nilalang ay katulad ng isang* **leon,** *ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang* **guyang baka,** *at ang ikatlong nilalang ay may mukhang katulad ng sa* **isang tao**, *at ang ikaapat na nilalang ay katulad ng isang* **agilang lumilipad**." Ibinangon ng Diyos ang mga nilalang na ito upang hadlangan ang kapangyarihan ng apat na mangangabayo, na si Satanas mismo, na tumatakbo sa buong pitong kapanahunan ng iglesia.

**ANG NILALAMAN NG UNANG TATAK**

Ang UNANG TATAK ay nangungusap patungkol sa PANDARAYA ni Satanas. Oo, ang "Maputing Kabayo" ay sumisimbolo ng isang "pagpapanggap sa Cristiyanismo." Maraming mga teologo sa buong mga kapanahunan ang nag-aakala na itong mangangabayo na nakasakay sa maputing kabayo ay sumisimbolo sa Espiritu Santo na dumarating sa iglesia. Subali't ang kapahayagan sa ikapitong anghel ay nagpapatunay na sila ay mali. Ang mangangabayo ng Maputing kabayo ay si Satanas, at nakasakay siya na taglay ang kaniyang bulaang mga katuruan sa pamamagitan ng "mga bulaang propeta at mga bulaang taga-pagturo upang dayain ang pinaka-hirang kung maaari" sa unang kapanahunan ng Iglesya (Mateo 24:24).

Pansinin na ang mangangabayong ito ay may dalang

"pana", subali't wala siyang "palaso." Ipinapakita lamang nito na siya ay isang "nagkukunwari." Isa siyang manlilinlang at isang bulaan. Pansinin din naman na siya ay "kinoronahan." Ang "paglalagay ng korona" ay tumutukoy sa pagtatatag sa "*Mga Gawa ng Mga Nicolaita*", isang puwersa na nagdala ng pinaghalong mga doktrina at kredo na ipinasok sa tunay na iglesia ng Diyos ng mga bulaang tagapagturo sa panahon ni Pablo. Ang salitang "Nicolaita" ay isang Griegong salita na hango mula sa "Nikao", na nangangahulugang "upang bihagin", at "Laos", na nangangahulugang ang "mga karaniwang tao." Ito ay nangyari nang ang mga politiko ay nagsimulang dumihan ang iglesia at ipalaganap ang "herarkiyang" tao ang namumuno sa tao". Pinasok ng mga lalaking makasalanan (mga ganid na lobo na nakasuot ng damit tupa) at kanilang sinakop ang iglesia ng Diyos sa pamamagitan ng pagtuturo ng "mga kredo at tradisyon."

Kinapopootan ng Diyos ang ganitong makataong pamamaraan; Apocalipsis 2:6-*"Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan Ko naman."*

Tulad na ang lahat ng Israel ay HINDI Israel, gayun din naman na ang lahat ng mga Cristiyano ay HINDI lahat totoong mga Cristiyano. Sa ganito ay malalaman natin na ang iglesia ay binubuo sa dalawang mga puno, ang totoo at ang bulaan. Ang dalawang mga puno ay nauudyukan ng dalawang uri ng mga espiritu; ang isa ay taglay ang Espiritu Santo samantalang ang isa ay puspos ng espiritu ng Anti-Cristo. Tulad lamang ng ipinakita sa atin ng propeta na ang 'AntiCristo' ay nangangahulugang 'laban-sa-Salita' dahil si Cristo ay ang Verbo o Salita kung kaya itong mga bulaang propeta ay dumating na pinipilipit ang Salita, at binigyan ito ng isang kahulugan na umaangkop sa sarili nilang maka-demonyong mga motibo.

Ang buong panahon ng Unang Tatak ay tumutuloy






sa ministeryo ni Apostol Pablo noong siya ay nagsimulang mag-ministeryo sa mga Gentil na kung saan nagsimula ang Kapanahuang Iglesiang Efeso. Ang Mangangabayo ng Maputing Kabayo ay dili't iba kundi ang espiritu ng ANTICRISTO, na nagdala ng panggagaya ng Katotohanan, na sinisikap na dayain ang mga hinirang kung maaari lamang.

Ang masamang puwersa ng Mangangabayo ng Maputing Kabayo ay nilabanan ng Espiritung LEON mula naman sa Diyos. "Leon", na siyang unang buhay na nilalang na nagpahayag sa pagbubukas ng unang tatak, ito'y nangangahulugan ng "KATAPANGAN ng pangangaral ng Ebanghelyo." Ang makapangyarihang espiritung ito ay naiparating sa pamamagitan ni apostol Pablo, upang hadlangan ang puwersa nitong mangangabayo ng maputing kabayo. Malinaw na si Pablo ay walang takot sa pangangaral ng Ebanghelyo. Kanyang sinaway at sinawata ang lahat na nag-aangking mga Cristiyano subali't mga huwad. Ang katapangang ito ni Pablo ay malinaw sa kaniyang pangangaral sa Mga Taga Galatia 1:8-*"Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang ebanghelyo na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakuwil."*

**ANG IKALAWANG TATAK – ANG NAKASAKAY SA PULANG KABAYO**




**APOCALIPSIS 6:3-4-** *"At nang buksan niya ang ikalawang tatak, ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi, Halika at tingnan mo. At may lumabas na ibang kabayo, na KABAYONG MAPULA: at ang nakasakay na dito , ay pinagkaloobang mag-alis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan*

*ang isa't isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.*"

Sa IKALAWANG TATAK ay ipinahayag ang isang MANGANGABAYO NG MAPULANG KABAYO. Iyon ay siya pa ring mangangabayo na si Satanas din mismo na nagpapalit lamang ng kabayo mula sa "Maputi" patungo sa "Mapula." Ito ang sumunod na hakbang ni Satanas na siyang katuparan ng hula kung saan ang mga Cristiyano ay uusigin ng dahil sa kanilang pananampalataya, na gaya ng nasusulat sa Mateo 24:9 na nagsasabing, "*Kung magkagayo'y ibibigay kayo sa kapighatian, at kayo'y papatayin: at kayo'y kapopootan ng lahat ng mga bansa dahil sa Aking pangalan.*"

Ang "MAPULANG" Kabayo ay sumasagisag ng pagtutuligsa at kapighatian na idinulot ng "***Holy Inquisition***". Iyon ang panahon nang simulan ng Iglesyang Romano na tuligsain at usigin ang mga Kristiyano. Milyon-milyon sa mga Kristiyano ay sinunog, ipinakain sa mga leon, at labis na pinahirapan hanggang kamatayan ng Iglesyang Romano Catoliko, na maging si Joan of Arc at San Patrick ay kabilang dito.

Gaya ng naitala sa kasaysayan, mula sa panahon ni San Augustine noong 300 A.D. hanggang sa A.D. 1850, 68 milyong mga Protestante ang pinagpapatay ng Iglesyang Romano Catoliko ng dahil lamang sa di-pagsang-ayon sa kanilang mga credong aral. Ito yaong panahon nang si Satanas ay sumakay sa "Mapulang Kabayo" upang pagpapatayin silang lahat sa tabak ng kapighatian.

Ang pangalang, Cristiyano, na sa una ay nagdala ng pagtutuligsa, ngayon ay naging pangalan na ng mga manunuligsa. Sa kapanahunang ito na kung saan si Augustine ng Hippo (354-430 AD) ay nagtakda ng utos na ang iglesiang Romano ay kinakailangang gumamit na ng dahas kung kinakailangan upang mapabalik ang kaniyang mga anak sa kanilang kawan at pagpapatayin ang mga erehe at ang mga





nagsitalikod sa kanilang sistema. Nakasulat sa Schmucker's "*The Glorious Reformation,*" na "Mula sa panahon ni San Augustine ng Hippo ay ipinatupad ang pasyang ito sa iglesiang Catoliko, kung saan binuksan nito ang pintuan upang patayin ang lahat ng taong gugustuhin nila na tumanggi sa iglesiang pagano. At mula sa panahon ni San Augustine, halos tatlong daang taon pagkalipas ni Cristo hanggang 1850, sa malawakang walang-awang pagpatay sa Ireland, ay mayroong walumpo't-anim na milyong mga Protestante ang pinatay ng iglesiang Catoliko." Iyan ay naitala sa martiryolohiya ng Roma.

Gayun pa man habang pinagpapatay ni Satanas ang mga Kristiyano sa pamamagitan ng relihiyong Romano sa mga kapanahunang Smirna, Pergamo, at Tiatiria, ang kaniyang masamang kapangyarihan ay hinadlangan ng Diyos sa pamamagitan ng mas-mataas na sagisag – ang ikalawang BUHAY NA NILALANG ng Diyos, ang GUYANG BAKA – na siyang espiritu ng isang "hayop ng pasanin, isang hayop ng sakripisyo."

Ang mga banal sa panahong ito ay kusang-loob nilang ibinigay ang kanilang mga buhay para sa Ebanghelyo maging anuman ang kahahantungan nito. Naibigay sa mga Kristiyano sa kapanahunang ito na kanilang taglayin ang espiritu ng "GUYANG BAKA", upang pasanin ang "pasanin ng sakripisyo" hanggang kamatayan. Bagama't sila ay tinuligsa, labis na pinahirapan, sinunog, ipinakain sa mga leon, sila pa rin ay may lakas ng loob at naging mga tapat hanggang kamatayan. Kanilang ipinagkaloob ang kanilang sariling buhay ng may kagalakan alang-alang sa Salita ng Diyos. Tunay na ang MAPULANG KABAYONG ito ay isang diablong sabik sa dugo. Ang HEBREO 11: 36-38 ay nangungusap patungkol sa mga banal sa kapanahunang ito – *"At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman: Sila'y pinagbabato, pinaglagari,*

*pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak…"*




**ANG IKATLONG TATAK-**
**ANG NAKASAKAY SA ITIM NA KABAYO**

**APOCALIPSIS 6: 5-6**-"*At nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong nilalang na buhay, na nagsasabi, Halika tingnan mo. At tumingin ako, at narito , ang isang KABAYONG MAITIM; at yaong nakasakay dito ay may isang TIMBANGAN sa kaniyang kamay. At narinig ang gaya ng isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; at huwag mong ipahamak ang langis at alak."*

Ang IKATLONG TATAK ay nagpapahayag ng pagparito ng isang NAKASAKAY SA KABAYONG ITIM. Si Satanas ay hindi nasiyahan sa pagtutuligsa lamang sa mga Kristiyano. Dito sa tagpong ito ay pinalitan niya ang kaniyang kabayong muli mula sa Mapula patungo sa Itim. Ipinapakilala niya ang isang bagong paraan ng pagpiga sa mga buhay ng mga Kristiyano sa Kapanahunang Sardis at Filadelfia.

Ang kulay na "ITIM" ay isang kulay na nagpapahiwatig sa "kasakiman at pagmamalabis" ng Iglesyang Romano Catoliko. Ang Iglesya Catoliko ay nagsimulang magpapabayad ng pera para sa kanilang mga novena at naningil ng pera para pagliligtas ng mga kaluluwa mula sa Purgatoryo, (pansining walang Purgatoryong turo ang Biblia). Pinagkakitaan nila ang relihiyon sa panahong ito. Ang Romanong papa ay nagsimulang magbenta ng "mga indulhensiya" sa mga mayayamang indibidwal upang mapatawad sa mga krimeng gagawin pa





lamang nila. Kanilang inialok ang mga katungkulan sa iglesia na kapalit ng mga ari-arian, ginto at lupain. Ito ay siyang sumasagisag sa "ISANG TIMBANGAN" na hinahawakan sa kamay ng nakasakay sa Kabayong Itim.

Ang iglesyang Romano ay nagsimulang magtamo ng mga ari-arian mula sa mga tao kapalit ng espirituwal na mga kapakinabangan. Ang lahat ng ito ay nagpapaliwanag sa mga katagang "ISANG DENARIO PARA SA ISANG TAKAL NG TRIGO, at isang denario para sa tatlong takal ng sebada." Ang iglesyang Romano ay nagsimulang timbangin ang mga kalakal na makukuha niya mula mga tao at ginawa ang kaligtasan na isang napakamahal na "paninda." Ginawa nilang isang malaking negosyo ang relihiyon at nangagturo ng mga kredo at paniniwala mula sa mga kaisipan ng tao sa halip na mula sa purong Biblia lamang. Itinuro nila na ang mga tao ay maliligtas lamang sa pamamagitan ng "mga gawa" at "pagsunod" sa mga kuro-kuro ng iglesyang Catoliko, kaysa sa pagsampalataya sa Salita ng Diyos.

Gayon man sa kapanahunang ito, ang mga tao ng Diyos ay hindi maaaring madaig. Ang Diyos ay itinaas muli ang mga sagisag ng mga totoong Kristiyano sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng espiritu ng isang "TAO".

Ang "Tao" ay napagkalooban ng "karunungan at kaalaman." Ang tao ay "matalino." Kung kaya sa kapanahunang ito ay pinasimulan ang KAPANAHUNAN ng mga "REPORMADOR." Ito ang "Kapanahunan ng Repormasyon" na siyang pinangunahan ni Martin Luther. Isang PINTUANG BUKAS ang inilagay ng Diyos sa harapan ng mga Kristiyano sa kapanahunang ito upang maituro ang Cristiyanismo sa buong sanglibutan na taglay ang katotohanan ng Biblia. Sinasabi ng **Apocalipsis 3:8,** "*Narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas , at di mailalapat ng sinoman: sapagka't ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang Aking salita,*

*at hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan."*

Ito rin naman ang panahon ng "paghihiwalay ng iglesya at pamahalaan" kung saan ito ay isinabatas. Nagbigay daan ito sa para sa repormasyon ng iglesia sa pamamagitan ng mga kalalakihan na puspos ng Espiritu Santo. Ito rin naman ang kapanahunan nang maimbento ang "pang-imprenta" sa Alemanya sa pamamagitan ng isang tao na kilala bilang si Gutenberg. Nagbigay daan ito para mailimbag nang muli ang mga Biblia upang magbigay daan para mailabas ang katotohanan.

Ang kapanahunang ito ay siyang kapanahunan ni Martin Luther, na isang paring Catoliko na tinutulan ang Iglesya Romano Catoliko sa pamamagitan ng pagbubunyag ng mga pang-aabuso nito at ng mga bulaang katuruan nito sa pamamagitan ng kaniyang "*95 thesis.*" Pinangunahan niya ang pag-iimprenta ng mga Biblia sa kapanahunang ito at kanyang ipinakilala ang aral ng "pag-aaring-ganap," na tinuturuan ang mga tao na "*ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya*" (*The just shall live by faith*).

Ang kapanahunang ito ay siya ring kapanahunan ni John Wesley, na siyang nagdala ng katuruang "pagpapaging-banal" o "kabanalan" sa iglesia ng buhay na Diyos (*sanctification*).

Ang iba pang bantog na mga evangelista na lumitaw sa kapanahunang "TAO" ay sina Knox, Calvin, Moody, Sankey, Finney, at marami pang iba. Sa pamamagitan ng mga taong ito ay lubos na nailantad ang mga kawalang-katarungang turo ng Iglesyang Catoliko at kanilang ibinunyag ang mga kahangalan ng kanilang mga credo. Tunay na, "*huwag mong sasaktan ang aking pinahiran*" ang siyang mensahe na mayroon ang Diyos para sa mga DIABLO. Ang mga talatang "*huwag mong sasaktan ang langis at alak*" ay mayroong espirituwal na pakahulugan – ang "Langis" ay nangangahulugan ng "pamahid" ng Espiritu Santo na ibinigay ng Diyos sa mga repormador na ito, samantalang ang "alak" ay nangahulugang "pagbibigay-sigla ng kapahayagan"





na naranasan ng mga kalalakihang ito sa pagkakilala at sa paghahatid ng katotohanan sa kanilang kapanahunan.

## ANG IKAAPAT NA TATAK – ANG NAKASAKAY SA KABAYONG MAPUTLA

**APOCALIPSIS 6:7-8-** *"At nang buksan Niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay, na nagsasabi, Halika at tingnan mo. At tumingin ako, at narito ang isang KABAYONG MAPUTLA: at ang nakasakay dito ay may pangalang KAMATAYAN, at ang Hades ay sumusunod sa kaniya. At sila'y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng salot, at ng mga ganid na hayop sa lupa."*




Ipinahayag ng Ikaapat na Tatak ang isang Nakasakay sa Kabayong Maputla. Ito ang huling pangangabayo ni Satanas sa panahon ng pitong mga kapanahunan ng iglesiang Gentil.

Ang kulay na "Maputla" ay dili't iba kundi ang paghahalo ng "puti, pula, at itim." Ito ay ang pinagsamang mga puwersa ng kapangyarihan ni Satanas sa pinaghalong PUTI (panlilinlang), PULA (pagtuligsa), at ITIM (espirituwal na kagutuman) sa IISANG KABAYO. Ito'y ang AntiCristo na naging isang bulaang propeta, na sumasakay sa kaniyang huling landas ~ ang kaniyang huling yugto na hahantong sa "Tatak ng Hayop" (*Mark of the Beast*) na magaganap sa ating kapanahunan mismo ngayon.

Pansinin na ang "*Kamatayan at Hades ay sumunod sa kaniya*." Ito ay nangungusap ng kapuwa likas at espirituwal na kamatayan. Ang tanggapin ang kaniyang mga katuruan,

mga paniniwala at kredo, ay nangangahulugang kamatayan o "walang-hanggang pakikipaghiwalay" sa Diyos.

Ang tabak, gutom, salot, at kamatayan ay siyang dala-dala ni Satanas upang lipulin ang mga tao ngayon sa kaniyang huling sakay, na siyang katuparan ng MATEO 24:7- "*Sapagka't magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian: at magkakagutom, at mga salot, at lilindol, sa iba't ibang dako.*"

Ang NAKASAKAY SA KABAYONG MAPUTLA ay nakasakay ngayon sa ating kapanahunan mismo, na pinapamahalaan ang mga politika, hukbo, ekonomiya at relihiyon. Si Satanas ang "pangulo ng kapangyarihan ng hangin."

EFESO 6:12 - "*Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadiliman ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa [mga dakong] kaitaasan.*"

Ang "mga dakong kaitaasan" ay nangangahulugan ng mga pamumuno, mga pamahalaan, mga bansa at mga kaharian sa mundo ngayon. Di baga't inialok ni Satanas kay Jesus ang mga ito kung magpapatirapa lamang Siya sa harapan ng Diablo sa Mateo Kabanata 4?

Datapuwa't ang Diyos ay hindi madadaig ni Satanas. Ang Diyos sa huling kapanahunang ito, ay Kaniyang itinaas ang sagisag minsan pa sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kaniyang mga anak ng kapangyarihan para mapagtagumpayan ang mga kasamaan ng Nakasakay sa Kabayong Maputla. Ibinigay ng Diyos sa mga Cristiyano sa kapanahunang ito ang kapangyarihan ng "LUMILIPAD NA AGILA"- ang espiritu ng "propesiya." Ito ay ang espiritu at kakayanan na ibinigay sa mga mga mananampalataya ng panahon ngayon upang saliksikin





ang malalalim na mga kapahayagan ng Diyos hanggang sa sila ay mapuspos ng Espiritu Santo at makayanag "lumipad" sa darating na Pag-agaw! Ito ay ang kapanahunan natin, kaibigan ko, ang Kapanahunan ng Agila.





**ANG IKALIMANG TATAK – ANG MGA KALULUWA SA ILALIM NG DAMBANA**

**APOCALIPSIS 6: 9-11** –"*At nang buksan Niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga KALULUWA ng mga PINATAY dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumasakanila: At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa? At binigyan ang bawat isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap*

*ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin, na gaya nila."*

Ipinahayag ng IKALIMANG TATAK ang MGA KALULUWA SA ILALIM NG DAMBANA.




Ang mga ito ay ang mga Hudyo na nangamatay sa ilalim ng kalupitan nila Hitler, Stalin, at Mussolini sa panahon ng Pamumuksa sa mga Hudyo *(Jewish Holocaust*) noong ikalawang digmaang pandaigdig. Mababasa natin sa mga talatang ito na sila ay humihingi ng katarungan at sumisigaw para sa paghihiganti laban sa kalupitan na kanilang tinanggap mula sa mga diktador na ito nang sila ay pagpapatayin at labis na pinarusahan sa mausok na mga silid (*gas chambers*) at sa mga hanay ng pagbabaril. Oo, sila'y nanghawakan sa "Kautusan ni Moises," na siyang Salita ng Diyos para sa kanila. At dahil sa patotoo na taglay nila bilang mga "Hudyo," sila ay pinagpapatay at minartir at sila nga ang tinutukoy na "*ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana*."

Ang mga kaluluwang ito na minartir sa panahong ng World War 2 ay totoong mga Hudyo, at ang kanilang pangalan ay nasa Aklat ng Buhay, at namuhay sa Hudaismo ng tugmang-tugma; sila ay minartir ni Eichmann at ng marami pang iba. Pinatigas ng Diyos ang mga puso ng mga diktador na ito para patayin ang mga Hudyong ito, katulad ng pagpapatigas ng Diyos sa puso ni Faraon sa panahon ng dakilang Paglabas ng mga Hudyo sa Ehipto.

Bakit nangyari ang bagay na ito? Dahil sa kanilang pagkabulag noon, kung saan minartir nila ang sarili nilang





Mesias, at narito inaani nila ang kanilang itinanim. Sila ay nagkasala ng pagpatay, kung kaya't sila ay pinatay din. Matatandaan natin na ang mga Hudyong ito ay sumisigaw sa panahon ni Jesus ng, "Ipako Siya sa krus! Mapasa amin ang Kaniyang dugo at sa aming mga anak." At narito sila, inani nga nila ang kanilang sinabi.

Gayunma'y ipinangako sa kanila ng Diyos na maghintay pa ng kaunting panahon habang ang kanilang dalawang propeta na sina Moises at Elias ng Apocalipsis kabanata 11 ay dumating sa bayan ng Israel. Sa pamamgitan ng dalawang propetang ito ay tatawagin ang kanilang mga kapatiran, ang 144,000 na mga Hudyo na dapat na matawag papalabas mula sa Hudaismo pabalik sa totoong Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ito'y magaganap sa panahon ng kapighatian, bago maipaghiganti ng Diyos ang kanilang dugo laban sa kanila na nagsipatay sa kanila. Ang huling paghihiganti ng Diyos para sa kanila ay magaganap sa panahon ng Digmaang Armagedon kapag ang Diyos ay makipaglaban na para sa Israel at para sa mga nalalabing mga Hudyo laban sa mga bansang Russia, Iran, at mga Arabo na sasalakay sa Israel, kasama ang dakilang Patutot at kanyang mga anak sa darating na Pangatlong Digmaang Pandaigdig (Apocalipsis 19: 11-16).

Ang mga kaluluwang nasa ilalim ng Dambana ay hindi po ito mga Cristiano; sila'y mga Hudyo. Dahil sa ang Cristiano ay likas na mapagpatawad sa kapwa at marunong umibig sa kanyang kaaway. Ang mga kaluluwang ito ay humihingi ng ganti. Isang katangian kasi ng mga Hudyo ay ang lumaban ng ngipin sa ngipin, mata sa mata (*Eye for an eye, tooth for a tooth*), kaya't masasabi kong sila nga ay mga totoong Hudyo, silang nasa ilalim ng dambana sa ikalimang tatak na nabuksan.

## ANG IKAANIM NA TATAK – ANG PANAHON NG KAPIGHATIAN

**APOCALIPSIS 6: 12-17** – "*At nakita ko nang buksan Niya ang ikaanim na tatak, at, narito, nagkaroon ng malakas na LINDOL; at ang ARAW ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buong BUWAN ay naging gaya ng DUGO; at ang mga BITUIN sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinambulat ang kaniyang mga bungang bubot, pagka hinahampas ng malakas na hangin. At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawat bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan. At ang mga hari sa lupa, at ang mga prisipe, at ang mayayaman, at ang mga pangulong kapitan, at ang mga makapangyarihan, at ang bawat alipin, at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; at sinabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero: Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng Kaniyang kagalitan; at sino ang makakatayo?*"




Ang ikaanim na tatak ay may tatlong kaganapan. Una, ito ay ang PANAHON NG KAPIGHATIAN, ang paglilinis sa buong kalikasan upang ihanda ang daigdig sa panibagong langit at lupa. Pakakawalan ng Diyos ang mga matitinding lindol, mga malalaking daluyong, mga pagsabog ng bulkan, mga sandatang nukleyar, upang linisin ang lupa bilang paghahanda para sa darating na isang-libong taon na paghahari ni Jesus Cristo.

2 Pedro 3: 10,12-"*Datapuwa't darating ang araw ng*





*Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawing masusunog… na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init? Ang "mga matuwid ay yayapakan ang mga abo ng mga masama*" pagkatapos ng tagpong ito.

Pangalawa, ito ang paglilinis mandin sa mga MANGMANG NA MGA DALAGA (*foolish virgins*) ng Mateo 25. Ang mga mangmang na birhen ay yaong mga Cristiyano na mga maiiwanan sa kapighatian at hindi nakasama sa pag-agaw. Nabigo silang pakinggan ang Mensaheng ito sa Huling Kapanahunan at di sila nakatanggap ng "LANGIS" (bautismo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagtakwil sa Mensaheng ito), kung kaya't sila ay napag-iwanan, nananangis at manggagalit ang kanilang mga ngipin. Sila ay tutugising gaya ng mga aso ng AntiCristo at pahihirapang lubha hanggang kamatayan sa panahon ng Dakilang Kapighatian (*Great Tribulation Period*) dahil sa kanilang pagtanggi na matatakan ng 666. Kailangan nilang ibubo ang kanilang sariling dugo upang matamo nila ang kanilang kaligtasan sa tagpong ito.


Ikatlo, ang ikaanim na tatak ay ang siyang pagtawag sa 144,000 na mga Israelita pabalik sa totoong Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Kapagka ang Diyos ay natapos na sa atin at naagaw na ang Iglesyang Gentil, Siya ay babalik nang muli sa mga Hudyo at Kanyang bubuksan ang kanilang mga mata sa totoong Ebanghelyo ng kaligtasan. Susuguin ng Diyos ang Kaniyang dalawang propeta, sina Moises at Elias (ang 2 puno ng olivo ng Apocalipsis 11), upang tawagin ang mga hinirang ng Israel, at nang maipapangaral sa kanila si Jesus at nang matanggap nila Siya bilang kanilang Mesias. Ang kaganapang ito ay magiging katulad noong si Jose ay magpakilala nang muli sa kaniyang

sariling mga kapatid na nagkanulo sa kanya sa Ehipto. Sa gayon ding tagpo magpapakilala sa 144,000 si Jesus sa Kanyang pangalawang pagbabalik. Ipapakita Niya sa kanila ang pilat ng pako sa Kanyang mga kamay at paa habang sila ay nananaghoy na may mga luha sa kanilang mga mata at nakasuot ng kayong magaspang dahil mapagtatanto nila na si JESUS CRISTO nga na kanilang ipinako sa krus ang tunay at totoong Mesias ng mga Hudyo.

**ANG IKAPITONG TATAK – ANG PANGALAWANG PAGPARITO NG PANGINOON**

**APOCALIPSIS 8: 1**- *"At nang buksan Niya ang ikapitong tatak, ay nagkaroon ng katahimikan sa langit na may kalahating oras."*

Nang ang IKAPITONG TATAK ay mahayag, ipinahayag nito ang isang MALAKAS NA ANGHEL na bumababang may isang BUKAS NA AKLAT (Basahin ang Apocalipsis 10: 1-6), at nagkaroon ng katahimikan sa langit na may kalahating oras. Nagkaroon ng KATAHIMIKAN sa langit sapagka't wala doong anghel na nag-aawitan sa kadahilanang si Cristo ay nanaog sa lupa sa panahong ito na dinadala ang BUKAS NA AKLAT. Kanyang inihahatid sa ikapitong anghel na mensahero ng Diyos ang mga hiwagang napapaloob dito upang maipangaral ito sa kanyang Nobyang hinirang sa panahon ng Laodicea.




Mula sa isang duguang CORDERO, Siya ay nagbago ng anyo tungo sa isang LEON na umuungal, na ipinahahayag ang hiwaga ng mga "pitong kulog" sa Kanyang propeta.

Ibinigay sa atin ni Kagalang-galang na Branham ang kaalaman na ito patungkol sa kung ano ang mga "PITONG KULOG":

*"Ngayon ang mensaherong ito ng Malakias 4 at Apocalipsis 10:7 ay may gagawing dalawang bagay. Isa: Ayon sa Malakias 4 ay papagbaliking-loob niya ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga magulang. Pangalawa: Ipahahayag niya ang mga hiwaga ng mga* ***pitong kulog sa Apocalipsis 10 na siyang mga `mga kapahayagang nakapaloob sa mga pitong tatak****.' Ang mga hiwagang-katotohanang ito na dakilang naipahayag ang siyang tunay na magbabalik-loob sa mga puso ng mga anak tungo sa mga magulang na Pentecostal. Ganoong-ganoon nga."*(~WMB, Laodicean Church Age.)

Ipinangaral ni Reverend Branham na "*Ang Aklat na may Pitong-Tatak ay nahayag sa panahon ng mga Pitong Kulog ng Apocalipsis 10*" (The Breach). Kung gayon, ay masasabi natin na ang APOCALIPSIS 10 ay siyang IKAPITONG TATAK~ang pagbaba ni Cristo sa papamagitan ng sigaw, tinig at pakakak.

Ang mga pitong kulog, samakatuwid, ay ang mga "hiwagang-katotohanan" na nakapaloob sa mga PITONG TATAK. Ito ang mga hiwagang-"katotohanan" na magdadala ng pananampalatayang pag-agaw sa iglesia. Ang pitong mga tatak ay mga talukbong lamang ng Aklat, subali't ang nasa loob na mga nilalaman ng mga tatak na iyon ay ang siyang mga pitong kulog, gaya ng pagkakasalaysay sa atin ng propeta.

Mapagtitibay natin ngayon kung gayon na ang unang "hiwagang-kulog" ay ang nahayag na katotohanan ukol sa "Nakasasakay sa Maputing Kabayo." Sino ang nakasasakay na ito sa maputing kabayo? Noon, ang akala natin na iyon ay ang Espiritu Santo. Subali't ngayon, matapos na ang mga tatak ay nangabuksan na, ay nalalaman natin na iyon ay ang espiritu ng Anti-Cristo na nakoronahan bilang isang doktrina ng mga Nicolaita. Iyan ang "hiwagang-katotohanan" sa likod ng unang tatak.

Ang ikalawang hiwagang-kulog ay ibinunyag kung sino ang "Nakasasakay sa Mapulang Kabayo."

Ang ikatlong hiwagang-kulog ay ipinahayag naman kung sino ang "Nakasakay sa Kabayong Itim."

Ang ikaapat na hiwagang-kulog ay ipinahayag naman kung sino ang "Nakasakay sa Kabayong Maputla."

Ang ikalimang hiwagang-kulog ay ipinahayag naman kung sino ang "mga Kaluluwa sa Ilalim ng Dambana."

Ang ikaanim na hiwagang-kulog ay ipinahayag naman ang "Panahon ng Kapighatian."

At ang ikapitong hiwagang-kulog ay ipinahayag naman ang "pagparito ng Panginoon" sa kaganapan ng Apocalipsis 10, kung saan ito ang siyang pagbaba ng Dakilang Anghel sa lupa sa anyong alapaap (Feb 28, 1963), at ang pagsusugo sa ikapitong anghel upang mabuksan ang mga lihim at hiwaga ng pitong mga tatak at pitong kulog. Ito rin ang panahon kung saan ang Nobya ni Cristo na gaya ni Juan ay kinain ang Aklat na bukas na dala ng Anghel, at ito'y naging matamis sa kanyang bibig subali't ito'y naging mapait sa kanyang sikmura. Gaya ng Mensaheng ito; napakainam itong pag-usapan, subali't kaaakibat nito ang mga pag-uusig at mapait na pagtutuligsa.

Ang Ikapitong Tatak ay isa rin namang panahon na sinalita sa Lucas 17:30, *"Sa mga araw na ang Anak ng Tao ay muling mahayag."* Ang ANAK ng TAO ay bumaba upang maglingkod sa Kaniyang Nobya sa lupa sa pamamagitan ng katawan ng isang propeta. Ang ikapitong tatak ay nagsimulang mangyari noong 1963 at ito'y nagpapatuloy na nangyayari hanggang ngayon, sapagka't ang Diyos ay patuloy pa ring hinahanap ang kahuli-hulihang binhi na nahirang na ang kaniyang pangalan ay nasusulat sa Aklat ng Katubusan.

Katulad sa mga araw na bago sunugin at wasakin ng apoy ang Sodoma at Gomorrah, ang Diyos ay pumaroon kay Abraham sa pamamagitan ni Melchizedek, upang ihanda sila para sa pagdating ng ipinangakong anak na si Isaac. Ngayon, ang Diyos ay bumaba rin upang katagpuin ang maharlikang





BINHI ni Abraham sa pamamagitan ng katawan ng isang propeta upang ihanda rin sila para sa pagparito ng ipinangakong Anak na si Jesus Cristo. Doon at doon lamang magaganap ang Pag-agaw kapag ang huling pangalan na nasa Aklat ng Kordero ay naihayag na't natawag na mula sa sanlibutang ito.




## PANGHULING PANAWAGAN

Ang mga kaalamang espirituwal na nabanggit sa aklat na ito ay nauuukol lamang sa katubusan ng mga hinirang ni Cristo. Layunin ng Mensaheng ito na tawagin ang mga hinirang ng Diyos papalabas sa mga sekta't denominasyon.

Kung ikaw ay kabilang sa Nobya ni Cristo, pahahalagahan mo ang babasahing ito. Subali't kung hindi ka nabibilang sa mga hinirang ng Diyos, hindi mo bibigyang-halaga ang aklat na ito.

Dalangin ko na sana'y mabuksan ang iyong mga mata mula sa pagkabulag sa katotohanan. Walang kaligtasan sa relihiyon. Na kay Cristo lamang ang kaligtasan at siya ay ang Salita ng Diyos, ang Mensahe sa Huling Kapanahunan.

Suriin mo ang mga kaganapang nabanggit sa aklat na ito, kapatid, nang upang huwag kang mapag-iwanan sa Pag-agaw. Ito na ang huling panawagan. Wala nang susunod pa. Ang Iglesyang Laodicea ay papatapos na. Ang programa ng Diyos ay ganap na. Ang trigo at ang ipa ay pinaghihiwalay na. Tumugon ka sa panawagan ni Jesus ngayon bago pa maging huli ang lahat para sa iyo. Salamat, at nawa'y pagpalain ka ng Panginoon.

# REVELATION EXPLOSION SEMINARS



Ang aming tanggapan ay nagdaraos ng mga libreng pa-seminar para sa mga nagnanais makaunawa nang higit pa ukol sa mga naipahayag na lihim ng Biblia na kagaya ng mga natalakay na sa aklat na ito. Ito po ay ginaganap sa pamamagitan ng aming "***Revelation Explosion***" *Bible Mystery Exposition Seminars* kung saan ang mga "*mystery-truths*" na napapaloob sa Banal na Kasulatan ay aming tinatalakay.

Tunghayan ang iba pang mayayamang paksa na sadyang magpapalago ng inyong pananampalataya sa pamamagitan ng aming mga *seminars,* na kagaya ng mga sumusunod na tema:

*Ang Tunay na Bautismo ng Espiritu Santo at ang Proseso ng Bagong Kapanganakan (*New Birth*)
* Ang Anim na Uri ng Tao sa Talaan ng Diyos
* Ang Kapahayagan ng Huling Pitong Pakakak
*Ang Dakilang Babilonia at ang Tatak ng Halimaw (666)
*Ang Kaganapan ng Pag-agaw at ng Araw ng Kapighatian
*Ang Milenyo at ang Araw ng Paghatol, tungo sa Bagong Langit at Lupa
*Ang Pitong Kapistahan ng Diyos para sa Bansang Israel
* Ang Tunay na "*Sabbath-Keeping*" para sa mga Cristiano
*Ang Wastong Gampanin ng *Five-Fold Ministry* sa Iglesya
*Ang Kaganapan ng Pitong Kulog (*7 Thunders*)
*Ang Pitumpung Linggo ni Daniel (*70 Weeks of Daniel)*





Sa mga nagnanais magkaroon ng ***Home Bible Study at Revelation Explosion Seminar*** sa inyong lugar ay mangyaring makipag-ugnayan sa may akda ng aklat na ito.

**Pastor Ronnie Millevo**
**End Time Message Revival Center**
58 Sammar1 Street corner Luzon Avenue,
Old Balara, Quezon City, Philippines
**Tel: 7349607, 4563857, CelPh- 09193681887**
**Email: ronmillevo@yahoo.com**
**website: www.endtimemessage.info**

Libre po ang aming mga pa-*seminar* at wala po kayong babayarang *honorarium* para sa aming mga *resource speakers.* Bagkus ang maari ninyong gawin ay inyong ihanda na lamang ang lugar na pagdadausan (venue), at pag-ambagan ang pagkain (meals/snacks) para sa inyong magiging mga *participants.* Libre din po ang aming mga *hand-outs* at *certificates of attendance.* Mabuhay po kayo at pagpalain kayo ng Diyos!

## LOCAL CHURCH MINISTRY

Kung kayo po ay nagnanais na dumalo sa *End Time Message Church* na malapit sa inyong lugar, mangyari na kontakin ninyo ang ministrong nakasulat sa ibaba:

PANGALAN :______________________________
CHURCH ADDRESS: ______________________
______________________________________
______________________________________
CELL PHONE NO. ________________________
EMAIL ADDRESS: ________________________